

# Bumangon upang Maglingkod



Ruhi Institute





Aklat 2

# Bumangon upang Maglingkod

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng binuo ng Ruhi Institute. Nilalayong gamitin ang mga aklat bilang pangunahing serye ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kakayahan ng mga kabataan at ng mga nasa hustong gulang upang mapaglingkuran ang kanilang mga pamayanan. Ang Ruhi Institute ay bumubuo rin ng isang pangkat ng mga kursong sumasanga mula sa pangatlong aklat sa serye para sa pagsasanay ng mga guro ng mga Bahá'í children's class, at gayundin ng isa pang pangkat mula sa Aklat 5 upang magbangon ng mga animator para sa mga grupo ng mga junior youth. Ang mga ito ay nakasulat din sa talaan sa ibaba. Dapat malaman na maaaring magbago angg talaan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang karagdagang mga pamagat ay idaragdag kapag ang ilang mga elemento ng kurikulum ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nangn malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong sumasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong sumasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong sumasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na mga Kahayagant* |
| Aklat 5 | *Pagpapalaya sa mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong sumasanga sa Aklat 5* |
| | *Lumalawak na Saklaw: Ang pangalawang kursong sumasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanant* |
| Aklat 7 | *Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Materyal na Yaman* |
| Aklat 12 | (paparating pa lamang) |
| Aklat 13 | *Pakikilahok sa Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | (paparating pa lamang) |

Copyright © 2007, 2021 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 2.1.2.PE published in May 2021
Printed in Philippines

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to the Bahá'í Publishing Trust of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

Bahá'í Publishing Trust of the Philippines
25 Sangley St., Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Parañaque City, Phils.
+63 2 7914 0030
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Mga Nilalaman

Ilang mga Kaisipan para sa Tutor ............. v

Ang Ligaya ng Pagtuturo ........................... 1

Mga Usapang Nagpapasigla ..................... 17

Mga Paksa ng Pagpapalalim .................... 39

# Ilang mga Kaisipan para sa Tutor

Ang aklat na ito, ang pangalawa sa pangunahing serye ng mga kurso na inihahandog ng Ruhi Institute, ay kaugnay ng mga kakayahang nagbibigay-daan upang magawa nating magkaroon ng mga usapang makabuluhan at nagpapasigla. Ang gawain ng paglilingkod na tinututukan ng aklat na ito ay inilalarawan sa pangatlong yunit. Sa isang daigdig kung saan winawasak ng malalakas na pwersa ang mga buklod ng pamayanan, napakahalaga ang kaugalian ng pagdalaw sa mga kaibigan at mga kapitbahay sa kanilang mga tahanan upang saliksikin ang mga paksang pangunahin sa pamumuhay ng lipunan. Kapag ang kaugaliang ito ay magiging isang pangunahing katangian ng kultura ng pamayanan, ito ay maaaring makalunas sa ilan sa mga sakit na ibinubunga ng paglaganap ng walang pagkakaugnay sa kapwa. Iminumungkahi ng yunit na ang mga buklod ng pakikipagkapwa na nalilikha niyon ay nagsisilbi upang patibayin ang proseso ng pagbubuo ng masigla at maayos na mga pamayanan.

Ang isang nagpapatuloy na programa ng pagdalaw sa mga tahanan sa kapit-bahayan o nayon ay nangangailangan ng isang antas ng pagsasaayos kung saan ang isang panimulang pangkat ng mga magkakaibigan ay itinataguyod ng hindi maaaring mawalang mga institusyon at mga sangay ng pangasiwaan. Sa paggabay ng isang pangkat sa pag-aaral ng aklat, kailangang tandaan ng tutor na ang mga kalahok ay inihahanda upang makibahagi sa gayong pagsisikap na isinasagawa. Ang mga pagdalaw na isinaayos para sa kanila bilang bahagi ng kanilang pag-aaral ay dapat humantong sa isang pagtatalagang makibahagi taon-taon sa pagsisikap na ito, na isang mahalagang aspeto ng isang buhay ng paglilingkod.

Ang kaugaliang dumalaw sa mga tahanan para sa tahasang layunin ng pagsasalisik sa mga paksang may kahalagahang espiritwal at panlipunan ay malinaw na nagpapayaman sa kultura ng isang pamayanan. Kasing halaga nito ang maraming talakayang di-pormal na nagaganap sa tahanan at sa trabaho, sa paaralan at sa pamilihan. Ang maipakilala ang mga simulaing espiritwal sa pang-araw-araw na mga usapan sa tuwi-tuwina, kung gayon, ay isang kakayahang dapat bigyang pansin. Ang pagpapayabong nito ay ang tinututukan ng pangalawang yunit, at sa ganitong paraan ay inilalagay ang pundasyon para sa pag-aaral na isinasagawa sa pangatlong yunit.

Upang ang ating mga usapan sa ating mga kaibigan at mga kapitbahay ay makapagpapasigla, kailangang maging maligaya ang ating mga pakikipag-ugnayan sa kanila. Ito ang paksang tinatalakay sa unang yunit "Ang Ligaya ng Pagtuturo". Sa mismong diwa nito, hinihingi ng lahat ng mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi ng Ruhi Institute ang pagbabahagi sa iba ng mga perlas ng banal na karunungang natutuklasan natin sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Nilalayon ng pag-aaral sa unang yunit na maitaas ang kamalayan sa kaligayahang likas na matatagpuan sa gawaing ito. Hinihiling sa mga kalahok sa loob ng ilang mga aralin na pag-isipan ang Salita ng Diyos at ang biyaya ng pagbabahagi nito sa iba. Iminumungkahi ng yunit na mula sa ganitong gawain ay umuusbong ang ligayang nagpapasigla sa ating mga hakbang habang tinatahak natin ang landas ng paglilingkod. Subalit kahit na ganap tayong naniniwala sa malalim na katotohanang espiritwal na ito, maaaring mawala sa

atin ang ligaya ng pagtuturo kung hindi natin pag-iisipan ang mga katangian at mga saloobing dapat magtangi sa paglilingkod. Ang mga ito ang paksa ng talakayan sa maraming kasunod na aklat sa serye, at iilan lamang ang sinusuri dito, na nagsisimula sa pagkawalay sa Bahagi 7. Ang piling mga sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í ay bumubuo sa batayan ng pagninilay-nilay sa katangiang ito, isang katangiang hindi dapat mawala upang hindi mabawasan ang ligaya ng paglilingkod dahil sa panlabas na mga kalagayan. Ang mahalaga ay hindi magwakas ang pag-aaral ng mga kalahok taglay ang maling akala na ang pagkawalay ay nagpapahiwatig ng kalayuan ng loob o ng kawalan ng malasakit. Kailangan nating patuloy na magsumikap upang patindihin pa ang ating mga pagpupunyagi at upang pahusayin pa ang bisa ng ating paglilingkod habang sinisikap nating makamtan ang patuloy na bumubuting mga kalalabasan. Ito ay nangangailangan ng sapat na pag-unawa sa katangian ng pagsisikap, ang paksang isinasaalang-alang sa Bahagi 8. Ang pag-asam sa mabuting kahihinatnan at pagiging mapagpasalamat—dalawang saloobing napakahalaga sa landas ng paglilingkod—ay tinatalakay nang maikli sa kasunod at sa huling bahagi.

Ang pangalawang yunit ng aklat, ang "Mga Usapang Nagpapasigla", ay nakatuon sa kakayahang itaas ang antas ng di-pormal na mga talakayan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga simulaing espiritwal kapag ipinahihintulot ng pagkakataon. Binubuo ito ng ilang maiikling pahayag sa iba't ibang mga paksa, na bagaman hindi eksaktong mga sipi, ay batay sa mga pananalita ni 'Abdu'l-Bahá, at kasama ang marami sa mismong mga salita at mga pariralang ginamit Niya. Nakaaakit sa lahat, ang mga ito ay tumutugon sa mga mithiin at mga alalahanin ng tao mula sa lahat ng kanilang mga pinanggalingan. Inaasahang sa pag-aaral nitong mga pahayag ay makakukuha ang mga kalahok ng inspirasyon mula sa paraan ng pagpapaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá sa mga simulaing espiritwal at matatamo nila ang kaugalian ng pagbaling sa Kaniya habang sinisikap nilang tuklasin ang mga perlas na nasa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, unawain ang kahulugan at mga ipinahihiwatig ng mga katuruan ng Kaniyang Ama, at masaganang ipamahagi ito sa mga iba.

Upang makamit ang layunin ng yunit, ang mga kalahok ay dapat bigyan ng pagkakataong balikan nang ilang ulit ang bawat pahayag, tukuyin ang pagkakasunod-sunod ng mga kaisipan, at magsanay sa pagbibigkas nito hanggang sa naisapuso na nila ang mga nilalaman nito at magagawa na nilang sabihin ito nang natural. Ang ilan, sa simula, ay isasaulo muna ang mga pahayag at uulitin ang mga ito nang halos ganoon din ng nasa yunit. Ito ay inaasahan lamang. Subalit habang lumalalim ang kanilang kaalaman sa Pananampalataya at lumalawak ang kanilang karanasan, magkakaroon sila ng mas malaking hanay ng mga paksang nilalaman at mas mayamang bokabularyo, na lilitaw sa kanilang mga ugnayan sa iba. Dapat makilala ng tutor na sa yugtong ito dalawang bagay lamang ang hinahanap: isang antas ng kahusayan sa pagpapaliwanag ng mga katuruan at ang pag-ayon sa kaisipan ni 'Abdu'l-Bahá.

Kapag natutunan nang ilahad ng mga miyembro ng grupo ang nilalaman ng bawat pahayag, nagpapatuloy sila sa kasunod na gawain, kung saan hinihimok silang iugnay ang mga ideyang pinag-aralan nila sa mga paksang pinagkakaabalahan ng kanilang mga pamilya, mga kaibigan, at mga katrabaho. Kaugnay ng layuning ito, hinihiling sa kanilang pag-isipan ang ilan sa mga paksa at mga katanungang lumalabas sa mga usapan at magpasiya kung alin sa mga ito ang magbibigay ng pagkakataong ipakilala ang mga ideya sa isang talakayan. Para sa ilang mga pahayag, ang isa o dalawang halimbawa ay binabanggit upang ilarawan kung paano nagbibigay ng liwanag ang mga simulaing espiritwal na binigkas ni 'Abdu'l-Bahá sa mga bagay-bagay na pinagkakaabalahan ng mga tao sa lahat ng dako. Ang pagsasanay na ito ay magiging higit na mabunga kung habang pinag-aaralan pa ang aklat ay tutulungan ng tutor ang bawat kalahok sa pagpili ng isa sa mga pahayag at ng dalawang indibidwal na kakausapin niya

tungkol sa mga ideyang nilalaman nito. Sa ganitong paraan, maaaring maglaan ng panahon sa tuwing nagtitipon ang grupo upang mailarawan ng mga kalahok sa isa't isa ang nagtutugunang mga puwersa sa mga usapang isinagawa na nila.

Sa bawat pahayag na nasa yunit, ang ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh ay isinama upang isaulo. Ang pagbibigay-diin ng Ruhi Institute sa pagsasaulo, na naging maliwanag na sa unang aklat sa serye, ay nagiging higit pang malinaw sa Aklat 2. Ipinapalagay na batid na ngayon ng mga kalahok ang espiritwal na sustansiyang natatamo nila sa muli't muling pagsasa-isip ng mga sipi mula sa mga Kasulatan. Sa aklat na ito, kung gayon, higit pa silang magninilay-nilay sa bisa ng mga Salita ng Diyos sa puso ng tao, at sa pangatlong yunit, tulad ng sa pangalawa, matututunan nilang isama ang mga simulain at mga ideyang matatagpuan sa mga Kasulatan sa kanilang pananalita, at kapag naaangkop, ay tuwirang bigkasin ang mga sipi. Ang maipaliwanag nang wasto ang mga katuruan, at maibigay ang mga ito sa mga iba sa dalisay nitong anyo, ay kabilang sa mga kakayahang sinisikap nating lahat na paunlarin habang tinatahak natin ang landas ng paglilingkod. Ang saligan ng balangkas sa pangalawang yunit ay mahusay na magsimula sa pag-aaral ng mga paliwanag ni 'Abdu'l-Bahá at sa pagsisikap na ilahad ang mga ito sa paraang ginawa Niya.

Tulad ng ipinahihiwatig sa naunang mga parapo, ang pangatlong yunit, na pinamagatang "Mga Paksa ng Pagpapalalim", ay tumutukoy sa gawain ng paglilingkod na pinauunlad sa aklat na ito—yaon ay, ang dumalaw sa mga kaibigan at mga kapitbahay para sa malinaw na layunin ng pakikilahok sa mga talakayang napakahalaga sa buhay ng pamayanan. Tatlong uri ng usapan ang nakikini-kinita sa yunit na ito, at para sa bawat isa ay iminumungkahi ang tiyak na nilalaman. Ang unang uri ay umiikot sa isang serye ng mga paksang dapat saliksikin kasama ang mga nakatira sa isang nayon o kapitbahayan sa isang programa ng masistemang pagdalaw. Bagaman ang nilalamang binalangkas dito ay maaaring ibahagi sa interesadong mga tagapakinig sa iba't ibang mga paraan, ang orihinal na layunin ng mga paksa—na bigyan ang mga kasapi ng isang sambahayan ng pagkakataong mapalalim ang kanilang kaalaman sa Pananampalataya—ay nananatiling ang pinakamahalagang layunin. Ang higit na malaking bahagi ng yunit, kung gayon, ay inilaan sa ganitong uri ng usapan.

Gayumpaman, ang pagsasagawa ng pagdalaw sa mga tahanan ay nagbunsod ng bagong mga gawi sa nakaraang mga taon, lalo na habang patuloy na lumiliit ang mga saklaw sa loob ng cluster tungo sa antas ng mga purok sa kanayunan at ng mga kapitbahayan sa lungsod, at nagkaroon ng pagdami ng mga indibidwal na maaaring kumilos bilang mga tutor, mga animator ng mga grupo ng junior youth, at mga guro ng mga klase para sa mga bata. Kapansin-pansing napatunayan ng gawain ang kahalagahan nito hindi lamang para sa layunin ng pagpapalaganap ng kaalaman sa Pananampalataya; napakahalaga rin nito para sa matagumpay na pamumukadkad ng mga programa para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth at para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Kaugnay nito naging malinaw na kinakailangang isagawa ng mga animator at mga guro ang regular na mga pagdalaw sa mga magulang ng mga batang nasa dalawang programa upang talakayin ang mga konsepto at mga kaparaanang humuhubog sa mga programang ito. Ang ganitong mga talakayan ang bumubuo sa pangalawang uri ng usapan, na sinusuri sa mga Bahagi 14 at 15. Ang mga nilalaman ng mga bahaging ito ay malayo pa sa pagiging malawak, dahil ang mga kalahok ay magiging mas bihasa sa dalawang programa ng edukasyon sa susunod na mga kurso. Ngunit maaaring maging lubos na mabunga para sa kanila sa maagang yugtong ito upang magkaroon ng kamalayan sa kahalagahan ng ganitong uri ng usapan at sumama sa mga guro ng mga bata at sa mga animator ng mga grupo ng mga junior youth sa pagdalaw nila sa mga magulang.

Ang pangatlong uri ng usapan na nakikini-kinita sa yunit na ito ay may napakahalagang layunin. Napakaraming bata pang mga lalaki at mga babae ang naghahanap ng mga larangan kung saan maihahayag nila ang kanilang maalab na pagnanasang makatulong sa pagpapabuti ng daigdig. Binubuo nila ang isang napakalaking imbakan ng kakayahan para sa pagbabago ng lipunan na naghihintay lamang, hindi lamang iyon, na nananabik na matawagan. Ang isang usapan sa pagitan ng mga magkaka-edad, kung saan nagninilay-nilay sila sa mga pagkakataon at mga pananagutang natatangi sa panahon ng pagiging kabataan, sa lahat ng lakas at pambihirang potensyal nito, ay madalas kaysa sa hindi na dumako sa isang talakayan tungkol sa paglilingkod at gumising ng malasakit sa gawaing isinasagawa sa mga nayon at kapitbahayan sa buong mundo. Tatanggapin ng marami sa kanila ang paanyayang makilahok sa mga kurso ng institute bilang isang paraan upang makamtan ang kakayahang makapagbigay ng espiritwal na edukasyon sa sumusunod na mga salinlahi bilang mga guro ng mga klase para sa mga bata at mga animator ng mga junior youth. Ang mga bahagi 9 at 10 ay naglalahad ng ilang mga ideyang maaaring saliksikin sa ganitong uri ng usapan.

Upang palakasin ang mga kasanayang nagbibigay-daan sa mga indibidwal upang magsimula at magpatuloy ng makabuluhang mga usapan, mangyari pa, kailangang lumampas ang yunit sa pagmumungkahi lamang ng malawak na mga paksa at ng kaukulang mga nilalaman. Bukod sa kakayahang isawika nang malinaw ang mga ideya, kailangang paunlarin ng mga kalahok ang kinakailangang mga saloobin at mga katangiang espiritwal. Ang mga ito ang batayan ng malaking bahagi ng kuwentong isinasalaysay sa yunit, ngunit ang kahalagahan ng mga ito sa mga kasanayang pinag-uusapan ay nililinaw sa Bahagi 4, kung saan pinag-iisipan ng mga kalahok kung anong uri ng mga damdamin at mga kaisipan ang dapat pumuspos sa ating mga puso at mga isipan sa paghahanda para sa isang pagdalaw, at sa Bahagi 5, kung saan nagninilay-nilay sila sa katangian ng kababaang-loob. Nanaising tiyakin ng tutor na ang mga bahaging ito ay makatatanggap ng sapat na pansin mula sa mga kalahok, dahil gaanuman karami ang kaalamang ating nakuha, gaanuman kahusay ang paglalahad natin ng mga ideya, ang pagiging mabisa ng ating mga pakikipag-usap ay nasasalalay sa mga katangian at saloobing taglay natin.

Ang mga gawain ng paglilingkod na inilalarawan sa serye ng mga aklat na ito, bagaman nasa sentro ng paglaki at pag-unlad ng isang pamayanan, higit sa lahat, ay mga elemento ng isang prosesong naglalayong itaas ang kakayahan ng indibidwal sa pamamagitan ng pag-aaral at pagkilos. Dapat mabatid ng bawat tutor na itong mga gawain ng paglilingkod ay nakasalig sa pagkakasunod-sunod, at nagiging higit at higit pang masalimuot sa bawat kasunod na aklat. Ang matutunang isagawa nang mabisa ang bawat gawain ng paglilingkod ay napatunayang napakahalaga para sa kakayahang kinakailangan upang maisagawa yaong mga sumusunod. Ang mapanatili ang nagpapatuloy na usapan sa loob ng ilang mga pagdalaw sa tahanan, tulad ng iminumungkahi sa aklat na ito, ay malinaw na mas mahirap kaysa sa gawaing ipinagagawa sa Aklat 1, na yaong pagdaraos ng isang regular na pagtitipon upang manalangin, maging nang sa sarili niya o kaya sa pakikipagtulungan sa ilang mga iba pa. At madaling makita, na upang maisagawa ang mas mahirap na mga gawain ng paglilingkod sa hinaharap, kakailanganin ng mga kalahok na sumulong sa mga kakayahang nalilinang dito.

Katulad ng nabanggit sa paunang mga salita sa Aklat 1, ang mga kalahok sa mga kurso ng institute sa buong daigdig ay nagmumula sa iba't ibang mga pinanggalingan, at sa simula ay magkakaiba ang kanilang kaalaman ukol sa mga katuruang Bahá'í. Sa pag-aaral nila sa pangalawang aklat na ito, silang lahat sa katunayan ay nagsimula nang tahakin ang landas ng paglilingkod na binubuksan ng mga kurso. Subalit may ilan pa ring mga pagkakaibang nananatili. Halimbawa, sa kaso ng mga kabataan, maliban na lamang kung sila ay dumaan sa

programa ng edukasyon para sa mga bata at mga junior youth, ang marami sa mga pahayag at mga paksang inihahain sa aklat ay magiging bago para sa kanila, at ang pag-aaral nito ay magsisilbing paraan upang mapalalim ang kanilang sariling kaalaman tungkol sa Pananampalataya. Ang tutor ay dapat maging handa kaugnay nito at ipakita ang pag-aangkop at pagiging malikhain na kinakailangan upang linangin ang pag-unawa sa bawat miyembro ng grupo, habang tinitiyak na nakakamit ang pangunahing layunin ng kurso, na iyon ay ang magawa ng mga kalahok ang makibahagi sa makabuluhan at nagpapasiglang mga usapan. Higit pa rito, sa libo-libong mga lokalidad kung saan ginagamit na ang aklat na ito, ang proseso ng pagtatatag ng pamayanan na sinisikap tulungan nitong tatlong yunit ay wala sa magkaparehong yugto ng pag-unlad. Ang pagsasagawa ng mga natututunan, kung gayon, ay maaaring magkaroon ng magkakaibang anyo sa bawat lokalidad, at ito rin ay nagpapakilala sa pag-iingat at pagiging masinsin ng tutor sa pagtugon sa mga pangangailangan ng bawat miyembro habang sinasamahan niya ang grupo sa mga pahinang ito.



# Ang Ligaya ng Pagtuturo

## Layunin

Upang maunawaan na ang ligaya ng pagtuturo
ay nasa mismong pamamahagi sa iba
ng Salita ng Diyos

## BAHAGI 1

Ang *Bumangon upang Maglingkod* ay ang pangalawa sa serye ng mga kursong inihahandog ng Ruhi Institute na sinisikap pagsamahin ang pag-aaral at paggawa. Ang layunin nito ay upang tulungan kayong sumulong pa sa landas ng paglilingkod na tinatahak ninyo habang pinagsisikapan ninyong matupad ang dalawang layunin: upang pagsikapan ang sariling espiritwal at pangkaisipang pag-unlad at upang makatulong sa pagbabago ng lipunan. Mula sa inyong pakikilahok sa unang kurso, tiyak na nabatid na ninyong ang tinutukoy nating landas ay itinatakda ng isang serye ng mga gawain ng paglilingkod, mga gawaing isinasagawa natin habang ang ating mga mata ay nakatuon sa layunin ng isang bagong pandaigdig na kaayusan na nakikini-kinita ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh. Samakatwid, ang malaking bahagi ng tinagurian nating "tinatahak ang landas ng paglilingkod" ay binubuo ng ating mga pagsisikap na isagawa ang Kaniyang mga katuruan sa sarili nating mga buhay at sa buhay ng sangkatauhan. Siya Mismo ang naglarawan sa Kaniyang Rebelasyon sa ganitong mga salita:

> **"O Aking mga tagapaglingkod! Ang Aking banal, ang Aking Rebelasyong itinadhana ng Diyos ay maihahalintulad sa isang karagatang natatago sa mga kailaliman nito ang di-mabilang na mga perlas na napakalaking halaga, na labis ang ningning. Tungkulin ng bawat naghahanap na pakilusin ang kaniyang sarili at sikaping marating ang mga dalampasigan ng karagatang ito, nang sa gayon, sa kaukulang sukat ng pananabik ng kaniyang paghahanap at sa mga pagsisikap na isinasagawa niya, ay maaari siyang makibahagi sa gayong mga kapakinabangang itinalaga sa di-mababago at natatagong mga Tableta ng Diyos."[1]**

Sa unang yunit na ito, ang ating mga kaisipan ay bumabaling sa kaligayahang pumupuspos sa ating mga puso habang natutuklasan natin ang mga perlas ng karunungang nasa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh at ibinabahagi ang mga ito sa iba. Mula sa inyong pag-aaral ng Aklat 1 nakita na ninyo kung gaano kaganda ang mga perlas ng banal na patnubay na matatagpuan sa Kaniyang mga Kasulatan. Pagnilay-nilayan natin ang ilan pang mga sipi:

> **"Ang pananalita ng Diyos ay isang lampara, na ang liwanag niyon ay ang mga salitang ito: Kayo ay mga bunga ng iisang puno, at mga dahon ng iisang sanga."[2]**

> **"Ang lalong mahal sa lahat ng mga bagay sa Aking paningin ay ang Katarungan; huwag talikuran iyon kung hinahangad mo Ako, at huwag pabayaan iyon upang Ako ay magtapat sa iyo."[3]**

> **"Magpakaabala nang buong pananabik sa mga pangangailangan ng panahong nabubuhay ka, at iukol ang iyong masusing pag-iisip sa mahigpit na mga pangangailangan at mga hinihingi nito."[4]**

> **"Ang lahat ng mga tao ay nilikha upang isulong ang isang patuloy na umuunlad na kabihasnan."[5]**

> **"Ang daigdig ay maglalaho, at yaong hindi nagmamaliw ay ang pag-ibig ng Diyos."[6]**

> **"Ikaw ang Aking ilawan at ang Aking liwanag ay nasa iyo. Kunin mo roon ang iyong luningning at huwag humanap ng iba pa sa Akin. Sapagkat ikaw ay nilikha Kong mayaman at masaganang ibinuhos Ko sa iyo ang Aking paglingap."[7]**

Maaaring nanaisin ninyong unti-unting isaulo itong maiikling sipi.

## BAHAGI 2

Upang simulan ang inyong pagtatalakay sa pangunahing tema ng yunit na ito, basahing muli ang unang sipi sa nakaraang bahagi at isagawa ang sumusunod na mga pagsasanay.

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ating tungkulin na ___________________ ang ating mga sarili at ___________ _____________ ang mga ________________ ng karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh.

   b. Dapat nating sikaping marating ang mga dalampasigan ng karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh nang sa gayon ay maaari tayong makibahagi sa gayong mga _____________________ itinalaga sa di-mababago at natatagong mga Tableta ng Diyos.

   c. Ang mga kapakinabangang nakikibahagi tayo mula sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay may kaukulang sukat sa __________________________________ __________________________________________ .

2. Ano ang kahulugan ng "pakilusin" ang sarili? _______________________________
_________________________________________________________________

3. Ano ang kahulugan ng "sikaping marating" ang isang bagay? __________________
_________________________________________________________________

4. Ano ang dapat sikaping marating ng bawat naghahanap? ______________________
_________________________________________________________________

5. Ano ang kahulugan ng pagiging "sa kaukulang sukat" ng isang bagay sa iba? ______
_________________________________________________________________

6. Sinabi ni Bahá'u'lláh sa atin na tayo ay tatanggap ng mga kapakinabangan ng karagatan ng Kaniyang Rebelasyon sa kaukulang sukat ng mga pagsisikap na isinasagawa natin.

   a. Magbigay ng ilang mga halimbawa ng mga pagsisikap na isinasagawa natin upang tumanggap ng ganitong mga kapakinabangan: ___________________________
   _________________________________________________________________
   _________________________________________________________________
   _________________________________________________________________

b. Magbigay ng ilang mga halimbawa ng mga kapakinabangang tinatanggap natin:

## BAHAGI 3

Sa pagkakabatid na ang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay tulad ng isang karagatang nasa mga kailaliman nito ang mga perlas na napakalaking halaga, ang bawat isa sa atin ay gumagawa ng sukdulang pagsisikap upang makibahagi sa mga kapakinabangang ito at upang tulungan ang mga iba na marating ang mga dalampasigan nito. Ngunit maaari nating itanong sa ating mga sarili kung gaano kalayo ang mga dalampasigan ng karagatang ito mula sa atin? Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

> **"O Aking mga tagapaglingkod! Ang iisang tunay na Diyos ay ang Aking saksi! Itong napakadakila, itong napakalalim at dumadaluyong na karagatan ay malapit, nakapanggigilalas ang lapit sa inyo. Masdan, ito ay higit na malapit sa inyo kaysa sa inyong pinakamaselang ugat na dinadaluyan ng dugo! Kasimbilis ng isang kisap-mata, kung nanaisin lamang ninyo, kayo ay makararating at makababahagi sa walang maliw na kagandahang-loob na ito, sa biyayang ito na ipinagkaloob ng Diyos, sa di-masisirang handog na ito, sa pagpapalang ito na pinakamabisa at di-mailarawan ang kaluwalhatian."**[8]

1. Ano ang tinutukoy ng pariralang "itong napakadakila, itong napakalalim at dumadaluyong na karagatan? ____________________

2. Gaano kalapit sa atin ang karagatang ito? ____________________

3. Gaano kabilis nating mararating ang karagatang ito? ____________________

4. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang napakadakilang karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay malapit, ____________________, sa atin.

b. Ang karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay _____________ kaysa sa ating pinakamaselang ugat na dinadaluyan ng dugo.

c. Kasimbilis ng ___________________________________ kung nanaisin lamang natin, tayo ay ______________ at _____________________ sa karagatan ng Kaniyang Rebelasyon.

d. Kasimbilis ng isang kisap-mata ________________________________ , tayo ay makararating at makababahagi sa karagatan ng Kaniyang Rebelasyon.

## BAHAGI 4

Yamang nakaabot na sa mga dalampasigan ng karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, kumukuha tayo mula sa mga kayamanan nito at ibinabahagi nang masagana at walang-pasubali sa ibang tao ang mga perlas nito ng banal na pamamatnubay, na natutuklasan natin mula sa patuloy nating pag-aaral, pagdarasal at pagninilay-nilay at mula sa ating mga pagsisikap na makapaglingkod sa Kaniyang Kapakanan at sa sangkatauhan. Maaaring nanaisin ninyong maglaan ng kaunting oras para sa pagsasaulo ng sumusunod na sipi, na isang palagiang paalaala sa kabanalan ng tungkuling ito:

> **"O manlalakbay sa landas ng Diyos! Kunin mo ang iyong bahagi sa karagatan ng Kaniyang biyaya, at huwag ipagkait sa iyong sarili ang mga bagay na nakatago sa kailaliman nito. Mapabilang ka sa yaong mga nakibahagi sa mga kayamanan nito. Ang isang patak ng hamog mula sa karagatang ito, kung ipapatak sa lahat ng nasa langit at nasa lupa, ay makasasapat na upang payamanin sila sa kagandahang-loob ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong. Gamit ang mga kamay ng pagkawalay, sumalok ka mula sa mga tubig nito na nagbibigay-buhay, at iwisik iyon sa lahat ng nilikhang bagay, nang sila ay mapadalisay mula sa lahat ng mga hangganang likha ng tao at magawang lumapit sa makapangyarihang trono ng Diyos, ang banal at marilag na Pook na ito."**[9]

## BAHAGI 5

Habang sumusulong tayo sa mga kurso ng institute at isinasagawa ang pag-aaral at pagkilos na hinihingi ng mga ito, ang ating kakayahan upang maglingkod ay uunlad, at magagawa na natin ang mga gawain ng paglilingkod na magdudulot ng napakalaking kaligayahan sa ating mga puso at tutulong sa atin sa pagtupad sa ating dalawang layunin—mga gawaing tulad ng pagtuturo ng klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata, pagpapasok sa mga junior youth sa programa para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas, at pagtulong sa isang pangkat ng mga kaibigan upang pag-aralan ang mga aklat sa pangunahing serye. Sa buong kahabaan ng paglalakbay na ito, ang Salita ng Diyos, na ating ibinabahagi sa mga iba, na bata at matanda, ay magiging ating patuloy na pinagkukunan ng inspirasyon. Nararapat lamang, kung gayon, na madalas nating pagninilay-nilayan ang kapangyarihan nito

at ang bisa nito sa puso ng tao.  Sa sumusunod na sipi, binabanggit ni Bahá'u'lláh ang kapangyarihan nito:

> **"Ang Salita ng Diyos ay maihahalintulad sa isang punla, na ang mga ugat nito ay naitanim sa mga puso ng tao. Tungkulin ninyo na pangalagaan ang paglaki nito sa pamamagitan ng nabubuhay na tubig ng karunungan, ng sagrado at banal na mga salita, upang ang ugat nito ay maitanim nang malalim at ang mga sanga nito ay yumabong na kasintaas ng mga kalangitan at lampas pa roon."**[10]

1. Saan maihahalintulad ang Salita ng Diyos? ____________________________________

   ______________________________________________________________________________

2. Saan naitanim ang mga ugat ng puno ng Salita ng Diyos? _______________________

   ______________________________________________________________________________

3. Paano natin dapat pangalagaan ang paglaki ng punong ito? _____________________

   ______________________________________________________________________________

4. Gaano kataas maaaring tumubo ang punong ito?_______________________________

   ______________________________________________________________________________

5. Ipaliwanag sa ilang mga pangungusap kung bakit ang pagbabahagi sa iba ng Salita ng Diyos ay may sukdulang kahalagahan..

   ______________________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________________

## BAHAGI 6

Ngayon ay isipin ang iba't ibang mga gawaing pinagkakaabalahan natin sa ating pamumuhay araw-araw. Pinakakain natin ang ating mga katawan. Nag-aaral tayo upang makamtan ang bagong kaalaman at upang palawakin ang kakayahan ng ating kaisipan. Nagtatrabaho tayo at nagtatamo ng mga kasanayan upang magawa nating mamuhay bilang kapaki-pakinabang na mga miyembro ng lipunan. Lumalahok tayo sa mga palaro at mga libangan. Ang maraming mga gawaing tulad ng mga ito, na mahalaga lahat para sa pag-unlad ng ating mga kaisipan at materyal na kapakanan, ay umuubos sa malaking bahagi ng ating panahon.  Subalit sa bawat araw ay naroroon ang bukod-tanging mga sandali, na tigib sa pagiging espiritwal, kapag tayo ay nagdarasal; kapag nagpapalalim tayo ng ating kaalaman sa mga banal na turo, nang mag-isa man o kasama ng ating mga kaibigan; o kapag sa alinman sa napakaraming paraan ay tumutulong tayo sa mga nasa palibot natin upang matuklasan ang mga perlas na natatago sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh.  Hindi ba ang ganitong mga

sandali ay higit na mahalaga kaysa sa anumang sukat? May hihigit pa bang kaligayahan kaysa sa pagkakaroon ng pagkakataong makibahagi sa ganitong makalangit na mga biyaya?

Dapat natin laging alalahanin kung paano tayo hinihimok ni ‘Abdu’l-Bahá na italaga ang ating mga sarili sa pag-aangat ng sangkatauhan:

> **“Lahat tayo ay nagkakaisa sa iisang Banal na hangarin, wala tayong motibong makalupa, at ang ating pinakamimithing hangarin ay upang maipalaganap ang Pag-ibig ng Diyos sa buong daigdig!”[11]**

Ipagpalagay na kayo ay nagkaroon ng pagkakataong ibahagi sa isang kaibigan ang isa sa mga sipi mula sa Bahagi 1 na naisaulo na ninyo. Saan nagmumula ang kagalakang nadarama ninyo sa inyong puso? Natural lamang na umaasa kayong ang inyong kaibigan ay mapasisigla ng mga salita ni Bahá’u’lláh. Subalit paano kung siya ay hindi nagpakita ng sigla na inyong inaasahan? Ang kaligayahan ba sa inyong puso ay biglang maglalaho na lamang? Bakit hindi?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 7

Kapag ating napagtanto na mula sa lahat ng mga bagay na ating ginagawa sa ating mga buhay, ang mga sandaling ginugugol natin sa pagbabahagi sa iba ng Salita ng Diyos ay nagtataglay ng bukod-tanging mga biyaya, umaabot tayo sa isang napakahalagang kabatiran: na ang ligayang nakukuha natin mula sa paglilingkod ay nasa mismong paggawa nito. Mangyari pa, umaasa tayong ang mga gawain ng paglilingkod na ginagawa natin ay magbubunga ng karapat-dapat na mga resulta, subalit kung labis tayong nakapangapit sa mga resulta, kung labis tayong apektado ng papuri o pagpula, mawawala sa atin ang ligaya ng pagtuturo. Ang dapat magpasigla sa atin upang maglingkod ay ang pag-ibig sa Diyos, hindi ang hangarin upang magkamit ng tagumpay, upang tumanggap ng mga kapakinabangan, upang makilala. Ang pagkawalay mula sa lahat ng mga ito ay isang pangangailangan ng maligayang paglilingkod. Ang pag-aaral sa sumusunod na mga sipi ay makatutulong sa inyo upang pagnilay-nilayan ang paksang ito.

> **“O Taong may Dalawang Paningin! Ipikit ang isang mata at imulat yaong isa. Ipikit ang isa sa daigdig at sa lahat ng naroroon, at imulat yaong isa sa sinasambang kagandahan ng Minamahal.”[12]**

> **“O mga Kaibigan! Huwag talikdan ang walang-kamatayang kagandahan dahil lamang sa isang kagandahang may kamatayan, at huwag iukol ang inyong mga pagmamahal dito sa naglalahong daigdig ng alabok.”[13]**

> **“O Anak ng Pananalita! Ipihit ang iyong mukha sa Akin at talikuran ang lahat liban sa Akin; sapagkat ang Aking kapangyarihan ay mananatili at ang Aking**

**nasasakupan ay hindi mapupuksa. Kung ikaw ay hahanap ng iba pa kaysa sa Akin, siya nawa, kung sasaliksikin mo man ang sandaigdigan nang habang panahon, ang iyong paghahanap ay mabibigo."[14]**

**"O Kinaibigang 'Di-Kilala! Ang kandila ng iyong puso ay pinapagningas ng kamay ng Aking kapangyarihan, huwag mong patayin iyon sa pamamagitan ng kasalungat na mga hangarin ng sarili at ng simbuyo ng damdamin. Ang makagagamot sa lahat ng iyong mga sakit ay ang pag-alaala sa Akin, huwag kalimutan ito. Gawin mong yaman ang Aking pag-ibig at pangalagaan ito nang sintulad ng iyong paningin at buhay."[15]**

**"Ang pagkawalay ay tulad ng araw: sa anumang puso ito sumikat ay sinusubhan nito ang apoy ng kasakiman at sarili. Siya na ang kaniyang paningin ay natatanglawan ng liwanag ng pag-unawa ay tiyak na iwawalay ang kaniyang sarili mula sa daigdig at sa mga kapalaluan niyon. . . . Huwag tulutang magdalamhati ka dahil sa daigdig at sa kasamaan nito. Pinagpala siyang hindi napupuno ng yabang bunga ng kayamanan, ni ng kalungkutan bunga ng karukhaan."[16]**

1. Ang pagkawalay ba mula sa daigdig na ito ay nangangahulugan ng pamumuhay na tulad ng isang ermitanyo?________________________________________________

2. Maaari bang maging nakawalay mula sa daigdig na ito at kasabay niyon ay magkaroon din ng mga ari-arian? __________________________________________________

3. Ang tao bang ginugugol ang halos bawat oras ng kaniyang buhay sa kaniyang trabaho ay nakawalay mula sa mga bagay ng daigdig? ________________________________

4. Ang tao bang gumagawa lamang nang sapat upang matugunan ang kaniyang pangunahing mga pangangailangan at walang ginagawa sa natitira niyang panahon, ay nakawalay mula sa daigdig na ito?__________________________________________

5. Ang tao bang hindi kayang tiisin ang kakulangan sa mga kaginhawaang materyal habang nasa larangan ng paglilingkod ay nakawalay mula sa daigdig? ____________

6. Maaari tayong mangapit sa maraming bagay bukod pa sa materyal na ari-arian. Sa anong bagay ka nakapangapit kapag ikaw ay isang taong:

   – nais nang sumuko kapag siya ay mga ginampanang gawain ng paglilingkod at walang sinuman ang nagpahalaga rito? ____________________________________

   – nakadaram ng panghihina ng loob kapag hindi tinatanggap ang mga ideyang ibinabahagi niya? ___________________________________________________

   – inililihim niya ang kaniyang mga paniniwala dahil sa takot na hindi siya tatanggapin ng ibang tao? ______________________________________________

7. Ang pagkawalay ay hindi nagpapahiwatig ng kalayuan ng loob o ng kawalan ng malasakit. Alin sa mga sumusunod ang maaaring maging tanda na siya ay hindi nakawalay?

_____ Magkaroon ng kagalakan mula sa nakikitang pag-unlad ng iba

_____ Ihinto ang pagtuturo sa isang klase kapag ang ilang mga bata ay hindi kaaya-ayang pag-uugali

_____ Pagmamayabang sa iyong mga nagawa

_____ Mag-aaral nang mabuti at masiyahan sa pag-unlad na iyong natamo

_____ Magsikap nang maigi upang mapaunlad ang iyong kakayahang maglingkod para sa ikabubuti ng lahat

_____ Magsumikap para sa kahusayan sa iyong trabaho

_____ Maisagawa ang kalinisan at mapanatili ang isang malinis at maayos na tahanan

_____ Pangalagaan ang sariling mga gamit

_____ Pangalagaan ang mabuting kalagayan ng mga iba

_____ Masiraan ng loob kapag hindi napupuri ang iyong mga pagsisikap

8. Lubos na mahalaga ang pagkawalay para sa bawat isa sa atin na iminumungkahinng isaulo ninyo ang lahat ngmga sipi sa bahaging ito.

## BAHAGI 8

Upang matanggap ang mga biyaya ng isang maligayang buhay ng paglilingkod sa sangkatuhan kinakailangang handa tayong magsumikap, at maaaring mangailangan ng pagpapakasakit ang ating mga pagsisikap. Madalas nating ginagamit ang salitang "pagpapakasakit" sa ating araw-araw na pamumuhay. Kapag ang isang kaibigan ay darating nang madaling-araw mula sa isang paglalakbay, maaari tayong gumising nang maaga upang sunduin siya. Maaari nating sabihin na ipinagpakasakit natin ang ilang oras ng pagtulog. Ang isang taong mahal natin ay nagkasakit; ipinagpapaliban natin ang ilang mga oras ng ating paboritong libangan upang alagaan siya. May mga pagkakataon sa buhay na kailangan nating magtrabaho nang lubhang mahirap, at maaari nating isipin na ipinagpapakasakit natin ang kaginhawahan upang makamit ang isang tanging layunin.

Tayong lahat ay may sukdulang hangaring maglingkod sa Kapakanan, bukas-palad na iniaalay ang ating panahon at lakas at ang isang bahagi ng ating materyal na yaman na kaya nating maibigay. Sa paggawa natin nito dapat nating tandaan na bagaman ibinibigay natin ang mga bagay ng daigdig na ito, subalit ang ating natatanggap ay ang tunay na kaligayahan habang umuunlad tayo nang espiritwal. Magkakaroon tayo ng pagkakataong magnilay-nilay pa sa likas na katangian ng pagpapakasakit sa susunod na mga kurso. Mahalagang malaman natin mula pa sa simula na kinakailangan nito ang pagpapakasakit sa mas mababa para doon sa mas mataas, tulad ng pagpapakasakit ng isang buto upang sumibol ang isang puno. Ang pagpapakasakit ay naghahatid ng ligaya, at ang kaligayahang ito ay hindi mapapasa-atin maliban kung tayo ay handang magbigay ng nagpapatuloy na pagsisikap.

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Ang pagsisikap ay kinakailangan, kung hahanapin natin Siya; ang alab ay kinakailangan, kung nais nating uminom ng pulot ng muling pakikipag-isa sa Kaniya; at kung makatikim tayo mula sa kopang ito, itatapon natin ang daigdig."**[17]

At ipinayo ni 'Abdu'l-Bahá sa atin na:

**". . . huwag kayong magpahinga, huwag kayong maghanap ng katiwasayan, huwag kayong mangapit sa mga luho nitong naglalahong daigdig, palayain ang inyong mga sarili mula sa bawat pinagkakapitan, at pagsikapan nang buong puso at kaluluwa na maging ganap na matatag sa Kaharian ng Diyos. Kamtin ninyo ang makalangit na mga yaman. Sa bawat araw kayo ay maging higit na naliliwanagan. Lumapit kayo nang lumapit sa bungad ng kaisahan."**[18]

Naniniwala tayong lahat na upang makamtan ang ating mga layunin kailangan nating magsumikap. Ngunit itong payak na paniniwala ay may ilang mga ipinahihiwatig para sa pagsasagawa na hindi natin dapat kalimutan. Una ay kailangan nating tandaan na may ugnayan sa pagitan ng sukat ng lakas na kinakailangan at ng antas ng kahirapan ng layunin o gawaing hinaharap. Nililoko lang natin ang ating mga sarili kung inaakala nating magagawa ito nang mas madali. Subalit ang sukat ng pagsusumikap ay hindi ang tanging dapat isaalang-alang. Kailangan ng pagpapatuloy at pagtitiyaga. Kailangan ng pagtutok. Lubhang mahalaga ang kaugaliang tinatapos ang mga gawain, hindi patalon-talon mula sa isa patungo sa iba at iniiwanang hindi tapos ang trabaho. Ang pagsisikap nang walang sigla ay hindi nagbubunga. Isipin ang isang lingguhang klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Dapat magtalaga ang guro ng ilang oras upang maghanda para sa bawat klase, manatiling nakatuon ang buong pansin sa buong kahabaan nito sa pagtulong sa mga bata upang maunawaan ang nilalaman ng mga aralin, dumalaw nang regular sa mga magulang ng mga bata, at linggu-linggong subaybayan ang pagsulong ng bawat isa. Ano ang kalalabasan ng isang klase kung ang guro ay paminsan-minsan lamang naghahanda, winawakasan nang maaga at biglaan ang pagtitipon kapag nakaramdam na ng pagod, at hindi naglalaan ng kinakailangang panahon upang isipin ang bawat bata at tinatalakay ang kaniyang pag-unlad sa kaniyang mga magulang? At paano kung kinakansela lamang ang klase sa tuwing nais harapin ng guro ang ibang kompromiso, halimbawa, upang makasama ang isang kaibigang dumalaw mula sa ibang bayan?

Itong ilang mga pangungusap ay upang kumbinsihin tayong dapat nating bigyang pansin ang kapuwa sukat at kalidad ng pagsisikap na hinihingi ng bawat pagpupunyaging isinasabalikat natin. Totoo ito hindi lamang sa mga gawain ng paglilingkod na isinasagawa natin; mailalapat din ito sa ating pansariling ikauunlad. Maging ang mga kaugaliang espiritwal na ating isinaalang-alang sa unang aklat ng seryeng ito—ang palagiang magdasal, ang magbasa ng mga Kasulatan araw-araw, ang pag-isipan nang malalim kung paano natin maisasabuhay ang mga katuruan, ang buong pusong lumahok sa mga pagtitipon upang manalangin—ay nababatay sa patuloy na pagsusumikap. Ang sumusunod na mga pangungusap ay kaugnay ng pagsisikap. Ang pagpapasiya kung alin ang totoo ay makatutulong sa inyo upang mapagnilay-nilayan pa ang bagay na ito:

_____ Kung ikaw ay matalino, hindi mo na kailangang magpunyagi nang lubusan.

_____ Bakit ka pa dadaan sa malayo; lagi kang maghanap ng shortcut.

______ Kung walang sakit, walang makakamit.

______ Mangarap nang malaki; ang iyong mga hangarin ay magkakatotoo.

______ Kapag mas malaki ang gantimpala, mas malaki rin ang pagsusumikap.

______ Kapag mas malaki ang pagsisikap, mas matamis ang gantimpala.

______ Kung sa una ay hindi ka nagtagumpay, magsikap, magsikap muli.

______ Bakit kailangan pang magtrabaho kung maaari mo itong ipagawa sa iba?

______ Kung kailangan nito ng labis na pagsisikap, hindi ito natatadhanang mangyari.

______ Ang maliliit na mga hakbang—kapag madalas at tuloy-tuloy—ay maaring malayo ang marating.

______ Walang bagay na marapat makamtan ang nakukuha nang madalian.

______ Ang kahusayan ay nangangailangan ng buong pusong pagtatalaga.

______ Ang paglalakbay ng isang libong milya ay nagsisimula sa isang hakbang.

______ Ang makaraos lang ay hindi sapat na mahusay.

______ Hindi tayo dapat maghintay lang na mangyari ang mga bagay-bagay; kailangan nating magpursige sa mga ito.

______ Ang tagumpay ay batay sa swerte.

______ Hindi natin makakamit ang ating dalawang layunin sa pamamagitan ng salamangka.

______ Dapat tayong magbigay-sulit ng ating mga sarili sa bawat araw.

Tayo ay tumatahak sa landas ng paglilingkod, nagsisikap upang makamit ang ating sariling espiritwal at pagkaisipang paglago at upang makatulong sa pagbabago ng lipunan. Malinaw na ang pagpupursige sa ating dalawang layunin ay nangangailangan ng malaking pagsisikap mula sa ating mga sarili. Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin:

> **"Ang walang-kahambing na Maylikha ay lumikha sa lahat ng tao mula sa iisa at parehong sangkap, at dinakila ang kanilang diwa sa itaas ng lahat ng ibang mga nilikha Niya. Ang tagumpay o kabiguan, ang pakinabang o pagkalugi, kung gayon, ay nababatay sa sariling mga pagsisikap ng tao. Habang higit na nagsusumikap siya, higit ang kaniyang magiging pag-unlad."**[19]

Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sipi sa itaas kung hindi pa ninyo nagagawa ito.

## BAHAGI 9

Upang makatamo ng ligaya mula sa paglilingkod, dapat nating linangin ang ilang mga pag-uugali sa ating mga sarili. Halimbawa, kailangan nating magpasalamat sa biyaya ng paglilingkod na ipinagkaloob sa atin ng Diyos; hindi marapat isipin na binibiyayaan natin ang Diyos kapag naglilingkod tayo sa Kaniyang Kapakanan. Kailangan din nating matutunang umiwas sa kawalan ng pag-asa at harapin ang buhay taglay ang pag-aasam sa kabutihan ng daigdig. Ang mga balakid sa landas ng paglilingkod ay maaaring gawing mga batong

tungtungan para sa higit pang pag-unlad. Maging sa gitna ng mga suliranin, tumitingin tayo sa hinaharap gamit ang mga mata ng pananalig. Ang sumusunod na mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá ay nagpapakilala sa pag-asa at pag-aasam sa kabutihan na dapat magtangi sa ating mga pagsisikap:

> **“Sa simula, napakaliit ng binhi, subalit sa wakas ito ay isang napakalaking puno. Huwag tumingin sa binhi, tumingin kayo sa puno, at sa mga bulaklak nito, at sa mga dahon nito at sa mga bunga nito.”[20]**

> **“Alamin kung gayon ang napakalaking kahalagahan nitong napakaliit na binhi na ang tunay na Magsasaka, sa pamamagitan ng mga kamay ng Kaniyang habag, ay itinanim sa inararong mga bukid ng Panginoon, at dinilig ng ulan ng mga kaloob at mga biyaya at ngayon ay pinalalaki sa init at liwanag ng Bituing-araw ng katotohanan.”[21]**

> **“Sa tuwing makakikita kayo ng punong lumalaki at yumayabong, magkaroon ng pag-asa sa kalalabasan nito. Sa kalaunan ay mamumulaklak at mamumunga rin ito. Kung nakakikita kayo ng tuyong kahoy o matatandang mga punong kahoy, wala nang pag-asa sa anumang pagbunga pa nito.”[22]**

> **“Samakatwid, ang mga minamahal ng Diyos, nang buong pagpapakasakit, sa pamamagitan ng mga tubig ng kanilang pagsisikap, ay dapat arugain at kalingain at payabungin itong puno ng pag-asa.”[23]**

> **“Kung tatalikod ang puso sa mga pagpapalang inihahandog ng Diyos, paano pa ito makaaasa ng kaligayahan? Kung hindi nito inilalagay ang pag-asa at pagtitiwala sa Awa ng Diyos, saan ito makatatagpo ng pamamahinga?”[24]**

Upang mapagnilay-nilayan ang mga sipi sa itaas, buuin ang mga sumusunod na mga pangungusap:

1. Sa simula, napakaliit ng binhi, subalit sa wakas ________________________________ .

2. Hindi tayo dapat tumingin sa maliit na binhi kundi ay sa __________________________ ______________________________________________ .

3. Kung gayon ay dapat nating alamin ang kahalagahan ng maliit na binhi na itinanim ng Diyos, sa pamamagitan ng mga kamay ng Kaniyang habag ________________________ ______________________________________________________________________ ______________________________________________________________________ __________________________________________ .

4. Sa tuwing makakikita tayo ng punong lumalaki at yumayabong, dapat tayong ________ ____________________________________ .

5. Sa tuwing makakikita tayo ng punong lumalaki at yumayabong, dapat tayong magkaroon ng pag-asa na ito ay magiging ______________________________ ______________________________________ .

6. Sa pamamagitan ng mga tubig ng ating pagsisikap, dapat nating ________________ ____________________________________________________________ .

7. Kung tatalikod ang puso sa mga pagpapalang inihahandog ng Diyos, _____________ ______________________________ ?

8. Kung hindi inilalagay ng puso ang pag-asa at pagtitiwala nito sa Awa ng Diyos, ______ ___________________________________ ?

Ngayon ay nilay-nilayin sandali: Sumasang-ayon ba kayo na ang ating espiritung maligaya at puspos ng pag-asa at kalakip ang saloobin ng mapagpakumbabang pasasalamat ay isang pinagmumulan ng kagalakan sa iba? At lagi nating tandaan na, sa pagbangon upang maglingkod sa Kapakanan, dinadala natin ang magandang balita ng pagsikat ng isang bagong Araw, ang Araw ng pagtitipon ng sangkatauhan. Umalingawngaw nawa sa ating mga puso ang mga salita ni Bahá’u’lláh:

> **“ Maligaya silang mga kumikilos; maligaya silang mga nakauunawa; maligaya ang taong nangangapit sa katotohanan, nakawalay sa lahat ng nasa kalangitan at sa lahat ng nasa kalupaan.”**[25]

# REFERENCES


1. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CLIII, par. 5, p. 369.

2. Ibid., CXXXII, par. 3, p. 326.

3. Bahá'u'lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2003, 2012 printing), Arabic no. 2, p. 3.

4. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CVI, par. 1, p. 241.

5. Ibid., CIX, par. 2, p. 243.

6. Bahá'u'lláh, in *Women: Extracts from the Writings of Bahá'u'lláh, 'Abdu'l-Bahá, Shoghi Effendi and the Universal House of Justice* [Kababaihan: Mga Halaw mula sa mga Kasulatan nina Bahá'u'lláh, 'Abdu'l-Bahá, Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1986, 1997 printing), no. 53, p. 26.

7. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Arabic no. 11, p. 6.

8. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CLIII, par. 5, p. 370.

9. Ibid., CXXIX, par. 1, p. 316.

10. Ibid., XLIII, par. 9, p. 109.

11. From a talk given on 19 November 1911, published in *Paris Talks: Addresses Given by 'Abdu'l-Bahá in 1911* [Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong 1911] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006, 2016 printing), no. 32.2, p. 121.

12. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Persian no. 12, p. 26.

13. Ibid., Persian no. 14, p. 26.

14. Ibid., Arabic no. 15, p. 7.

15. Ibid., Persian no. 32, p. 33.

16. Bahá'u'lláh, in *The Bahá'í World: Volume One* [Ang Sandaigdigang Bahá'í: Unang Tomo], *1925–1926* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1926, 1980 printing), p. 42.

17. *The Call of the Divine Beloved: Selected Mystical Works of Bahá'u'lláh* [Ang Panawagan ng Banal na Minamahal: Piniling Mistikong mga Akda ni Bahá'u'lláh] (Haifa: Bahá'í World Centre, 2018), no. 2.12, p. 17.

18. *Tablets of the Divine Plan: Revealed by ‘Abdu’l-Bahá to the North American Bahá’ís* [Mga Tableta ng Banal na Plano: Ipinahayag ni ‘Abdu’l-Bahá sa mga Bahá’í ng Hilagang America] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1993, 2006 printing), no. 13.6, pp. 95–96.

19. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], XXXIV, par. 8, p. 91.

20. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 40.3, pp. 118–19.

21. Ibid., no. 40.3, p. 119.

22. From a talk given on 11 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by ‘Abdu’l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* [Ang Pamamahayag ng Kapayapaang Pandaigdig: Mga Talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang Pagdalaw sa Estados Unidos at Canada noong 1912] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2012), par. 2, p. 153.

23. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá], no. 206.13, pp. 356–57.

24. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 21 November 1911, published in *Paris Talks* [Mga Pagsasalita sa Paris], no. 34.8, p. 133.

25. Bahá’u’lláh, *Epistle to the Son of the Wolf* [Epistola sa Anak ng Lobo] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1988, 2016 printing), p. 139.



# Mga Usapang Nagpapasigla

## Layunin

Upang magtamo ng kakayahang ipakilala
ang mga simulaing espiritwal sa isang usapan

## BAHAGI 1

Sa unang yunit ng aklat na ito, pinag-usapan natin ang di-masukat na kaligayahang natatamo natin mula sa pagbabahagi ng Salita ng Diyos sa mga iba. Habang lumalakad tayo sa landas ng paglilingkod, napakaraming mga pagkakataon ang dumarating sa atin upang talakayin sa ating mga kaibigan at mga kakilala ang malalim na pag-unawang nahimalay natin mula sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Kabilang sa pinakamahalagang mga kakayahan na kailangan nating lahat na paunlarin, samakatwid, ang yaong mga nagbibigay-daan upang makabahagi tayo sa makabuluhan at nakapagpapasiglang mga usapan. Ang layunin ng yunit na ito at ng susunod ay upang tulungan tayo kaugnay nito. Dito ay pagkakaabalahan natin kung paano itataas ang antas ng usapan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga simulaing espiritwal, kapag hinihingi ito ng pagkakataon. Sa susunod na yunit, pag-iisipan natin ang tungkol sa kung paano magsisimula at ipagpapatuloy ang isang serye ng mga usapan sa tanging mga paksa bilang bahagi ng isang masistemang pagsisikap sa pagtatatag ng masiglang pamayanan sa inyong nayon o kapitbahayan.

Ang gagawin natin sa mga susunod na bahagi ay suriin ang ilang mga pahayag sa iba't ibang mga paksa, na bagaman hindi eksaktong mga sipi ay nababatay lahat sa mga panayam at mga Tableta ni 'Abdu'l-Bahá, at kasama roon ang marami sa mga pariralang ginamit Niya. Dapat ninyng basahin ang bawat pahayag nang ilang ulit, tukuyin ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya, at magpalitan sa ibang mga miyembro ng inyong grupo sa pagbibigkas ng mga ito nang malakas hanggang sa masasabi na ninyo ang mga ito nang natural. Ang gawaing ito ay isang paghahanda sa inyo upang madali kayong makapagsalita sa tuwing nakikita ninyong angkop na humango mula sa mga katuruan ng Pananampalataya upang isulong ang isang talakayan.

Mangyari pa ay ipagpapatuloy ninyo sa yunit na ito ang pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga Kasulatan, sapagkat taglay ng mga ito ang isang namumukod tanging kapangyarihan na tumatagos sa puso ng tao, at kapag hinahabi ang mga iyon sa inyong pananalita, ay magkakaroon ng napakalalim na epekto sa nakikinig. Ngunit ang pagsipi mula sa mga Kasulatan sa isang usapan ay nangangailangan ng dunong. Ang lubos na kailangan ay ang kainamang sukat, ng paninimbang sa pagitan ng tuwirang pagsipi mula sa mga Kasulatan at ng paggamit ng sariling mga salita upang maipaliwanag ang mga katuruan ng Pananampalataya. Upang makamit ang paninimbang na ito, kailangan ninyong maglaan ng maraming panahon at lakas sa pag-aaral ng mga Kasulatan at tulutang hubugin ng mga ito ang inyong mga kaisipan at mga damdamin.

## BAHAGI 2

Ang unang pahayag na hinihiling na pag-aralan ninyo ay tungkol sa pangangailangan ng sangkatauhan ng isang Tagapagturo:

> Kapag inisip natin ang pag-iral ng sanlibutan, nakikita nating ang mga kaharian ng mineral, ng halaman, ng hayop, at ng tao, ay nangangailangan lahat ng isang tagapagturo. Ang hardin ay nangangailangan ng hardinero. Upang umani nang masagana, ang sakahan ay nangangailangan ng magsasaka. Kung ang tao ay iiwanang mag-isa sa kagubatan, aangkinin niya ang kaugalian ng hayop. Kung siya ay tuturuan,

maaari niyang marating ang pinakamataas na mga tugatog ng tagumpay. Kung hindi dahil sa mga tagapagturo, hindi magkakaroon ng kabihasnan.

Ang edukasyon ay may tatlong uri: materyal, pantao at espiritwal. Ang materyal na edukasyon ay kaugnay ng pagpapaunlad ng katawan. Ang pantaong edukasyon ay tungkol sa kabihasnan at kaunlaran. Ito ay nauugnay sa pamahalaan, kaayusan ng lipunan, mabuting kalagayan ng tao, komersiyo at industriya, mga sining at mga agham, mahahalagang mga katuklasan, at dakilang mga pagpupunyagi. Ang edukasyong espiritwal ay binubuo ng pagkamit ng mga kaganapang banal. Ito ang tunay na edukasyon, sapagkat sa tulong nito, ang kaugaliang espiritwal, ang kaugaliang nakatataas, na likas sa tao, ay napauunlad.

Upang umunlad, kinakailangan ng sangkatauhan ang isang tagapagturo na taglay ang malinaw na awtoridad bilang tagapagturo sa materyal, pantao at espiritwal. Kung sasabihin ng sinuman na, "Ako ay may lubos na katalinuhan, at hindi ko kailangan ang gayong tagapagturo," itinatanggi niya yaong malinaw at hayag. Ito ay magiging tulad ng isang musmos na nagsasabing, "Ako ay hindi nangangailangan ng edukasyon; ako ay kikilos sang-ayon sa sarili kong pag-iisip at katalinuhan at makakamit ang kahusayan sa pamamagitan ng aking sarili."

Ang sangkatauhan ay laging nangangailangan ng gayong ganap na tagapagturo, na siyang makatutulong dito upang isaayos ang mga bagay kaugnay ng pagpapakain at kalusugan ng katawan, pasisiglahin ito upang sumulong sa kaalaman, imbensyon at pagtuklas, at higit na mahalaga, ay ihinga sa loob nito ang buhay ng espiritu. Walang pangkaraniwang tao ang makagagawa ng ganitong napakahirap na mga gawain. Tanging ang mga Kahayagan ng Diyos lamang ang may kapangyarihang isakatuparan ang mga ito. Sila ay piniling mga Kaluluwa na isinugo ng Diyos sa pana-panahon upang maging pandaigdigang mga Tagapagturo ng sangkatauhan.

1. Basahin ang pahayag nang ilang beses sa inyong grupo at tulungan ang isa't isa upang matutunang mabuti ang nilalaman nito. Dapat kayong magtanungan tungkol sa mga ideyang inilalahad at magsanay sa paglalahad nito nang natural at mahusay.

2. Kasunod, talakayin sa inyong grupo kung paano ninyo magagawang ipasok sa isang usapan ang mga ideyang natutunan ninyong ilahad dito. Malinaw na hindi ninyo bigla na lamang sasabihin sa inyong mga kaibigan na may tatlong uri ng edukasyon. Kapaki-pakinabang, kung gayon, para sa inyo ang pag-isipan ang tungkol sa mga uri ng mga ugnayan kung saan ang mga ideyang nabanggit ay magiging makatuturan. Maaaring ang paksang pinag-uusapan ay ang pagbaba ng moralidad ng lipunan o kung paano makatutulong sa pagpapabuti ng daigdig. Nilay-nilayin ang magkakaibang mga usapan sa pagitan ninyo at ng inyong mga kaibigan, kapamilya, at mga kakilala. Mula sa mga pinagkakaabalahan ng kanilang mga isipan, mayroon ba sa mga iyon na maaaring magkaroon ng talakayan tungkol sa mga ideyang nasa pahayag na ito?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Madalas magkaroon ng mga katanungan sa mga usapan sa mga paksang tulad ng katatapos lamang ninyong pag-aralan. Ano ang inyong isasagot kung may magtanong ng: "Sinu-sino ang ilan sa mga Tagapagturong sinasabi mo?"

4. Nasa ibaba ang ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh kaugnay ng pangangailangan ng sangkatauhan ng isang Tagapagturo. Nilay-nilayin ang mga ito at isaulo ang kahit isa man lamang. Sa ganitong paraan, magagawa ninyong ihabi sa inyong pananalita ang mga parirala mula sa mga Kasulatan kapag naaangkop.

**"Ang lahat ng tao ay nilikha upang isulong ang kabihasnang patuloy na umuunlad."[1]**

**"Ang Layunin ng iisang tunay na Diyos, dakilain nawa ang Kaniyang kaluwalhatian, sa paghahayag ng Kaniyang Sarili sa mga tao ay upang ibunyag yaong mga hiyas na natatago sa loob ng minahan ng kanilang tunay at kaloob-loobang mga sarili."[2]**

**"Dalawa ang layunin ng Diyos sa pagpapadala ng Kaniyang mga Propeta sa mga tao. Ang una ay upang palayain ang mga anak ng tao mula sa karimlan ng kamangmangan, at patnubayan sila tungo sa liwanag ng tunay na pag-unawa. Ang pangalawa ay upang tiyakin ang kapayapaan at katiwasayan ng sangkatauhan, at ibigay ang lahat ng mga pamamaraan upang ito ay maitatag."[3]**

**"Sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan ang mga tao ay nangangailangan ng isang hihikayat sa kanila, papatnubay sa kanila, at mag-aatas at magtuturo sa kanila."[4]**

## BAHAGI 3

Ang sumusunod na mga parapo ay naglalarawan kung paano nakikilala lamang ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang mga Kahayagan, at makatutulong ito sa inyo kapag nakikipag-usap sa mga kaibigan:

> Isipin ang walang hanggang sansinukob. Maaari ba itong nabuo nang walang Manlilikha? O na kayang unawaain ng Kaniyang nilikha ang realidad ng Manlilikha? Kung ating sisiyasatin ang buong sangnilikha, ating makikita ang anumang mas mababa ay walang kakayahang unawain ang kapangyarihan ng mas mataas. Sa gayon ang bato at ang puno, gaanuman umunlad ang mga ito, ay hindi kailanman magugunita ang mga kapangyarihan ng paningin at ng pandinig. Hindi kailanman mauunawaan ng hayop ang realidad ng tao at mababatid ang mga kapangyarihan ng espiritu ng tao.

Samakatwid ay paano magagawa ng tao, na isang nilikha, na maunawaan ang realidad ng Manlilikha?

Bagaman ang Diyos ay hindi kailanman maaabot ng ating pag-unawa, hindi ipinagkait sa atin ang pagkilala sa Kaniya. Sa pana-panahon, ang isang bukod-tanging Katauhan ay dumarating sa lupa na siya ang Kahayagan ng Diyos. Ang lahat ng kaganapan, ng biyaya, at ng karingalang taglay ng Diyos ay nakikita rito sa mga Banal na Kahayagan, tulad ng mga sinag ng araw na makikita sa isang malinaw at makintab na salamin. Kapag sinasabing inilalarawan ng salamin ang araw ay hindi nangangahulugang ang araw ay nanaog mula sa mga tugatog nito at napapaloob na sa salamin. Sa gayunding paraan, ang Diyos ay hindi pumapanaog mula sa kalangitan ng kabanalan tungo sa larangang ito ng buhay. Ang kahulugan ay ganito: Ang lahat ng nalalaman, ng natututunan, at nauunawaan ng sangkatauhan tungkol sa mga pangalan at mga katangian at mga kaganapan ng Diyos ay tumutukoy sa Kaniyang mga Banal na Kahayagan.

1. Pagkatapos basahin ang pahayag na ito nang ilang beses sa inyong grupo at sa pagsagot sa mga tanong mula sa isa't isa tungkol sa nilalaman nito, dapat kayong magsanay sa paglalahad ng mga ideya nito nang may antas ng kahusayan.

2. Ngayon ay talakayin sa inyong grupo kung paano ninyo maipapasok nang natural sa isang usapan ang mga ideyang natutunan ninyo rito. Madali itong magagawa, halimbawa, sa isang talakayan tungkol sa pag-iral ng Diyos o sa layunin ng buhay. Ano ang ilan pang ibang mga paksa at mga katanungang lumilitaw sa mga usapan sa inyong mga kapamilya at mga kaibigan na maghahain ng pagkakataon upang maibahagi ninyo ang mga ideyang ito?

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

3. Halimbawa, sa pagkikipag-usap sa inyong mga kaibigan ay nagkaroon kayo ng pagkakataong ilahad ang ideyang pinag-aralan ninyo ngayon. Paano kayo sasagot kung may magtatanong sa inyo na: "Ano ang ilan sa mga bagay na ating nalalaman tungkol sa Diyos mula sa Kaniyang mga Kahayagan?"

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

4. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang isa o higit pa sa sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh upang magawa ninyong bigkasin ang mga ito kapag pinag-uusapan ninyo at ng inyong mga kaibigan ang tungkol sa paksang ito:

**"Ang kaalaman sa Kaniya, na Pinagmulan ng lahat ng mga bagay, at ang paglapit sa Kaniya, ay hindi maaari liban sa kaalaman at paglapit sa maningning na mga Nilalang na ito na nagmula sa Araw ng Katotohanan."[5]**

**"Ang Katauhan ng Kahayagan ay laging ang kinatawan at tagapagsalita ng Diyos. Siya, sa katotohanan, ay ang Pamimitak ng pinakamahusay na Taguri ng Diyos, at ang Pook-Liwayway ng Kaniyang dakilang mga Katangian."[6]**

**"Bukod dito, makatitiyak kayo na ang mga gawa at mga kilos ng bawat isa at ng lahat nitong mga Kahayagan ng Diyos, hindi lamang iyon, ng anumang natutungkol sa kanila, at ng anumang ihahayag nila sa hinaharap, ang lahat ay itinadhana ng Diyos, at ay isang larawan ng Kaniyang Kalooban at Layunin."[7]**

## BAHAGI 4

Ang kaisahan ng relihiyon ay isang paksang kinahihiligan ng marami, at ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa inyo sa maraming mga pagkakataon:

Kailangan nating maging mga mangingibig ng liwanag kahit sa alinmang ilawan ito lumitaw. Kailangan nating maging mga mangingibig ng rosas kahit saanmang hardin ito mamulaklak. Kailangan nating maging mga naghahanap ng katotohanan kahit saanman ito magmula. Ang pangangapit sa isang ilawan ay maaaring pumigil sa atin mula sa pagpapahalaga sa liwanag kapag ito ay sumisikat sa ibang ilawan. Sa paghahanap ng katotohanan, kailangan nating palayain ang ating mga sarili mula sa lahat ng ating mga kuro-kuro at iwanan ang ating mga pagkiling. Kung ang ating tasa ay puno ng sarili, walang lugar sa loob nito para sa tubig ng buhay.

Ang relihiyon ay ang liwanag ng daigdig. Ginagabayan nito ang ating mga hakbang at binubuksan sa atin ang mga pintuan sa walang katapusang kaligayahan. Kapag sasaliksikin natin ang mga katuruan ng lahat ng dakilang mga relihiyon nang malaya sa mga paghihigpit ng mga doktrinang gawa ng tao at ng bulag na panggagaya, ating mapagtatanto na sila ay nababatay sa iisang saligan. Inihahayag nitong lahat ang kaalaman ng Diyos. Hinahangad nitong lahat ang pag-unlad ng daigdig ng sangkatauhan.

Mangyari pa, may mga pagkakaiba-iba sa panlipunang mga batas at mga alituntuning ipinalaganap ng bawat relihiyon alinsunod sa mga pangangailangan ng panahon at ng lugar. Subalit sa diwa nito ang lahat ng relihiyon ay iisa. Nililinang ng mga ito ang pananalig, kaalaman, katiyakan, katarungan, pagiging relihiyoso, marangal, mapagkakatiwalaan, pag-ibig sa Diyos, at pagkawanggawa. Itinuturo ng mga ito ang kadalisayan, pagkawalay, pagpapakumbaba, paghuhunos-dili, pagtitiyaga, at pagkamatimtiman. Itong mga kabutihang pantao ay muling ginagawang bago sa bawat Dispensasyon.

Nakalulungkot na dahil sa mga pagtatangi at bulag na paggaya, hindi magawang makita ng marami na ang batayan ng relihiyon ay iisa. Ang patnubay ng Diyos sa sangkatauhan ay ang katotohanan, at ang katotohanan ay walang pagkakahati-hati; ito ay iisa. Kung malaya nating sasaliksikin ang katotohanan, habang isinasaisantabi ang mga pag-

aakala, ang ating pagsasaliksik ay hahantong sa pagkakaisa. Dapat tayong pagkaisahin ng relihiyon; kailangan nitong itatag ang mga buklod ng pag-ibig sa pagitan ng mga tao. Kung ito ay magiging sanhi ng poot at pag-aaway, mabuti pang wala na lang ito.

1. Tulad sa nakaraang bahagi, kailangan ninyong basahin ang pahayag na ito nang ilang ulit sa inyong grupo, magtanong ang isa't isa tungkol sa mga kaisipan, at magsanay sa pagsabi ng mga ito sa inyong sariling mga salita.

2. Isipin sa inyong grupo kung paano ninyo maihahabi ang mga ideyang pinag-aralan ninyo sa isang usapan tungkol sa mga pag-aaway ng relihiyon, na madalas ay nasa isip ng mga tao. Ngunit maaari din ninyong matagpuan ang inyong sarili na kasama ang ilang mga kaibigan habang tinatalakay ang kahalagahan ng pagsisiyasat sa katotohanan nang hindi naiimpluwensiyahan ng propaganda. Muling pag-isipan ang inyong kamakailang mga usapan sa mga kaibigan at mga kapitbahay, mga kasamahan sa trabaho at mga kakilala. Ano ang ilan sa mga paksang nasa kanilang mga isipan na maaaring makinabang mula sa isang talakayan tungkol sa mga ideyang ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paano kayo tutugon kung pagkaraang maibahagi ang mga kaisipan sa pahayag ay may nagtanong na: "Anu-ano ang ilan sa mga katotohanang nasa lahat ng mga relihiyon?"

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Iminumungkahing isaulo ninyo ang isa o dalawa sa sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

**"Walang anumang pag-aalinlangan na ang mga tao ng daigdig, ng anumang lahi o relihiyon, ay kumukuha ng kanilang inspirasyon mula sa iisang makalangit na Pinagkukunan, at sila ay mga sakop ng iisang Diyos."**[8]

**"Makisama sa mga tagasunod ng lahat ng mga relihiyon sa diwa ng pakikipagkaibigan at mabuting samahan."**[9]

**"Ang pangunahing layunin na siyang nagbibigay-buhay sa Pananampalataya ng Diyos at sa Kaniyang Relihiyon ay upang pangalagaan ang mga kapakanan at itaguyod ang pagkakaisa ng sangkatauhan . . ."**[10]

**"Ang relihiyon ng Diyos ay para sa pag-ibig at pagkakaisa; huwag itong gawing sanhi ng pagkamuhi o pagtatalo."**[11]

## BAHAGI 5

Ang ugnayan sa pagitan ng agham at relihiyon ay ang susunod na paksang hinihiling na pag-aralan ninyo.

> Ang relihiyon ay dapat na naaayon sa agham. Pinagkalooban tayo ng Diyos ng katwiran upang mabatid natin kung ano ang totoo. Ang agham at relihiyon ay parehong inaasahang umabot sa pamantayan ng katwiran. Samakatwid, dapat itong magtugma sa isa't isa. Ito ang dalawang pakpak na ginagamit ng talino ng tao upang pumailanglang sa matataas na mga tugatog, ang dalawang pakpak na ginagamit ng sangkatauhan upang makalipad. Ang isang pakpak lamang ay hindi makasasapat.
>
> Ang agham ay isang kaloob ng Diyos. Tinutuklas nito ang mga batas ng pisikal na daigdig at tinutulutan tayong malampasan ang mga hangganang ipinataw sa atin ng kalikasan. Sa tulong ng instrumento ng agham, nagagawa nating makita ang mga bagay na hindi kayang makita ng mata lamang at nagagawa nating makipag-ugnay sa kabila ng malawak na distansya sa loob lamang ng isang saglit. Pinag-iisa ng agham ang kasalukuyan at ang nakaraan at tinutuklas nito ang mga hiwaga ng hinaharap. Ang pag-unlad ng sambayanan ay nakasalalay sa mga tagumpay ng agham.
>
> Ang relihiyon ng Diyos ay ang tagapagtaguyod ng katotohanan, ang tagapagtangkilik ng kaalaman at ang tagapagkaloob ng kabihasnan sa sangkatauhan. Kapag walang relihiyon, ang agham ay nagiging isang kasangkapan upang maisulong ang materyalismo, na humahantong sa wakas sa kawalan ng pag-asa. Kapag ang relihiyon ay salungat sa agham, ito ay nagiging pamahiin lamang. Kapag ang relihiyon at agham ay magkasamang lumalakad nang magkasundo, ang malaking bahagi ng pagkamuhi at poot na nagdadala ng pagdurusa ngayon sa sangkatauhan ay maiwawaksi.

1. Tulad nang dati, basahin ang bawat parapo ng pahayag nang ilang beses sa inyong grupo, at magtanungan sa isa't isa hanggang sa matutuhan na ninyo ang nilalaman nito at magagawa nang ilahad ito nang natural.

2. Paano kayo tutugon kapag sasabihin ng isang tao ang sumusunod: "Ang relihiyon ay isang bagay ng nakaraan; malulutas ng agham ang lahat ng mga suliranin ng sangkatauhan." Makatutulong ba kung lilinawin ninyo na ang relihiyon ay hindi kapareho ng pamahiin, ngunit ito ay nagiging ganoon kapag wala ang agham, at ang agham kapag wala ang relihiyon ay humahantong sa kawalan ng pag-asa bunga ng materyalismo? Makapagbibigay ba kayo ng mga halimbawa kung paano ito nangyayari?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Iminumungkahing isaulo ninyo ang isa o higit pa sa sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

**"Una at pinakamahalaga sa mga biyayang ito na iginawad sa tao ng Lubos na Makapangyarihan, ay ang kaloob ng pag-unawa. . . . Ang kaloob na ito ay nagbibigay sa tao ng kapangyarihang mabatid ang katotohanan sa lahat ng bagay, inaakay siya tungo roon sa tumpak, at tinutulungan siyang matuklasan ang mga lihim ng sangnilikha."[12]**

**"Masdan ang daigdig at nilay-nilayin ito nang sandali. Inilalantad nito ang aklat ng angking sarili nito sa harap ng iyong mga mata at inihahayag yaong iniukit doon ng Panulat ng iyong Panginoon, ang Manlilikha, ang Nakaaalam ng lahat."[13]**

**"Ang kaalaman ay tulad ng mga bagwis sa buhay ng tao, at hagdan para sa kaniyang pag-akyat. Ang pagtatamo nito ay tungkulin ng bawat isa."[14]**

## BAHAGI 6

Ang kaisahan ng sangkatauhan ay isang paksang inaayunan ng mga tao sa lahat ng lugar sa kasalukuyang panahon, at gugustuhin ng marami ang makipagtalakayan sa inyo tungkol sa mga ideyang inihahain sa ibaba.

Kalugod-lugod sa mata ang hardin kung saan ang mga bulaklak ng bawat kulay at halimuyak ay lumalaki nang magkakatabi. At kahit na magkakaiba, ang bawat bulaklak ay pinasasariwa ng iisang ulan at tinatanggap ang init ng iisang araw. Totoo rin ito sa sangkatauhan. Binubuo ito ng maraming mga lahi at mga kulay. Ngunit ang lahat ay nanggaling sa iisang Diyos at ang lahat ay iisa ang pinagmulan. Ang pagkakaiba-iba sa pamilya ng sangkatauhan ay dapat maging sanhi ng pagkakasundo, tulad nang sa musika kung saan ang magkakaibang mga nota ay nagsasama-sama upang bumuo ng isang napakagandang himig.

Ang pagkakaisa ay kinakailangan sa buhay. Ang pag-ibig ay ang mismong sanhi ng buhay. Sa materyal na daigdig, ang mga elemento ng lahat ng bagay ay pinagbubuklod sa pamamagitan ng batas ng pagkaakit. Pinagsasama ng batas ng pagkaakit ang ilang natatanging mga elemento sa anyo ng isang magandang bulaklak. Ngunit kapag ang ganoong pagkaakit ay nawala na, ang bulaklak ay mabubulok at hindi na mabubuhay. Gayundin sa sangkatauhan. Ang pagkaakit, pagkakasundo, at pagkakaisa ay ang mga puwersang nagbubuklod sa sangkatauhan.

Lumikha si Bahá'u'lláh ng isang plano para sa pagkakaisa ng lahat ng tao sa daigdig. Dapat nating gawin ang bawat pagsisikap upang akitin sila sa loob nitong sirkulo ng pagkakaisa. Kapag nakatatagpo tayo ng mga tao mula sa mga lahi, mga bansa, mga relihiyon, at mga kuro-kuro na naiiba sa atin, hindi natin dapat hayaan ang ganitong mga pagkakaiba na maging mga hadlang sa pagitan natin. Dapat nating isipin na sila ay tulad ng magkakaibang kulay ng mga rosas na lumalaki sa loob ng magandang hardin ng sangkatauhan, at maging masaya sa piling nila.

1. Matapos pag-aralan ang pahayag na ito tulad ng inyong ginawa sa mga nauna, isipin ang maraming usapang nagaganap sa palibot ninyo. Ano ang ilan sa mga paksang nasa isipan ng mga tao na magbubukas ng pagkakataon upang maibahagi ninyo sa kanila ang mga ideyang ito?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Ang isang usapan tungkol sa kaisahan ng sangkatauhan ay maaaring humantong sa talakayan tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa sa sariling pamayanan. Maaari ba kayong magbigay ng ilang mga salita tungkol sa paraan kung paano makatutulong dito ang bawat isa sa atin?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang isa o higit pa sa sumusunod na mga sipi upang mabanggit ang mga ito kapag kayo ay nakikipag-usap sa inyong mga kaibigan tungkol sa paksang ito:

**"Ang tabernakulo ng pagkakaisa ay naitayo na; huwag ninyong ipalagay ang isa't isa na hindi magkakakilala. Kayo ay mga bunga ng iisang puno, at mga dahon ng iisang sanga."[15]**

**"Napakalakas ang kapangyarihan ng liwanag ng pagkakaisa na matatanglawan nito ang buong daigdig."[16]**

**"Ibaling ang inyong mga mukha tungo sa pagkakaisa, at tulutang sumikat sa inyo ang ningning ng liwanag nito. Magtipon kayo at alang-alang sa Diyos ay magtikang lipulin ang anumang sanhi ng pag-aaway ninyo."[17]**

**"Nararapat sa tao ang mangapit nang mahigpit doon sa magtataguyod ng mabuting samahan, kabaitan at pagkakaisa."[18]**

## BAHAGI 7

Ang sumusunod na pahayag ay makatutulong sa inyo upang makabahagi sa mga talakayan sa paksa ng katarungan, na isang mahalagang bagay para sa karamihan ng tao:

Ang pagkakaiba-iba sa kakayahan ng mga indibidwal ay pangunahin sa buhay ng tao. Samakatwid ay hindi maaaring maging magkatulad ang lahat ng tao sa lahat ng bagay. Gayumpaman, ang mga gawain ng tao, sa kabuuan nito, ay dapat pinamamahalaan ng alituntunin ng katarungan. Ang katarungan ay dapat maging sagrado, at ang mga karapatan ng bawat tao ay kailangang pangalagaan.

Ang katarungan ay hindi natatakdaan; ito ay isang pangkalahatang katangian. Kailangan itong umiral sa lahat ng mga bahagi ng buhay ng sangkatauhan. Ang bawat isa at ang lahat ng miyembro ng lipunan ay dapat magtamasa ng mga kapakinabangan

ng kabihasnan, dahil tayong lahat ay bahagi ng lupon ng sangkatauhan. Kung ang isang miyembro ng lupong ito ay nagdadalamhati o nagdurusa, di-maiiwasang ang lahat ng ibang mga miyembro ay magdurusa rin. Paano maaaring naghihirap ang isa at ang mga iba ay maginhawa? Ang kasalukuyang lipunan ay nagkukulang sa kinakailangang pagtutugunan at simetrya; hindi mahusay ang pagkakaayos nito. Kinakailangan ang mga batas at mga tuntunin upang matiyak ang mabuting kalagayan at kaligayahan ng buong pamilya ng sangkatauhan.

Ang katarungan ay nakatatag sa mga haligi ng gantimpala at parusa. Ang mga pamahalaang pinamumunuan ng mga taong walang pananalig, walang takot sa ganti ng Maykapal, ay gagawa ng mga batas na hindi makatarungan. Kapuwa kinakailangan ang pag-asa sa gantimpala at ang takot sa parusa upang mapigilan ang paniniil. Dapat mabatid ng mga mambabatas at mga tagapangasiwa sa mga batas ang mga bungang espiritwal ng kanilang mga pasiya. Kapag naniniwala ang mga namumuno na masusundan sila ng mga bunga ng kanilang mga kilos nang lampas pa sa makalupang buhay na ito at kapag alam nilang ang kanilang mga hatol ay titimbangin sa timbangan ng katarungan ng Maykapal, tiyak na iiwasan nila ang paniniil at pang-aapi.

1. Pagkatapos matutunang ilahad nang natural ang mga ideyang nasa itaas, mag-isip kung anong mga paksa sa mga usapan ang maaaring makinabang mula sa mga kabatirang inihahain ng pahayag.

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

2. Ano ang inyong isasagot sa sinumang naniniwala na ang kawalan ng katarungan ay hindi magwawakas?

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

3. Nasa ibaba ang ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh kaugnay ng katarungan na iminumungkahing isaulo ninyo.

**"Ang tanglaw ng mga tao ay ang Katarungan. Huwag itong apulain sa pamamagitan ng sumasalungat na mga hangin ng pag-uusig at paniniil. Ang layunin ng katarungan ay ang paglitaw ng pagkakaisa ng mga tao."**[19]

**"Walang liwanag ang maihahalintulad sa katarungan. Ang pagsasaayos ng daigdig at ang katiwasayan ng sangkatauhan ay nakasalalay rito."**[20]

**"Yaong nagsasanay sa daigdig ay ang Katarungan, dahil ito ay itinataguyod ng dalawang haligi, gantimpala at parusa. Ang dalawang haliging ito ang pinagmumulan ng buhay ng daigdig."**[21]

## BAHAGI 8

Ang agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap ay lumalawak sa bawat araw na lumilipas, at ang pahayag sa ibaba ay makatutulong sa inyo sa pakikipag-usap sa mga kaibigan tungkol dito at sa mga kaugnay na paksa.

> Sa kasalukuyan, dahil sa kawalan ng pagdadamayan at maayos na relasyon, ang ilang mga miyembro ng lipunan ang nasisiyahan, namumuhay sa lubos na kaginhawahan at karangyaan, habang ang mga iba ay nangangailangan ng pagkain at tirahan. Ang ilan ay labis-labis ang kayamanan, at ang iba naman ay nabubuhay sa sukdulang kahirapan.
>
> Ang mga batas ng lipunan ay dapat mabuo at ipatupad sa paraang hindi magiging posible para sa ilan na magkamal ng labis na kayamanan habang ang iba ay naghihikahos. Hindi ito nangangahulugang kailangang maging pantay-pantay ang lahat, sapagkat ang pagkakaiba-iba sa antas at kakayahan ay likas sa sangnilikha. Ngunit ang kahiya-hiyang kalabisan na kayamanan na kaalinsabay ng nakapanghihinang karukhaan ay maaaring maiwaksi. Kung tama para sa kapitalista ang magtaglay ng kayamanan, makatarungan ding ang manggagawa ay magkaroon ng sapat na panustos sa buhay. Kapag tayo ay nakakikita ng matinding kahirapan, may matatagpuan tayong umiiral na paniniil.
>
> Ang pinakadiwa ng bagay na ito ay dapat maging hayag ang katarungan ng Diyos sa mga kalagayan ng tao. Ang likas na katangian ng mga batayan ng buong kalagayang pang-ekonomiya ay sagrado at may kaugnayan sa mundo ng puso at espiritu. Ang mayayaman ay dapat magbahagi ng kanilang kasaganaan; dapat nilang palambutin ang kanilang mga puso at linangin ang isang mahabaging katalinuhan. Dapat maging ganoon na lamang ang pagkakabigkis ng mga puso, dapat maghari nang gayon ang pag-ibig na masayang magkukusa ang mayayaman upang isagawa ang mga hakbang na magtataguyod ng permanenteng mga pagwawasto sa ekonomiya. Kailangang sila mismo ang makabatid sa kanilang mga sarili na hindi makatarungan ni hindi rin ayon sa batas na sila ay nagtataglay ng malaking kayamanan habang umiiral ang matinding kahirapan sa pamayanan. Sa ganitong paraan, kusa nilang ibibigay ang kanilang kayamanan, habang itinitira para sa kanilang sarili ang halagang magbibigay-daan upang upang mabuhay sila nang matiwasay..

1. Basahin ang pahayag at pag-aralan ito sa inyong grupo sa karaniwang paraan. Maraming mga paksa sa isipan ng mga tao na nauugnay sa kayamanan at kahirapan—trabaho, suweldo, tirahan, upang bumanggit ng ilan. Maaari ba kayong mag-isip ng iba pang mga paksang pinag-uusapan na makikinabang mula sa mga ideya sa pahayag na ito?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Ano ang inyong itutugon kung itatanong ng isang taong nakarinig sa inyong paglalahad sa mga ideya sa itaas na: “Sinasabi ba ninyong mauunawaan at susuportahan ng

mayayaman ang mahigpit na mga batas sa buwis, at kusa nilang babayaran ang talagang dapat? Bakit ninyo inaakalang posible ito?"

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

3. Iminumungkahing isaulo ninyo ang isa o dalawa sa mga siping ito mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

**". . . dapat kayong magbigay nang mabuti at kahanga-hangang mga bunga, nang kayo sa inyong mga sarili at ang mga iba ay makinabang sa mga iyon. Anupa't tungkulin ng bawat isa sa inyo na mag-abala sa mga gawaing kamay at magkaroon ng mga propesyon, sapagkat sa mga iyan nakasalig ang lihim ng kayaman, O mga taong nakauunawa!"[22]**

**"Kung ang iyong mga mata ay nakabaling sa habag, iwanan ang mga bagay na iyong pakikinabangan at mangapit doon sa pakikinabangan ng sangkatauhan. At kung ang iyong mga mata ay nakabaling sa katarungan, piliin para sa iyong kapitbahay yaong pinili mo para sa iyong sarili."[23]**

**"Pinagpala siyang inuuna ang kaniyang kapatid kaysa sa kaniyang sarili."[24]**

**"Walang mabuting gawa ang nawala o mawawala kailanman, sapagkat ang mabubuting gawa ay mga kayamanang iniingatan ng Diyos para sa kapakinabangan noong mga gumawa."[25]**

**". . . mag-ingat na huwag lumampas sa mga hangganan ng katamtaman, at mapabilang doon sa mga mapaggasta."[26]**

## BAHAGI 9

Nasa ibaba ang ilang mga ideyang tutulong sa inyo sa pakikilahok sa mga talakayan sa paksa ng pagkiling.

Ang pagkiling sa lahat ng anyo nito—sa relihiyon, lahi, kasarian, etniko, at pang-ekonomiya—ay winawasak ang estruktura ng sangkatauhan at taliwas sa mga utos ng Diyos. Sa libu-libong mga taon ang sangkatauhan ay nagdusa mula sa digmaan at pagdanak ng dugo na dulot ng isa o iba pa sa mga pagkiling na ito. Hanggang ang mga ito ay hindi tumitigil, ang sangkatauhan ay hindi magkakaroon ng kapahingahan.

Ipinadala ng Diyos ang Kaniyang mga Propeta para sa tanging layunin ng paglikha ng pag-ibig at pagkakaisa. Ang lahat ng makalangit na mga Aklat ay pag-ibig sa anyo ng nasusulat na salita. Kung ang mga ito ay magiging sanhi ng kalayuan ng loob, ang mga ito ay nawawalan na ng saysay. Samakatwid, ang pagkiling sa relihiyon ay lalong higit na taliwas sa kagustuhan at kautusan ng Diyos.

Ang pambansang pagkiling ay ganap na hindi makatwiran. Ang daigdig ay iisang lupain, iisang bansa. Ang mga linya at mga hangganang naghihiwalay ng mga bansa ay kathang-isip lamang; ang mga ito ay hindi nilikha ng Diyos. Itinatakda ng mga tao ang isang ilog bilang hangganan sa pagitan ng dalawang bansa, binibigyan ng sariling pangalan ang bawat lupain sa magkabilang pampang, samantalang ang ilog ay nilikha para sa pareho at isang natural na lagusan para sa lahat. Hindi ba guni-guni at kamangmangan ang nagbubunsod sa mga tao upang gawing sanhi ng digmaan at pagkawasak ang mga biyaya ng buhay?

Ang pagkiling sa lahi ay walang iba kundi isang paniniwalang walang batayan o pamahiin. Ang kulay ng balat ng isang tao ay bunga lamang ng pag-aangkop ng kaniyang mga ninuno sa klima at kapaligiran sa paglipas ng maraming taon. Ang ugali ang siyang tunay na pamantayan ng pagiging tao. Ang kahusayan ay hindi nababatay sa lahi at kulay. Ang pananalig, kadalisayan ng puso, mabubuting gawa at kapuri-puring pananalita ang katanggap-tanggap sa Diyos.

Sa napakahabang panahon, ang kababaihan ay ginawang mas mababa kaysa sa kalalakihan at pinagkasalahan. Ang pagkakaiba ng lalaki at babae ay isang pangangailangan sa pisikal na daigdig; sa daigdig ng espiritu sila ay pantay-pantay. Sa mata ng Diyos, walang pagkakaiba sa lalaki at babae. Ang lahat ng tao ay pinagkalooban Niya ng talino at pang-unawa. Ang lahat ay may kakayahang magtamo ng mga kabutihan. Walang kalagayan sa kasalukuyang panahon upang ang kasarian ng isang tao ay maaaring gawing dahilan para sa diskriminasyon.

Ayon sa mga salita sa Lumang Tipan, sinabi ng Diyos, “Gawin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis.” Malinaw na patungkol din ito sa kababaihan. Ang tao ay nilikha sa larawan ng Diyos; ang ibig sabihin ay ang banal na mga kabutihan ay nasasalamin at naisisiwalat sa realidad ng tao. Ito ay totoo para sa buong sangkatauhan. Lubos na hindi maipagtatanggol ang sabihing yaong lamang mula sa isang kulay, angkan, o nasyonalidad ang nilikha sa wangis ng Diyos. Lubos na kahangalan ang ipahiwatig na ang mayayaman lamang ang ginawa sa Kaniyang larawan o ang isipin na ang pamantayan para sa paglapit sa Diyos ay isang mataas na katayuan sa lipunan. Ang sangkatauhan ay hindi maaaring magkaroon ng kaliwanagan liban sa pagtalikod sa mga pagkiling at sa pagkamit ng mga kaugalian ng Kaharian.

1. Pag-aralan ang pahayag na ito tulad ng inyong ginawa sa mga nauna at pagkatapos ay isipin ang ilang mga hamong binanggit sa usapan ng inyong mga kaibigan at mga kapitbahay na nangangailangan ng pagwawaksi sa pagkiling.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Ano ang inyong itutugon kung itatanong ng isang taong nakarinig sa inyong paglalahad sa mga ideya sa itaas na: “Maaari ba tayong magkaroon ng pagkiling at hindi natin alam ito?”

3. Maaaring magkaroon kayo ng pagkakataong isama sa inyong mga talakayan tungkol sa mga ideyang ito ang isa o higit pa sa sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

**"Ang daigdig ay iisang bansa lamang, at ang sangkatauhan ay mga mamamayan nito."[27]**

**"Ang lahat ng punla sa daigdig ay lumitaw mula sa iisang Puno, at ang lahat ng mga patak ay mula sa iisang Karagatan, at ang lahat ng nilalang ay utang ang kanilang pagkabuhay sa iisang Maylikha."[28]**

**"Ang tunay na tao, sa araw na ito, ay yaong iniaalay ang kaniyang sarili sa paglilingkod sa buong sangkatauhan."[29]**

**"Ang liwanag ng mabuting pag-uugali ay higit pa sa liwanag ng araw at sa ningning niyon."[30]**

**"Ang karangalan ng tao ay hindi nakasalalay sa mga palamuti o kayamanan, sa halip ay sa mabuting kilos at tunay na pag-unawa."[31]**

**"Harinawang ipahintulot ng Diyos na ikaw ay magiliw na tulungan sa lahat ng kalagayan upang mawasak ang mga diyus-diyusan ng pamahiin at upang lubos na punitin ang mga lambong ng mga likhang-isip ng mga tao."[32]**

**"Sa lahat ng tao ang pinakapabaya ay siya na walang kabuluhang nakikipagtalo at naghahangad na maitaas ang sarili nang higit sa kaniyang kapatid."[33]**

## BAHAGI 10

Kapag nakikipag-usap sa mga kaibigan, madalas ninyong magagawang kumuha ng mga ideya mula sa sumusunod na pahayag tungkol sa pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at mga babae:

> Inihahayag ng pisikal na araw, sa pamamagitan ng liwanag at init nito, ang realidad ng lahat ng mga bagay sa ibabaw ng lupa. Ang prutas na natatago sa puno ay lumilitaw sa mga sanga nito bilang tugon sa kapangyarihan ng araw. Gayundin, ang Araw ng Katotohanan, na sumisikat nang buong karingalan sa espiritwal na himpapawid, ay naghahayag ng mga realidad na hindi nababanaag sa lumipas na panahon. Ito ang dahilan kung bakit, sa araw na ito, ang simulain ng pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae ay ganap nang tinatanggap at sa ngayon ay isang umiiral nang katotohanan.
>
> Sinabi ni Bahá'u'lláh sa pinakamalinaw na mga salita na walang pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae sa paningin ng Diyos. Ang kalagayan ng kawalan ng pagkakapantay-

pantay na umiral sa kahabaan ng nakaraang mga panahon ay hindi bunga ng higit na kahusayan ng mga lalaki; ito ay dahil lamang sa ang mga babae ay hindi nabigyan ng parehong pagkakataon upang paunlarin ang lahat ng kanilang natatagong mga kahusayan. Gayumpaman, sa kabila ng pagkiling laban sa kanila, naitala sa kasaysayan ang buhay ng napakaraming mga babae na nakamtan ang pinakadakilang mga tagumpay.

Ang isang gayong babae ay ang Persiyanang makata, si Táhirih. Isinilang siya sa maagang yugto ng siglong 1800 sa isang bansa kung saan ang mga babae ay lubos na nasasailalim sa mga lalaki. Siya ang unang babaeng tumanggap sa katotohanan ng bagong Rebelasyon ng Diyos. Habang kaniyang nasaksihan ang bukang-liwayway ng isang bagong Araw, naging ganap ang kaniyang paniniwalang dumating na ang oras upang makilala ang katotohanan ng pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at mga babae. Itinalaga niya ang kaniyang mga lakas sa pagtatalastas ng katotohanang ito. Nataranta sa kaniyang kaalaman at kahusayan ang pinakamarunong na mga lalaki ng kaniyang panahon. Bagaman ang lakas ng isang mapaniil na hari at isang mangmang at mapagmataas na klero ng panahong iyon ay laban sa kaniya, siya ay hindi nag-atubili nang kahit isang saglit na sabihin ang katotohanan. At sa wakas, ibinuwis niya ang kaniyang buhay para sa Kapakanan na kaniyang matatag na tinanggap.

Ang maniwala roon sa hindi itinadhana ng Diyos ay kamangmangan at pamahiin. Sa kasalukuyan ang mga babae ay dapat bigyan ng bawat pagkakataong magkaroon ng edukasyon at gampanan ang tungkulin na kapantay ng mga lalaki sa lahat ng mga larangan ng pagsisikap ng tao. Hanggang ang pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae ay maging isang realidad sa daigdig na ito, tulad ng nasa espiritwal na kaharian, ang tunay na kaunlaran ng sangkatauhan ay hindi maaaring maganap.

1. Tulad sa laging ginagawa, kailangan ninyong pag-aralan ang pahayag na ito sa inyong grupo at magsanay sa pagsaad ng mga ideya. Nagkaroon ba kayo kamakailan ng anumang mga usapan sa inyong mga kaibigan na nakinabang sana mula sa mga kabatirang inihahain nito? Anu-ano ang mga paksang pinag-uusapan?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Anu-ano ang ilang mga paniniwala at kaugaliang laganap sa lipunan ngayon na kailangang magbago upang makamtan ng kababaihan ang pantay na kalagayan sa kalalakihan sa lahat ng larangan ng pagsisikap?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Ang sumusunod na ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh na maaaring nanaisin ninyong isaulo:

> **"Ang mga babae at mga lalaki ay laging naging at laging magiging magkakapantay sa paningin ng Diyos."[34]**

> **"Hindi ba ninyo alam kung bakit Ko nilikha kayong lahat sa iisang alabok? Upang walang sinuman sa inyo ang magpapataas ng kaniyang sarili nang higit sa iba."[35]**

> **"Sa Araw na ito, inalis ng Kamay ng banal na biyaya ang lahat ng pagtatangi. Ang mga tagapaglingkod ng Diyos at ang Kaniyang mga kawaksing-babae ay itinuturing na nasa magkaparehong antas."[36]**

## BAHAGI 11

Ang huling pahayag na hinihiling na pag-aralan ninyo ay tungkol sa paksa ng pangkalahatang edukasyon:

> Ang pagtataguyod ng edukasyon ay isang napakahigpit na pangangailangan ng ating panahon. Walang bansa ang maaaring magkamit ng kasaganaan maliban kung ang isa sa pangunahing pinagkaka-abalahan nito ay ang edukasyon. Ang pangunahing dahilan ng paghina ng isang sambayanan ay ang kakulangan ng mapagkukunan ng kaalaman.
>
> Ang edukasyon ay kinakailangang magsimula sa kamusmusan. Tungkulin ng ama at ina na gawin ang kanilang sukdulang makakaya upang magkaroon ng edukasyon ang kanilang mga anak, upang linangin ang kanilang mga pag-uugali sang-ayon sa espiritwal at moral na mga batas, at upang tiyakin na sila ay sinasanay sa mga sining at mga agham. Ang mga ina ay ang unang mga tagapagturo ng sangkatauhan; pinasususo nila ang kanilang mga anak sa dibdib ng kaalaman. Ang bawat bata ay kailangang mabigyan ng edukasyon; ito ay hindi isang bagay na maaaring pabayaan. Kung matutustusan ng mga magulang ang gastusin nito, dapat nilang gawin iyon. Kung hindi naman, kailangang tustusan ng pamayanan ang mga pangangailangan para sa edukasyon ng bata.
>
> Dapat paunlarin ng edukasyon sa bawat tao ang mithiing magtamo ng lubusang kahusayan. Dapat tayong mabighani sa pantaong kaganapan at pagsikapang matamo ito nang buong sigasig. Dapat tayong maghangad ng pagtatanging espiritwal, na makilala sa mga kabutihan ng pantaong daigdig—sa kataimtiman, katapatan, paglilingkod sa sangkatauhan, pag-ibig, at katarungan. Dapat nating hangarin ang pagtatangi sa ating mga pagsisikap na itaguyod ang kapayapaan at kaisahan at mapayabong ang pagkatuto. Ang pamamatnubay sa mga tao tungo sa gayong landas ay ang tunay na tungkulin ng edukasyon.

1. Pagkatapos mapag-aralan ang pahayag na ito sa inyong grupo, sikaping tukuyin ang ilan sa mga alalahanin ng inyong mga kaibigan tungkol sa edukasyon. Paano matutugunan ng mga ideya sa itaas ang kanilang mga alalahanin?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Iminumungkahing isaulo ninyo ang isa o higit pa sa sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

**"Hindi kanais-nais na ang isang tao ay hahayaang walang kaalaman o kasanayan, sapagkat siya sa gayon ay isa lamang punong walang bunga."[37]**

**"Ituon ang inyong mga kaisipan at mga kalooban sa edukasyon ng mga tao at mga kaanak sa daigidig . . ."[38]**

**"Ang mga sining, mga likhang-kamay, at mga agham ay nagtataas sa daigdig ng sangkatauhan, at nakatutulong sa kadakilaan nito."[39]**

**"Sa katotohanan, ang kaalaman ay isang tunay na kayamanan ng tao, at isang pinagmumulan ng kaluwalhatian, biyaya, kaligayahan, kadakilaan, kagalakan at kasiyahan para sa kaniya."[40]**

## BAHAGI 12

Ang kapayapaan ay isang paksang nasa isipan ng bawat isa. Ang pagtatatag nito ang pinakamahigpit na pangangailangan at napakahalaga. Ngayong napag-isipan na ninyo nang bahagya ang mga simulaing ibinalangkas sa naunang mga pahayag, maaaring makatulong sa inyo ang pagnilayan ang paksa ng pandaigdigang kapayapaan.

Siyempre, malaki ang nakasalalay sa mga pamahalaan upang gumawa ng praktikal na mga hakbang nang sa gayon ay maiwaksi ang digmaan. Ang mga kasunduang pampulitika upang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan at upang mabawasan ang sandata ay napakahalaga para sa pagtataguyod ng kapayapaan, at gayundin ang napakaraming mga anyo ng pandaigdig na pagtutulungan sa pagitan ng mga bansa. Gayumpaman, gaanuman kahalaga ang gayong mga hakbang, hindi hahantong ang mga ito sa namamalaging kapayapaan kung ang mga simulaing tinalakay sa nakaraang mga bahagi ay hindi maitatatag sa buong mundo. Maliban kung matutunan ng mga tao ang siyasatin ang realidad at mapagtantong ang katotohanan ay iisa, maitatanong natin sa ating mga sarili, hindi ba magpapatuloy lamang ang matatagal nang umiiral na mga poot? Tayong lahat ay may iisang pinagmulan. Ang Diyos ay patuloy na pinangangalagaan tayong lahat at sinasanay tayong lahat sa pamamagitan ng Kaniyang mga Kahayagan. Ang Kanilang mga turo ay nakasalig sa parehong batayan ng pag-ibig at mabuting samahan. Sa pagkakataon lamang na tinatanggap na ang pagkakaisa ng relihiyon ay doon lamang hihinto ang pag-aaway sa relihiyon at ang liwanag ng relihiyon ay tatanglaw sa landas patungo sa kapayapaan. Dapat pa nating itanong, hindi ba kinakailangang gumawa nang magkatugma ang agham at relihiyon upang mapawi ang mga ulap ng kamangmangan at maipakita ang pagkakamali ng bawat uri ng pagkiling, na ang bawat isa ay malaking balakid sa kapayapaan? Ang isa pang katanungan na dapat itanong ay kung maitataguyod ba ang isang mapayapang mundo kung ang kasalukuyang napakalaking agwat sa pagitan ng mahirap at mayaman ay hindi pa nalulutas sa bawat sulok ng mundo? At hanggang hindi pahintulutan ang kababaihan na kumilos sa lahat ng larangan ng pagsisikap ng tao sa pantay na katayuan sa kalalakihan ay hindi magbabago ang karahasang naging katangian ng

napalaking bahagi ng kasaysayan upang maging kapayapaan at tunay na kasaganaan. Ang susunod na mga salinlahi ay kailangang turuan lahat alinsunod sa gayong mga simulain, kung hindi ang bawat pag-asa para sa kapayapaan ay mawawalan ng saysay. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh upang maibahagi ninyo ito sa mga ibang nagmamalasakit sa hinaharap ng sangkatauhan:

> **"Ang katiwasayan ng sangkatauhan, ang kapayapaan at kaligtasan nito, ay hindi matatamo hanggang at habang ang pagkakaisa nito ay hindi matibay na naitatatag."[41]**

## REFERENCES


1. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CIX, par. 2, p. 243.
2. Ibid., CXXXII, par. 1, p. 325.
3. Ibid., XXXIV, par. 5, p. 89.
4. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1988, 2005 printing), no. 11.1, p. 161.
5. Bahá'u'lláh, *The Kitáb-i-Íqán: The Book of Certitude* [Ang Kitáb-i-Íqán: Ang Aklat ng Katiyakan] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2003, 2018 printing), par. 151, p. 131.
6. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], XXVIII, par. 2, p. 77.
7. Ibid., XXIV, par. 1, p. 66.
8. Ibid., CXI, par. 1, p. 246.
9. Ibid., XLIII, par. 6, p. 106.
10. Ibid., CX, par. 1, p. 244.
11. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 15.4, p. 220.
12. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], XCV, par. 1, pp. 219–20.
13. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 9.13, p. 141.
14. Ibid., no. 5.13, p. 51.
15. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXII, par. 1, pp. 247–48.
16. Ibid., CXXXII, par. 3, p. 326.
17. Ibid., CXI, par. 1, p. 246.
18. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 7.20, p. 90.
19. Ibid., no. 6.25, pp. 66–67.
20. Bahá'u'lláh, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* [Ang Pagsapit ng Banal na Katarungan] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2018 printing), par. 42, p. 41.
21. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 3.23, p. 27.
22. Bahá'u'lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2003, 2012 printing), Persian no. 80, p. 51.
23. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 6.19, p. 64.

24. Ibid., no. 6.37, p. 71.

25. Bahá'u'lláh, in *Ḥuqúqu'lláh—The Right of God: A Compilation of Extracts from the Writings of Bahá'u'lláh and 'Abdu'l-Bahá and from Letters Written by and on Behalf of Shoghi Effendi and the Universal House of Justice* [Ḥuqúqu'lláh—Ang Karapatan ng Diyos: Isang Kalipunan ng mga Sipi mula sa mga Kasulatan nina Bahá'u'lláh at 'Abdu'l-Bahá at mula sa mga Liham na isinulat ni o sa ngalan ni Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2007), no. 16, p. 16.

26. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXVIII, par. 2, p. 283.

27. Ibid., CXVII, par. 1, p. 282.

28. Bahá'u'lláh, cited by Shoghi Effendi, *The Promised Day Is Come* [Ang Ipinangakong Araw ay Dumating Na] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1996, 2018 printing), par. 279, p. 187.

29. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXVII, par. 1, p. 282.

30. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 4.11, p. 36.

31. Ibid., no. 6.3, p. 57.

32. Ibid., no. 6.3, p. 58.

33. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Persian no. 5, pp. 23–24.

34. Bahá'u'lláh, in *Women: Extracts from the Writings of Bahá'u'lláh, 'Abdu'l-Bahá, Shoghi Effendi and the Universal House of Justice* [Kababaihan: Mga Halaw mula sa mga Kasulatan nina Bahá'u'lláh, 'Abdu'l-Bahá, Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1986, 1997 printing), no. 54, p. 26.

35. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Arabic no. 68, p. 20.

36. Bahá'u'lláh, in the compilation *Women* [Kababaihan], no. 3, p. 3.

37. Bahá'u'lláh, in *Excellence in All Things: A Compilation of Extracts from the Bahá'í Writings* [Kahusayan sa Lahat ng Bagay: Isang Kalipunan ng mga Sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (London: Bahá'í Publishing Trust, 1981, 1989 printing), no. 5, p. 2.

38. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CLVI, par. 1, p. 378.

39. Bahá'u'lláh, *Epistle to the Son of the Wolf* [Epistola sa Anak ng Lobo] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1988, 2016 printing), p. 26.

40. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 5.13, p. 52.

41. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXXI, par. 2, p. 324.



# Mga Paksa ng Pagpapalalim

## Layunin

Upang paunlarin ang kakayahang dumalaw sa mga kaibigan at mga kapitbahay nang mapag-usapan ang mga paksang may espiritwal na kahalagahan

## BAHAGI 1

Itong pangatlong yunit, tulad ng nauna, ay patungkol sa mga kakayahang nagbibigay-daan upang makapasok tayo sa makahulugan at nagpapasiglang usapan. Ang pinagtuunan natin ng pansin sa pangalawang yunit ay ang maraming mga pagkakataon kung kailan maitataas natin ang antas ng usapan sa pamamagitan ng pagtukoy sa espiritwal na mga alituntunin. Dito ay itutuon natin ang pansin sa mga pagdalaw natin sa mga tahanan ng mga kaibigan at mga kapitbahay upang siyasatin nang sama-sama ang mga paksang may pangunahing kahalagahan sa pamumuhay ng pamayanan.

Sa mga nayon at mga kapitbahayan sa buong mundo, ang mga grupo ng mga kaibigan ay masigasig na nakikibahagi sa isang hanay ng magkakaugnay na mga gawain, na kabilang doon ang mga pagtitipon upang manalangin, mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata, mga pagpupulong ng mga junior youth, mga study circle, at mga youth camp at iba't ibang mga uri ng kampanya. Habang itong paraan ng paggawa ay nag-uugat sa isang lokalidad at habang ang lumalaking bilang ay nagtatalaga ng kanilang mga sarili sa mga gawain ng paglilingkod, ang nucleus o panimulang pangkat ng mga kaibigan ay lumalaki ang sukat at lakas. Ang masistemang programa ng pagdalaw sa patuloy na dumaraming mga tahanan sa nayon o kapitbahayan ay isang napakahalagang sangkap ng proseso ng pagtatatag ng pamayanan na ngayon ay bumibilis na ang buwelo. Ang magkakaibang mga paksa ay tinatalakay sa gayong mga pagdalaw. Halimbawa, kailangang madalas dumalaw ang guro ng isang Bahá'í na klase para sa mga bata sa mga magulang ng mga musmos upang talakayin ang mga paksang nauugnay sa edukasyon. Ang kahalintulad na mga pagdalaw ay kailangang gawin ng mga naglilingkod bilang mga animator at mga tutor sa mga tahanan ng mga junior youth at mga kabataan upang talakayin ang mga paksang kaugnay ng mga hamon at mga pagkakataong hinaharap sa mga taon na iyon na hitik ng pangako sa buhay ng isang tao. Ang mga usapang isinasagawa kasama ang mga kasapi ng isang sambahayan ukol sa mga paksang nagpapalalim sa kanilang kaalaman tungkol sa Pananampalataya gayundin ay napakahalaga. Sa kabuuan, ang epekto ng gayong mga pagdalaw sa kultura ng mabuting samahan na umuusbong sa pamayanan ay hindi matatawaran.

## BAHAGI 2

Para sa layunin ng yunit na ito, sisiyasatin natin ang isang likhang-isip na kapitbahayan kung saan ay sumusulong ang prosesong inilarawan sa naunang bahagi, at gagamitin natin ito bilang konteksto para sa pagsusuri ng mga uri ng mga usapang maaaring maganap sa pagdalaw sa isang tahanan.

Si Alejandra ay isang kabataang babae na nasa ikatlong taon sa isang unibersidad. Siya at ang isa sa kaniyang mga kapatid na lalaki, na isa ring mag-aaral, ay nakatira sa kanilang mga magulang sa kapitbahayang iniisip natin, sa tahanang kung saan sila isinilang at lumaki. Silang apat at ang bata pang mag-asawa na kamakailan lamang ay lumipat sa kapitbahayan ay nagkikita linggu-linggo upang manalangin at magsanggunian tungkol sa pag-unlad ng mga gawaing naitatag sa palibot nila sa loob ng halos 8,000 na populasyon. May tatlong iba pa ang nakikilahok paminsan-minsan sa mga lingguhang pagpupulong na ito at nagsisimula nang mag-isip nang masistema hindi lamang sa kanilang sariling mga gawain ng paglilingkod kundi pati na rin sa buong proseso ng pagtatatag ng pamayanan: isang guro ng klase para sa mga bata na nagsimula anim na buwan na ang nakalilipas, at dalawang kabataang labimpitong taong gulang

na gumagabay sa mga pagsisikap ng isang junior youth group at tinutulungan ng isang kuya ni Alejandra, na dati ay animator ng kanilang sariling grupo noong sila ay mas bata pa at sa ngayon ay lagi siyang bumibisita sa kaniyang mga magulang.

Ang unang pangkat ng mga usapang susuriin natin ay sa pagitan nina Alejandra at ng mga Sanchez, isang pamilyang kilalang-kilala at labis na iginagalang sa kapitbahayan. Ang mag-asawa ay nasa kanilang ika-animnapung taong gulang na, at dahil napalaki na nila ang kanilang mga anak, dalawa na lamang silang naninirahan sa kanilang bahay na may ilang kanto ang layo mula sa tahanan ni Alejandra. Sina G. at Gng. Sanchez ay marunong bumasa at sumulat ngunit wala silang mataas na pinag-aralan. Ang malawakang paggalang na tinatamasa nila ay dahil sa karunungang natamo nila mula sa mga karanasan sa isang buhay na mapagbigay at mga gawaing dalisay. Matagal-tagal na rin nilang alam ang tungkol sa mga turo ng Bahá'í, subalit kamakailan lamang sila nagpasiyang siyasatin ito nang masinsinan. Isang linggo na ang nakararaan nang iparating nila sa mga magulang ni Alejandra ang kanilang pagnanais na maging kasapi ng pamayanan. Ang isang pagtitipon upang malugod silang tanggapin ay naiplano na, at karagdagan doon ay napagkasunduang regular na dadalawin sila ni Alejandra nang ilang linggo upang ibahagi sa kanila ang isang serye ng mga paksa na makatutulong sa kanila upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa Pananampalataya. Habang sinusundan ninyo ang kuwento ng mga pagdalaw, magagawa ninyong saliksikin ang mga paksang ito at kaalinsabay niyon ay pagnilay-nilayan ang mga puwersang nagpupunuan sa mga usapan sa ganitong mga pagkakataon.

## BAHAGI 3

Plano ni Alejandra na ibatay ang kaniyang unang pakikipag-usap kina G. at Gng. Sanchez sa sumusunod na maikling paliwanag tungkol sa paksa ng walang-hanggang Kasunduan ng Diyos.

> Ang Maylikha ng lahat ng bagay ay ang Diyos, ang Nag-iisa, ang Walang-Kahalintulad, ang Sariling Ganap. Itinuturo ni Bahá'u'lláh sa atin na ang pinakadiwa ng Diyos ay hindi kayang unawain ng isipan ng tao, sapagkat hindi kayang unawain ng may-hangganan ang walang-hanggan. Ang mga paglalarawan ng tao sa Kaniya ay mga bunga lamang ng sarili nilang mga guni-guni. Ang Diyos ay hindi isang tao, at Siya ay hindi isang puwersa lamang na laganap sa buong sanlibutan. Napipilitan tayong gumamit ng mga salita upang tukuyin ang ating Pinagmulan, tulad ng Makalangit na Ama, Makalangit na Kapangyarihan, Dakilang Espiritu, at ang mga iyon ay naghahayag ng Kaniyang mga pangalan at mga katangian sa salita ng tao na lubusang kulang upang mailarawan Siya.
>
> Sa Natatagong mga Salita, ating nababasa:
>
> **"O Anak ng Tao! Inibig Ko ang paglikha sa iyo, kaya nilikha Ko ikaw. Dahil doon, pakaibigin mo Ako, nang sa ganyan ay banggitin Ko ang iyong pangalan at puspusin ang iyong kaluluwa ng espiritu ng buhay."**[1]
>
> Sa siping ito, sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na ang pag-ibig ng Diyos sa atin ay ang pinakadahilan ng ating pagkabuhay. Kailangang lagi nating batid ang pag-ibig na ito, na nangangalaga sa atin, nagbibigay lakas sa atin, at pumupuspos sa atin ng espiritu ng

buhay. Sa mga sandali ng hirap o ginhawa, ng lungkot o ligaya, kailangan nating alalahanin na patuloy tayong nababalot ng Kaniyang pag-ibig.

Mula sa mga katuruang Bahá'í, ating natututunan na yamang nilikha tayo mula sa Kaniyang pag-ibig, ang Diyos ay pumasok sa isang Kasunduan sa atin. Ang salitang "kasunduan" ay nangangahulugan ng usapan o pangako sa pagitan ng dalawa o higit pang mga panig. Ayon sa walang-hanggang Kasunduan, hindi tayo kailanman iiwan ng Manlilikhang Lubos ng Mapagpala, at sa pana-panahon ay isinisiwalat sa atin ang Kaniyang Kalooban at Layunin sa pamamagitan ng isa sa Kaniyang mga Kahayagan.

Ang pandiwang "ihayag" ay nangangahulugang ilantad, ipakita ang anumang hindi pa nalalaman noon. Ang mga Kahayagan ng Diyos ay yaong natatanging mga Nilalang na naghahayag sa atin ng Salita ng Diyos. Sila ang pangkalahatang mga Tagapagturo na nagtuturo sa atin kung paano mamuhay nang naaayon sa Kalooban ng Diyos at kung paano magkamit ng tunay na kaligayahan. Kabilang sa mga Kahayagang ito ay sina Abraham, Krishna, Moises, Zoroaster, Buddha, Hesukristo, Muḥammad, at siyempre, ang Báb at si Bahá'u'lláh, ang kambal na mga Kahayagan ng Diyos para sa panahong ito sa kasaysayan ng tao.

Samakatwid, sa walang-hanggang Kasunduan ng Diyos, ang Kaniyang bahagi ay laging natutupad. Ang isang pangunahing katanungan na dapat nating itanong sa ating mga sarili ay, "Paano ko tinutupad ang aking bahagi sa Kasunduang ito? Ang kasagutang makikita natin sa lahat ng mga santong kasulatan ng mga relihiyon ay: sa pamamagitan ng pagkilala sa Kahayagan ng Diyos at sa pagsunod sa Kaniyang mga turo. Isinasaad ng tugong ito ang pinakalayunin ng ating mga buhay, na yaon ay upang kilalanin at sambahin ang Diyos. Sa maikling dalanging katungkulang isagawa, sinasabi natin:

**"Saksi Ako, O aking Diyos, na nilalang Mo ako upang kumilala sa Iyo at sumamba sa Iyo. Sumasaksi ako, sa sandaling ito, sa aking kawalang-lakas at sa Iyong kapangyarihan, sa aking karukhaan, at sa Iyong kayamanan.**

**"Walang iba pang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap."[2]**

Sapagkat hindi natin maaaring makilala ang Diyos liban sa pamamagitan ng Kaniyang mga Kahayagan, ang tanging paraan upang matupad natin ang layunin ng ating buhay ay sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanila at sa pagsunod sa Kanilang mga turo. Sa araw na ito, ang ating mga puso ay nag-uumapaw sa pasasalamat dahil sa nabuhay tayo sa panahon kung kailan ang pangakong ibinigay sa lahat ng mga Banal na Aklat, na maitatatag ang kapayapaan at katarungan sa daigdig, ay tinutupad na. Ipinapahayag ni Bahá'u'lláh:

**"Ito ang Araw na ibinuhos sa mga tao ang pinakamahusay na mga pagpapala ng Diyos, ang Araw na isinalin sa lahat ng nilikhang bagay ang Kaniyang napakalaking biyaya. Tungkulin ng lahat ng mamamayan ng daigdig ang pagkasunduin ang kanilang mga hidwaan, at sa lubos na pagkakaisa at kapayapaan, ay manahan sa ilalim ng lilim ng Puno ng Kaniyang pangangalaga at mapagmahal na kagandahang-loob."[3]**

Bago tayo magpatuloy sa ating kuwento, dapat ninyong basahin ang paliwanag na ito at nilay-nilayin ang bawat isang parapo sa inyong grupo. Maaari kayong magtanungan sa isa't isa at sagutin ang mga ito nang magkasabay, hanggang sa nasasabi na ng bawat isa sa inyo ang mga ideya nito nang natural at mahusay. Napakahalagang matutunan nang mahusay ang mga sipi, sapagkat ang pagbabahagi ng mga sipi mula sa mga Kasulatan sa ganitong uri ng mga talakayan ay lubos na kinakailangan. Ang sumusunod na mga pagsasanay ay makatutulong sa inyo upang mapag-isipan ang mga ideyang ibinigay sa bahaging ito at sa kahulugan ng mga sipi:

1. Paano ninyo ipaliliwanag sa isang tao na ang pinakadiwa ng Diyos ay hindi natin kayang unawain? Ang unang talata ay makatutulong sa inyo tungkol dito.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Bakit tayo nilikha ng Diyos? ______________________

______________________________________________

3. Ano ang kahulugan ng salitang "kasunduan"? ______________

______________________________________________

4. Ano ang ipinangako ng Diyos sa Kaniyang walang hanggang Kasunduan sa sangkatauhan? ______________________________

______________________________________________

5. Ano ang layunin ng ating mga buhay? __________________

______________________________________________

6. Kung hindi natin kailanman mauunawaan ang pinakadiwa ng Diyos, ano ang kahulugan na ang layunin ng ating buhay ay upang kilalanin ang Diyos? _____

______________________________________________

7. Ano ang kahulugan ng salitang "ihayag"? _________________

______________________________________________

8. Banggitin ang ilan sa mga Kahayagan ng Diyos: ______________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

9. Ano ang hinihingi sa atin upang matupad natin ang ating bahagi sa Kasunduan? ___

______________________________________________

10. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Ito ang Araw na ibinuhos sa mga tao ang ________________________________ ng Diyos.

b. Ito ang Araw na isinalin sa lahat ng nilikhang bagay ang ____________________ ____________ ng Diyos.

c. Sa Araw na ito, tungkulin nating ____________________ ang ating mga hidwaan, at sa lubos na pagkakaisa at kapayapaan, ay ____________________ ____________________________________________________ .

11. Ano ang hinihiling ni Bahá'u'lláh na gawin ng mga tao sa daigdig? ____________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

# BAHAGI 4

Ang nilalaman ng paksang binabalak ni Alejandra na ibahagi kay G. at Gng. Sanchez ay hindi ang tanging bagay na nasa kaniyang isipan. Umaasa siyang makabubuo siya ng isang matibay na bigkis ng pagkakaibigan sa mag-asawa. Mula sa sariling karanasan, alam niya ang masamang mga epekto ng kapuwa pagkiling at ang saloobing mapagmataas. Siyempre ay iiwasan niya ang mga ito; ang kaniyang pag-aaral sa kolehiyo ay hindi nakabawas sa kaniyang kababaang loob. Walang nasa kaniyang puso kundi ang tunay na pagmamahal at paggalang sa mga Sanchez. Habang pinag-iisipan niya kung paano niya ipaliliwanag ang unang paksa, ipinapaalaala niya sa kaniyang sarili na ito ang simula ng isang usapang magpapatuloy sa loob ng maraming mga linggo. Batid niyang bagaman mahalagang ilahad nang malinaw ang serye ng mga ideya, dapat siyang tumigil sa ilang mga yugto upang makinig sa tugon ng mag-asawa. "Dapat sikapin kong hindi kabahan," sabi niya sa kaniyang sarili, "dahil kapag kinakabahan ako salita ako nang salita, at mawawala ang pagkakataong makabuo ng magandang usapan." Nagpatuloy nang ilang sandali ang ganitong pag-iisip ni Alejandra tungkol sa kaniyang pagdalaw. Kung ikaw ang nasa kaniyang kalagayan, alin sa mga sumusunod ang ituturing mong nararapat na mga kaisipan?

_____ Tungkulin kong turuan ang mga Sanchez tungkol sa Pananampalataya at tiyaking matutunan nila ang lahat ng itinuturo ko sa kanila.

_____ Napakalaking pribilehiyo ang magkaroon ng panahong makasama itong kahanga-hangang mag-asawa at ibahagi sa kanila ang mga sipi mula sa mga Kasulatan.

_____ Alam kong mahalaga ang pagdalaw na ito. Gayumpaman, inaasahan kong hindi ito magtatagal dahil may iba pa akong gagawin.

_____ Ang mga sipi ay magiging napakahirap para sa kanila. Dapat lamang akong bumanggit ng ilang simpleng ideya. Ang mahalaga ay maipakita sa kanila ang pagmamahal.

_____ Sa kanilang edad, wala nang masyadong matututunan ang mga Sanchez.

______ Inaasam ko ang aking pagdalaw at ang mapakinggan ang malalalim nilang pag-unawa habang tinatalakay namin ang paksa at nagninilay-nilay sa mga sipi.

______ Marunong naman silang bumasa. Ipakikilala ko lamang ang paksa at iiwanan sa kanila ang mga sipi upang pag-aralan nila para sa kanilang mga sarili.

______ Kapag naglalahad ng mga ideya, kailangan kong huminto nang madalas upang magkasama naming mapag-aralan ang mga sipi at magsanggunian tungkol sa mga ito.

______ Sana ay mailahad ko ang buong tema nang tuloy-tuloy at tatanungin na lang sila sa huli kung may mga katanungan sila.

Maaari ba kayong iba pang mga kaisipan na inyong nais o hindi nais habang kayo ay naghahanda para sa gayong pagdalaw?

## BAHAGI 5

Ang unang pagdalaw ni Alejandra sa tahanan ng mga Sanchez ay naging maayos. Napansin ng mag-asawa ang kaniyang kaba at pinapagaan ang kaniyang pakiramdam sa init ng kanilang pagtanggap at kabaitan. Maingat silang nakikinig at ganap na nakikilahok sa talakayan, at nagbibigay ng natatanging pansin sa mga sipi. Ang tanging sandali ng salimuot ay nasa bandang huli nang ginulat ni Gng. Sanchez si Alejandra ng isang katanungan: “Kalilimutan ko ba si Hesukristo sa pagsali ko sa pamayanang Bahá'í?” Alam ni Alejandra ang sagot, subalit kailangan niya ng kaunting panahon upang mabuo ito. Ngumiti si G. Sanchez at tinulungan siya: “Sa palagay ko ang aking pag-ibig kay Hesukristo ay lalo pang lumago mula nang malaman namin ang tungkol sa mga turo ng Bahá’í.” “At ganoon nga din po ang nangyayari sa napakarami sa buong mundo,” idinagdag ni Alejandra, na napagdugtong-dugtong na ang kaniyang mga kaisipan. “Ang kanilang pagmamahal kina Moises, Hesukristo, Krishna, Buddha, Zoroaster, at Muhammad ay pinatibay dahil sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh tungkol sa pagkakaisa ng Diyos, pagkakaisa ng relihiyon, at pagkakaisa ng sangkatauhan.”

Magiging kapaki-pakinabang sa inyo na maglaan ng ilang sandali sa inyong grupo upang talakayin ang ilang mga katangian at kaugaliang umiiral sa pagdalaw ni Alejandra na nakatulong upang maging mabunga iyon. Ang pangunahing katangian na kailangan ninyong isaalang-alang ay ang kababaang-loob. Ang saligan ng lahat ng kababaang-loob ay ang kababaang-loob sa harap ng Diyos. Mula rito ay bumubukal ang kababaang-loob sa harap ng Kaniyang mga nilikha. Walang pagkakataong higit na mahalaga ang kababaang-loob kaysa sa pagsasalita tungkol sa Diyos at sa Kaniyang mga Kahayagan. Dapat kayong magnilay-nilay tungkol sa sumusunod na sipi at gumawa ng bawat pagsisikap upang isaulo ito:

> **“Silang mga minamahal ng Diyos, saanmang lugar sila magtipon at sinuman ang kanilang makatagpo, ay kailangang ipakita, sa kanilang pakikitungo sa Diyos, at sa gawi ng kanilang pagbubunyi ng papuri at pagluwalhati sa Kaniya, ng gayong pagpapakumbaba at pagiging palasunod na bawat atomo ng alabok sa ilalim ng kanilang mga paa ay maaaring magpatunay sa kasidhian ng kanilang katapatan. Ang pakikipag-usap na ginagawa ng mga banal na kaluluwang ito ay dapat magtaglay ng ganoong bisa na ang mga atomo ng alabok ding ito ay kikiligin sa kapangyarihan nito. Dapat silang kumilos sa gayong gawi na ang lupa na**

**kanilang tinatapakan ay hindi kailanman mapahihintulutang makapagsabi sa kanila ng mga pananalitang tulad nito: 'Higit akong mamabutihin kaysa sa iyo. Sapagkat saksihan kung paano akong nagtitiis sa pagdadala ng pasanin na ibinibigay sa akin ng magbubukid. Ako ang kagamitang patuloy na nagbibigay sa lahat ng nilalang ng mga pagpapala na ipinagkatiwala sa akin Niya na Siyang Bukal ng lahat ng biyaya. Sa kabila ng parangal na ibinigay sa akin, at ang hindi mabilang na mga katibayan ng aking kayamanan—isang kayamanang tumutustos sa mga pangangailangan ng lahat ng nilikha—masdan ang tindi ng aking pagpapakumbaba, saksihan ang aking pagiging sukdulang palasunod sa pagpapahintulot na tapakan ang sarili ko ng mga paa ng tao. . . .'"[4]**

Tulad ng nabanggit sa naunang mga talata, ang kababaang-loob sa harap ng ating mga kapwa tao ay bumubukal mula sa kababaang-loob sa harap ng Diyos. Sa ganito ring kababaang-loob tayo ay pumapasok sa madasaling saloobin habang dumadalaw sa tahanan ng isang kaibigan o kapibahay upang sama-samang magpalalim ng pag-unawa sa ilang mga paksa. Sa panahon ng pag-uusap, madalas nating ibinabaling ang ating mga kaisipan patungo sa Diyos, hinihiling sa Kaniya na tanglawan ang ating mga isipan at puso at ng lahat ng naroroon. Maraming mga parirala at mga pangungusap mula sa mga panalangin na maaari nating isaulo para sa ganitong layunin. Ito ay ang ilan lamang sa mga iyon:

**"Tanglawan ang aming mga puso, pagkalooban kami ng naka-uunawang mga mata at ng nakikinig na mga tainga."[5]**

**"O Panginoon! Ipagkaloob ang Iyong walang-hanggang mga biyaya, at tulutang sumikat ang liwanag ng Iyong pamamatnubay."[6]**

**"Buksan ang mga pintuan ng tunay na pag-unawa at tulutang sumikat nang maningning ang liwanag ng pananalig."[7]**

**"O Panginoon, tanglawan ang aming mga mata nang sa ganoon ay makita namin ang Iyong liwanag."[8]**

**"Ganap na sa Iyo ako bumabaling, mataimtim na nagsusumamo sa Iyo na lakip ang buong puso, pag-iisip at dila, na ipagsanggalang ako sa lahat ng labag sa Iyong kalooban, dito sa siglo ng Iyong banal na kaisahan . . ."[9]**

## BAHAGI 6

Puspos ng kaligayahan ang puso ni Alejandra pagkatapos ng kaniyang pagdalaw sa tahanan ng mga Sanchez at ng kaniyang pakikipag-usap sa kanila sa paksa ng walang hanggang Kasunduan. "Ang susunod na pagdalaw," kaniyang inisip, "ay magiging isang magandang pagkakataon para sa kanila upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa buhay ni Bahá'u'lláh." Ang sumusunod na paglalahad ang kaniyang pagkukunan ng ibabahagi:

Si Bahá'u'lláh ay ipinanganak noong ika-12 ng Nobyembre 1817 sa Ṭihrán, ang kabiserang lungsod ng Persia. Mula sa kamusmusan Siya ay nagpakita ng higit sa karaniwang mga katangian, at ang Kaniyang mga magulang ay naniniwalang Siya ay itinalaga sa kadakilaan. Ang ama ni Bahá'u'lláh, na isang tanyag na ministro sa korte

ng hari ng Persia, ay may napakalaking pagmamahal sa kaniyang Anak na lalaki. Isang gabi, siya ay nanaginip na si Bahá'u'lláh ay lumalangoy sa isang walang-katapusang karagatan, na ang Kaniyang katawan ay nagniningning at tinatanglawan ang malawak na karagatan. Sa paligid ng Kaniyang ulo ay nakasabog ang Kaniyang mahaba at napakaitim na buhok, na lumulutang sa lahat ng direksyon. Isang kawan ng mga isda ay nakapaligid sa Kaniya, bawat isa ay nakakapit sa isang hibla ng buhok. Kahit napakarami ang bilang ng mga isda, wala ni isang hibla ng buhok ang natanggal mula sa ulo ni Bahá'u'lláh. Malaya at hindi napipigilan, Siya ay kumikilos sa ibabaw ng tubig, at silang lahat ay sumusunod sa Kaniya. Hiniling ng ama ni Bahá'u'lláh sa isang lalaking bantog sa kaniyang karunungan na ipaliwanag ang panaginip. Sinabi sa kaniyang ang walang-katapusang karagatan ay ang daigdig ng nilalang. Nang nag-iisa at sa sariling kakayahan, si Bahá'u'lláh ay magtatamo ng paghahari dito. Ang kawan ng mga isda ay kumakatawan sa kaguluhang pupukawin Niya sa mga bansa ng daigdig. Siya ay magtataglay ng walang-maliw na pagsasanggalang ng Lubos na Makapangyarihan, at walang anuman ang makapipinsala sa Kaniya.

Nang si Bahá'u'lláh ay labintatlo o labing-apat na taong gulang, kilala na Siya sa korte ng hari dahil sa Kaniyang karunungan at kaalaman. Siya ay dalawampu't dalawang taong gulang nang mamatay ang Kaniyang ama, at inalok ng pamahalaan ang mataas na katungkulang iyon kay Bahá'u'lláh. Ngunit wala Siyang hangaring gugulin ang Kaniyang panahon sa pangangasiwa sa makamundong mga gawain. Nilisan Niya ang korte at ang mga ministro nito upang tahakin ang landas na itinalaga sa Kaniya ng Diyos. Ginugol Niya ang Kaniyang panahon sa pagtulong sa inaapi, sa maysakit at sa dukha, at di-nagtagal Siya ay nakilala bilang isang kampeon ng kapakanan ng katarungan.

Sa gulang na dalawampu't pito, si Bahá'u'lláh ay tumanggap, sa pamamagitan ng isang natatanging mensahero, ng ilan sa mga Kasulatan ng Báb, na Siya ay nagpapahayag ng pamimitak ng isang bagong Araw, ang Araw kung kailan ang isang bagong Kahayagan ng Diyos ay maghahatid sa daigdig ng kapayapaan, pagkakaisa at katarungan, na matagal nang hinihintay ng sangkatauhan. Agad na tinanggap ni Bahá'u'lláh ang Kalatas ng Báb at naging isa sa Kaniyang lubos na masigasig na tagasunod. Subalit sa kasawiang-palad ang mga namumuno sa mga tao ng Persia, na nabulag ng kanilang makasariling mga hangarin, ay nagpasiyang usigin ang mga tagasunod ng Báb nang may lubhang kabangisan. Si Bahá'u'lláh, sa kabila ng katanyagan ng Kaniyang marangal na pagkatao, ay hindi nakaligtas. Mahigit lang nang kaunti sa walong taon pagkaraan ng Pamamahayag ng Báb, at dalawang taon matapos ang Báb Mismo ay minartir, Siya ay ikinulong sa isang madilim na bartolina na tinatawag na Itim na Balon. Ang mga tanikalang itinali sa Kaniyang leeg ay napakabigat na hindi Niya maiangat ang Kaniyang ulo. Dito si Bahá'u'lláh ay dumanas ng malubhang paghihirap sa loob ng apat na malulupit na buwan. Ngunit sa bartolina ring iyon pinuspos ng Espiritu ng Diyos ang Kaniyang kaluluwa at inihayag sa Kaniya na Siya ang Siyang Ipinangako sa lahat ng panahon. Mula sa madilim na bilangguang ito, ang Araw ni Bahá'u'lláh ay sumikat upang tanglawan ang buong sangnilikha.

Pagkaraan ng apat na buwan sa loob ng Itim na Balon, sinamsam ang lahat ng mga ari-arian ni Bahá'u'lláh at Siya at ang Kaniyang pamilya ay pinalayas bilang mga tapon. Sa matinding ginaw ng taglamig, sila ay naglakbay sa kahabaan ng kanluraning kabundukan ng Persia patungong Baghdád, na noon ay isang lungsod sa Imperyong Ottoman, at ngayon ay ang kabisera ng Iráq. Hindi mailalarawan ng mga salita ang

kanilang pagdurusa habang nilalakad nila ang daan-daang kilometro sa ibabaw ng niyebe at lupang natatakpan ng yelo patungo sa lungsod na iyon na tigib ng tadhana.

Ang katanyagan ni Bahá'u'lláh ay mabilis na lumaganap sa buong Baghdád at sa ibang mga lungsod ng rehiyon, at parami nang parami ang mga taong nagtungo sa pintuan nitong ipinatapong Bilanggo upang tumanggap ng Kaniyang mga biyaya. Ngunit may ilang mga tao na nainggit sa Kaniyang katanyagan. Kabilang dito ang lalaking kapatid sa ama ni Bahá'u'lláh na si Mirzá Yahyá, na namumuhay sa ilalim ng Kaniyang mapagmahal na kalinga. Ang mga pakana ni Mirzá Yahyá ay nagbunga ng pagkakawatak-watak sa mga tagasunod ng Báb at nagdulot ng matinding kalungkutan kay Bahá'u'lláh. Isang gabi, nang walang sinasabihan, umalis si Bahá'u'lláh sa Kaniyang tahanan at nagtungo sa kabundukan ng Kurdistán. Doon Siya ay namuhay nang nag-iisa habang nagdarasal at nagninilay-nilay. Siya ay nanirahan sa isang maliit na yungib at nabuhay sa pamamagitan lamang ng simpleng-simpleng pagkain. Walang sinuman ang nakaalam ng Kaniyang pinanggalingan at walang sinuman ang nakaalam ng Kaniyang pangalan. Ngunit unti-unting pinag-usapan ng mga tao sa rehiyon ang tungkol sa "Siya na Walang Pangalan", na isang dakilang Santo na may karunungang ipinagkaloob sa Kaniya ng Diyos. Nang makarating ang balita tungkol sa isang Banal na Katauhan kay 'Abdu'l-Bahá, ang pinakamatandang anak na lalaki ni Bahá'u'lláh, nakilala kaagad Niya ang mga palatandaan ng Kaniyang minamahal na Ama. Nagpadala ng mga liham sa pamamagitan ng isang natatanging mensahero na nagsusumamo kay Bahá'u'lláh na bumalik na sa Baghdád. Ito ay sinang-ayunan ni Bahá'u'lláh, at dito nagwakas ang isang masakit na paghihiwalay na nagtagal ng dalawang taon.

Sa panahong nawala si Bahá'u'lláh, ang kalagayan ng pamayanang Bábí ay mabilis na naging masama. Sa pitong taong namuhay Siya sa Baghdád pagkatapos Niyang bumalik mula sa kabundukan, isinalin ni Bahá'u'lláh ang isang panibagong espiritu sa inuusig at tulirong mga tagasunod ng Báb. Bagaman hindi pa Niya ipinapahayag ang Kaniyang sariling dakilang katayuan, ang kapangyarihan at karunungan ng Kaniyang mga salita ay nagsimula nang magtamo ng katapatan ng lumalaking bilang ng mga Bábí at ng paghanga ng mga tao mula sa bawat kalagayan ng buhay. Subalit hindi matanggap ng panatikong klerong Muslim ang matinding impluwensiya ni Bahá'u'lláh sa gayong napakalaking bilang ng mga kaluluwa. Umangal sila nang umangal sa mga awtoridad hanggang ang pamahalaan ng Persia ay nakipagsabwatan sa ilang mga opisyal ng Imperyong Ottoman upang ilayo pa si Bahá'u'lláh sa Kaniyang lupang tinubuan, na sa pagkakataong ito ay patungo sa lungsod ng Constantinople (Istanbul).

Ang Abril ng 1863 ay naging isang buwan ng matinding kalungkutan sa mga naninirahan sa Baghdád. Siyang natutunan na nilang mahalin ay aalis na mula sa kanilang lungsod, patungo sa isang di-tiyak na patutunguhan. Kaagad bago Siya umalis, si Bahá'u'lláh ay lumipat sa isang halamanang nasa labas lamang ng lungsod, itinayo ang Kaniyang tolda at sa labindalawang araw ay tinanggap ang daloy ng mga taong nagtipon upang magbigay ng pamamaalam. Ang mga tagasunod ng Báb ay pumunta sa halamanang ito nang mabigat ang mga puso; ang ilan ay sasama kay Bahá'u'lláh sa susunod na yugto ng Kaniyang pagkapatapon, ngunit ang karamihan ay kailangang maiwan at mawawalan ng malapit na ugnayan sa Kaniya. Ngunit hindi ipinasiya ng Diyos na ang pagkakataong ito ay magiging malungkot. Ang mga pintuan ng Kaniyang walang-hanggang biyaya ay ibinukas nang maluwang, at ipinahayag ni Bahá'u'lláh sa mga taong kasama Niya na Siya ang ipinangako ng Báb—Siya na


ihahayag ng Diyos. Ang kalungkutan ay napalitan ng walang-hanggang kaligayahan; ang mga puso ay pinasigla at ang mga kaluluwa ay pinagningas ng apoy ng pag-ibig sa Kaniya. Itong labindalawang araw sa Abril ay ipinagdiriwang ng mga Bahá'í sa lahat ng dako bilang Kapistahan ng Riḍván, ang kaarawan ng Pamamahayag ni Bahá'u'lláh ng Kaniyang Misyon na sumasaklaw sa buong daigdig.

Ang Constantinople ang luklukan ng Imperyong Ottoman. Dito rin, sa loob lamang ng mahigit sa apat na buwan, ang matinding karunungan at personal na panghalina ni Bahá'u'lláh ay nagsimulang umakit sa dumaraming bilang ng mga tao. "Hindi Siya maaaring manatili sa Constantinople nang matagal pa," ang bulong ng panatikong klerong Muslim, na sumulsol sa mga awtoridad na ipatapon Siya sa bayan ng Adrianople (Edirne). Sa Adrianople, kung saan tumigil Siya nang apat at kalahating taon, sumulat si Bahá'u'lláh ng mga Tableta sa mga hari at sa mga pinuno ng daigdig na nananawagan sa kanilang iwanan ang mga gawi ng paniniil, at italaga ang kanilang mga sarili sa ikabubuti ng kalagayan ng kanilang mga mamamayan. Pagkatapos ay nakaisip ang Kaniyang mga kaaway ng isang labis na malupit na parusa. Siya at ang Kaniyang pamilya ay ipatatapon sa 'Akká, na sa panahong iyon ay ang pinakamasamang kolonya ng bilangguan sa buong imperyo. "Tiyak na Siya ay mamamatay sa malupit na mga kalagayan ng lungsod-piitan na iyon," ang inisip ng mga taong mahihina ang utak na nag-aakalang maaari nilang pigilin ang planong sinimulan ng Diyos Mismo.

Ang mga pahirap na tiniis ni Bahá'u'lláh sa 'Akká ay labis na marami upang isalaysay. Salat Siya sa bawat kaginhawahan at pinaligiran ng mga kaaway sa araw at gabi. Ngunit ang mga kalagayan ng pagkabilanggo ay unti-unting nabago. Ang mga naninirahan sa 'Akká at ang pamahalaan nito ay napaniwalang walang kasalanan ang maliit na grupo ng mga Bahá'í na ipinatapon sa kanilang lungsod. Muling naakit ang mga tao sa karunungan at pagmamahal nitong pambihirang Katauhan, kahit na hindi naunawaan ng karamihan sa kanila ang Kaniyang dakilang katayuan. Pagkalipas ng halos siyam na taon, ang mga pintuan ng lungsod-piitan ay ibinukas kay Bahá'u'lláh at sa Kaniyang mga tagasunod. Nagawa ng Kaniyang minamahal na Anak na lalaki, si 'Abdu'l-Baha, na makakuha ng maayos na tirahan para sa Kaniyang Ama na nasa labas ng mga pader ng lungsod, at sa dakong huli ay naupahan ni 'Abdu'l-Baha ang isang tahanan sa kanayunan kung saan ay ginugol ni Baha'u'llah ang nalalabing labintatlong taon ng Kaniyang buhay nang mas tahimik at tiwasay. Kilala natin ngayon ang tahanang ito bilang ang Mansiyon ng Bahjí, at doon Siya ay yumao noong Mayo 1892 sa rurok ng Kaniyang karingalan at kaluwalhatian.

Itinaas ni Bahá'u'lláh ang bandila ng pandaigdigang kapayapaan at kapatiran at ipinahayag ang Salita ng Diyos. Kahit na pinagsama-sama ng Kaniyang mga kaaway ang kanilang mga lakas laban sa Kaniya, Siya ay nagwagi tulad ng ipinangako ng Diyos sa Kaniya habang Siya ay nasa mga tanikala sa madilim na bartolina ng Ṭihrán. Habang nabubuhay pa Siya, muling binigyang-buhay ng Kaniyang Kalatas ang mga puso ng libu-libong mga tao. At sa ngayon, ang Kaniyang mga turo ay patuloy na lumalaganap sa buong daigdig. Walang anuman ang maaaring pumigil sa Kaniya sa pagkakamit ng Kaniyang sukdulang hangarin, na pagkaisahin ang sangkatauhan sa iisang pandaigdigang Kapakanan, sa iisang pangkalahatang Pananampalataya.

Ang salaysay ng buhay ni Bahá'u'lláh ay may kahabaan. Bago tumungo sa kasunod na mga pagsasanay, dapat ninyong basahin ang bawat isang parapo ng kuwento nang ilang ulit sa inyong grupo at magtanungan hanggang sa matutunan ninyo nang mahusay ang nilalaman at madali na ninyong nailalahad ito. Makatutulong ang mapang ito upang matandaan ninyo ang rota ng mga pagpapatapon kay Bahá'u'lláh at upang maalaala ang mga pangyayaring naganap dito.




1. Maaaring makatulong sa inyo na isulat sa puwang, batay sa salaysay, ang pagkakasunod-sunod ng pangunahing mga pangyayaring nauugnay sa buhay ni Bahá'u'lláh.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

2. Sa isang talakayan ng tema tungkol sa buhay ni Bahá'u'lláh, ang ilang mga konsepto ay kailangang bigyan-diin, bukod pa sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. May tanging kahalagahan ang pagninilay-nilay sa mga pagdurusang tiniis Niya dahil sa Kaniyang pagmamahal sa sangkatauhan, at gayundin sa bukod-tanging mga tagumpay na nakamtan ng Kaniyang Pananampalataya sa kabila ng mga pagsasalungat. Hayaang maiukit ang mga salitang ito sa ating mga puso't isipan:

**"Ang Napakatandang Kagandahan ay pumayag na gapusan ng mga tanikala nang sa gayon ang sangkatauhan ay makalaya mula sa pagkabihag nito, at tinanggap na maging bilanggo sa loob nitong pinakamatibay na Kuta nang sa gayon ay makamtan ng buong daigdig ang tunay na kalayaan. Sinaid Niya hanggang sa latak ang kopa ng pighati nang sa gayon ang lahat ng tao ng daigdig ay makakamit ng walang-maliw na kaligayahan at mapuspos sa tuwa. Ito ay mula sa habag ng inyong Panginoon, ang Mapagmalasakit, ang Pinakamahabagin. Tinanggap Namin ang paghamak, O mga naniniwala sa Kaisahan ng Diyos, nang sa gayon kayo ay dakilain, at nagbata ng napakaraming mga kahirapan, nang sa gayon kayo ay palarin at umunlad. Siya na dumating upang baguhin ang buong daigdig, masdan kung paanong pinilit Siya ng yaong mga ipinantay ang kanilang mga sarili sa Diyos na manahan sa pinakamapanglaw na lungsod!"**[10]

3. Kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa pagdurusa ni Bahá'u'lláh, dapat tayong mag-ingat na hindi natin Siya ipinalalabas na isang biktimang walang lakas sa harap ng Kaniyang mga kaaway. Kusa Niyang tinanggap ang magapos ng mga tanikala upang mapalaya ang sangkatauhan. Ang kuwento ng Kaniyang buhay, kahit na tigib ng mga salaysay ng matinding pagdurusa, sa buod nito ay isang kuwento ng tagumpay. Sa tulong ng tutor ng inyong grupo, makapaghahanda ba kayo ng isang maikling talumpati tungkol sa mga pagdurusa at mga tagumpay ni Baha'u'llah batay sa inyong kasalukuyang kaalaman tungkol sa Kaniyang buhay? Ang mga katanungan sa ibaba ay maaaring makatulong sa inyo.

   a. Bakit tinanggap ni Bahá'u'lláh ang magapos ng mga tanikala? _______________

   _______________________________________________________________________

   b. Bakit tinanggap ni Bahá'u'lláh ang gawin Siyang isang bilanggo? _____________

   _______________________________________________________________________

c. Bakit uminom si Bahá'u'lláh mula sa kopa ng pighati? ____________________

________________________________________________________________

d. Bakit tinanggap ni Bahá'u'lláh na hamakin Siya? _________________________

________________________________________________________________

e. Bakit nagdanas si Bahá'u'lláh ng napakaraming mga pagdurusa? ____________

________________________________________________________________

f. Tinanggap ba ni Bahá'u'lláh ang magdusa sapagkat Siya ay walang lakas na iwasan iyon? __________________________________________________________

g. Kung si Bahá'u'lláh ay mayroon namang kapangyarihan laban sa Kaniyang mga kaaway, bakit Niya tinanggap ang magdusa? ____________________________

________________________________________________________________

## BAHAGI 7

Ang ikalawang pagbisita ni Alejandra sa tahanan ng mga Sanchez ay naging kasinsaya ng una. Narinig na ni G. at Gng. Sanchez ang kuwento ng buhay ni Bahá'u'lláh, ngunit masaya silang matuto nang higit pa mula sa paglalahad ni Alejandra at malinaw na naantig sila ng pagsaysay sa Kaniyang mga paghihirap. "Tila ang mga Kahayagan ng Diyos," sinabi ni Gng. Sanchez sa isang punto, "ay palaging nagdurusa sa mga kamay ng mga uhaw sa pamumuno at makamundong kapangyarihan." Ipinasiya ni Alejandra na angkop ibahagi sa kanila ang sipi na isinaulo niya—na alam rin ninyo, mula sa inyong pag-aaral ng huling bahagi—kung saan binabanggit ni Bahá'u'lláh ang paghihirap na tiniis Niya alang-alang sa sangkatauhan, upang tayo ay mapalaya mula sa paniniil at matamo ang namamalaging kaligayahan. Ang tatlong magkakaibigan ay nakadama lahat ng labis na sigla mula sa talakayan sa araw na iyon.

Sa paglilimi sa kaniyang susunod na pagdalaw, agad na ipinasiya ni Alejandra na ang katayuan ni 'Abdu'l-Bahá ay magiging isang natural na tema para sa talakayan. Ito ang mga puntong titiyakin niyang talakayin:

> Ang panganay na anak na lalaki ni Bahá'u'lláh, si 'Abdu'l-Bahá ay isang lubos na bukod-tanging Katauhan sa kasaysayan ng tao, at wala tayong matatagpuang katulad Niya sa nakalipas na mga relihiyon. Nakilala Niya ang banal na katayuan ng Kaniyang Ama habang isang bata pa lamang at nakibahagi sa Kaniyang pagkapatapon at mga pagdurusa. Iniwan ni Bahá'u'lláh ang pamayanang Bahá'í sa ilalim ng pangangalaga ni 'Abdu'l-Bahá pagkaraan ng Kaniyang pagyao. Hindi natin lubos na mapahalagahan ang napakalaking biyaya na ipinagkaloob ni Bahá'u'lláh sa sangkatauhan sa pagbibigay Niya sa atin hindi lamang ng Kaniyang pinakamarilag na Rebelasyon, kundi ibinigay rin Niya ang Kaniyang Anak, na sinabi Niyang sa pamamagitan ng Kaniyang kaalaman at karunungan ang sangkatauhan ay magagabayan at matatanglawan.

Kapag pinag-aaralan natin ang buhay at mga salita ni ‘Abdu'l-Bahá nagtatamo tayo ng malalim na pag-unawa sa natatanging katayuan Niya sa Dispensasyong ito. May tatlong aspeto ang katayuang ito na mahalagang tandaan natin.

Una, si ‘Abdu’l-Bahá ang Sentro ng Kasunduan ni Bahá’u’lláh. Si Bahá’u’lláh ay gumawa ng Kasunduan sa Kaniyang mga tagasunod na tinatawagan silang ituon ang kanilang mga puso tungo sa Sentrong iyon at maging ganap na matapat doon. Sa Kaniyang Habilin at Testamento, hinirang ni ‘Abdu’l-Bahá si Shoghi Effendi, ang Guardian ng Pananampalataya, na maging sentro na dapat bumaling doon ang lahat pagkatapos ng Kaniyang pagyao. Ngayon, ang sentrong ito ay ang Universal House of Justice, na itinatag sang-ayon sa maliwanag na utos ni Bahá’u’lláh at sa malinaw na mga tagubilin ni ‘Abdu’l-Bahá at ng Guardian. Ang kapangyarihan ng Kasunduan ay ang nagbibigkis sa pamayanang Bahá’í at ipinagsasanggalang ito mula sa pagkakahati-hati at pagkakalansag-lansag.

Pangalawa, si ‘Abdu’l-Bahá ang di-nagkakamaling Tagapagpakahulugan ng mga Salita ni Bahá’u’lláh. Lubos na malawak ang Rebelasyon ni Bahá’u’lláh, lubos na malalim ang mga kahulugang idinadambana sa Kaniyang mga pananalita, na minarapat Niyang mag-iwan ng isang tagapagpakahulugan, na Siya Mismo ang gagabay. Sa gayon, sa maraming salinlahi ng hinaharap, uunawain ng sangkatauhan ang mga Turo ni Bahá’u’lláh sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga pagpapakahulugan ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang napakaraming mga Tableta at sa nasusulat na mga tala ng Kaniyang mga pananalita na napatunayang totoo. Ang Guardian ang naging Tagapagpaliwanag ng mga Turo ni Bahá’u’lláh pagkaraan ni ‘Abdu’l-Bahá; sa Guardian nagwakas ang tungkulin ng pagpapakahulugan, at wala nang sinuman ang may karapatang magpakahulugan sa mga Salita ni Bahá’u’lláh sa loob ng buong kahabaan ng Kaniyang Dispensasyon.

Noong nakaraan, ang bawat relihiyon ay napinsala ng paghahati-hati bunga ng magkakaibang mga pagpapakahulugan sa mga sipi mula sa Santong Kasulatan nito. Ngunit sa Dispensasyong ito, kapag may pag-aalinlangan tungkol sa isang pahayag ni Bahá’u’lláh, ang bawat isa ay bumabaling sa mga pagpapakahulugan ni ‘Abdu’l-Bahá at ng Guardian. Kung may nananatili pa ring pag-aalinlangan, maaaring bumaling sa Universal House of Justice para sa paglilinaw. Walang nalalabing puwang, kung gayon, para magkaroon ng salungatan tungkol sa kahulugan ng mga katuruan, at ang kaisahan ng Pananampalataya ay napangangalagaan.

Pangatlo, si ‘Abdu’l-Bahá ay ang ganap na Huwaran ng mga Turo ng Kaniyang Ama. Bagaman hindi tayo kailanman makaaasang mararating ang ganoong antas ng kaganapan, dapat lagi natin Siyang inilalagay sa harap ng ating mga mata at magsumikap na tularan ang Kaniyang halimbawa. Kapag nababasa natin sa mga Kasulatan ang tungkol sa pag-ibig, maaari tayong bumaling kay ‘Abdu’l-Bahá at makikita natin ang pinakadiwa ng pag-ibig at kabaitan. Kapag nababasa natin ang tungkol sa kadalisayan, katarungan, pagiging matuwid, kaligayahan at kagandahang-loob, maaari tayong bumaling sa Kaniya at isipin ang Kaniyang buhay, at makikita natin kung paano Niya inihayag ang ganitong mga katangian sa sukdulang kaganapan.

Ang palatandaan ng buhay ni ‘Abdu’l-Bahá, mangyari pa, ay ang Kaniyang paglilingkod. Ang pangalang ‘Abdu’l-Bahá ay nangangahulugang “ang tagapaglingkod ni Bahá”, at ito ang taguring higit na gusto ni ‘Abdu’l-Bahá sa lahat ng

mga taguring ipinarangal sa Kaniya. Ang sumusunod na mga salita mula kay ‘Abdu’l-Bahá ay ang paghahayag ng Kaniyang maalab na pagnanasang maglingkod:

**“Ang aking pangalan ay ‘Abdu’l-Bahá. Ang aking katangian ay ‘Abdu’l-Bahá. Ang aking realidad ay ‘Abdu’l-Bahá. Ang aking kapurihan ay ‘Abdu’l-Bahá. Ang pagiging alipin ng Pinagpalang Kaganapan ay ang aking maluwalhati at maringal na korona, at ang paglilingkod sa buong sangkatauhan ay ang aking nagpapatuloy na relihiyon . . . Walang pangalan, walang taguri, walang pagbabanggit, walang papuri na mayroon ako, ni kailanman ay magkakaroon, liban sa ‘Abdu’l-Bahá. Ito ang aking minimithi. Ito ang aking pinaka-aasam. Ito ang aking walang-hanggang buhay. Ito ang aking walang-maliw na kaluwalhatian.”**[11]

Malinaw na ang planong ibahagi ni Alejandra sa mga Sanchez sa kaniyang susunod na pagdalaw ay panimulang pagpapakilala pa lamang sa isang lubos na bukod-tanging tao; ang kanilang pagpapahalaga sa katayuan ni ‘Abdu’l-Bahá sa Dispensasyong ito ay patuloy na tataas pa sa darating na mga taon. Sa inyong sariling buhay, habang tinatahak ninyo ang landas ng paglilingkod, magkakaroon kayo ng maraming pagkakataon upang isipin ang Kaniyang halimbawa at pagnilay-nilayan ang Kaniyang mga salita. Sa nakaraang yunit, nagawa na ninyong pag-aralan ang ilan sa Kaniyang mga pananalita, at hinimok kayong matutunang ipahayag sa paraan na Kaniyang ginamit ang mga ideyang nasa Kaniyang mga Tableta at mga talumpati sa publiko. Sa ngayon, upang patibayin ang inyong kasalukuyang pag-unawa sa Kaniyang katayuan, dapat talakayin ng inyong grupo ang pangunahing mga puntong nabanggit sa paglalahad at magsanay sa pagsasabi ng mga ito nang mahusay. Ang pagninilay-nilay sa sipi roon ay magbibigay sa inyo ng inspirasyon sa mga pagsisikap ninyong na sumulong sa landas ng paglilingkod.

## BAHAGI 8

Ang isang katanungang nasa isipan ni Alejandra mula nang magsimula siyang dumalaw kina G. at Gng. Sanchez ay kung anong mga paksa ng talakayan ang higit na makatutulong sa kanila upang maging matibay at masiglang mga tagapagtaguyod ng proseso ng pagtatatag ng pamayanan sa kanilang kapitbahayan. Sa isang dako, may mga temang tulad ng dasal, ang kawalang-kamatayan ng kaluluwa, at ang pagiging matatag sa pag-ibig sa Diyos, na inaaasahan niyang talakayin sa kanila, sapagkat ang mga saligan ng kanilang espiritwal na buhay ay dapat patuloy na palakasin. Sa kabilang dako, magiging mahalaga para sa kanila na magkaroon ng isang larawang-isip ng uri ng pamayanan na unti-unting pinauunlad at na malaman nilang maaari silang magbigay ng mahalagang tulong sa pagsasakatuparan nito. Sa kaniyang pakikipag-usap kina G. at Gng. Sanchez tungkol sa katayuan ni ‘Abdu’l-Bahá, unti-unting napagtanto ni Alejandra kung ano ang dapat maging paksa ng kaniyang susunod na pagdalaw. “Malinaw ang kanilang pag-unawa sa layunin ng Pananampalataya upang pagkaisahin ang mga tao,” inisip niya. “Kaya, ang paksang dapat naming saliksikin ngayon ay kung paano nabubuo at napananatili ang isang nagkakaisang pamayanan.”

Sinimulan ni Alejandra ang kaniyang ika-apat na pagdalaw sa paglalarawan ng mga gawaing kasalukuyang isinasagawa ng isang maliit na grupo ng mga kaibigan sa kapitbahayan. “Habang nadaragdagan ang ating bilang,” paliwanag niya, “ang tungkuling higit na mapanghamon na kailangan nating lahat na isabalikat ay ang pagiging higit at higit pang

nagkakaisa sa ating mga salita, sa ating mga kaisipan, at sa ating mga gawa. Kung kayo ay sumasang-ayon, kung gayon, sa araw na ito ay maaari nating pag-aralan ang paksa ng pagkakaisa."

"Nakikita ko kung gaano kahalaga ang pagkakaisa sa pag-unlad ng ating pamayanan," tugon ni Gng. Sanchez.

"At ang mensahe ni Bahá'u'lláh ng pagkakaisa ay ang una naman talagang umakit sa aming mga puso sa Kaniyang mga turo," sabi ni G. Sanchez.

"Pinili ko ang ilang mga ideya at humanap ng isang sipi para sa bawat isa," sabi ni Alejandra. "Kung pumapayag kayo, maaari nating pasadahan at talakayin ang mga ito nang isa-isa."

Nasa ibaba ang listahan ng mga naiisip ni Alejandra:

- Upang tunay na magkaisa ang isang pamayanang Bahá'í, kailangang iwasan ng bawat isa sa atin ang paglaban at pagtutol. Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

  **"Sa Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, pagtututol, pagkakalayo, at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos. Layuan ang mga ito, sa pamamagitan ng lakas ng Diyos at ng Kaniyang makapangyarihang tulong, at sikapin ninyong ihabi nang sama-sama ang mga puso ng tao, sa Kaniyang Pangalan, ang Tagapagkaisa, ang Nakaaalam ng Lahat, ang Lubos na Marunong."**[12]

- Dapat nating mahalin ang bawat isa sa pamayanan, isang pagmamahal na isinasalamin ang ating pagmamahal sa Diyos. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

  **"Gawing ganap ang inyong pagkakaisa. Huwag kailanman magalit sa isa't isa. . . . Mahalin ang mga nilikha alang-alang sa Diyos at hindi dahil sa kanilang mga sarili. Ikaw ay hindi kailanman magagalit o mawawalan ng pasensiya kung mamahalin mo sila alang-alang sa Diyos. Ang sangkatauhan ay wala sa kasakdalan. May mga kapintasan ang bawat tao, at ikaw ay laging di-magsasaya kung ikaw ay titingin sa mga tao mismo. Ngunit kung ikaw ay titingin sa Diyos, mamahalin mo sila at magiging mabait ka sa kanila, sapagkat ang daigdig ng Diyos ay daigdig na walang kapintasan at ganap na habag."**[13]

- Kung sa kabila ng lahat ng pagmamahal na nadarama natin sa isa't isa ang mga di-pagkakasundo ay lilitaw pa rin sa pagitan natin, dapat nating alalahanin agad ang ganitong payo ni 'Abdu'l-Bahá:

  **"Iniaatas Ko sa inyong lahat na itutok ng bawat isa sa inyo ang lahat ng mga kaisipan ng inyong puso sa pag-ibig at pagkakaisa. Kung sa guniguni ay gumuhit ang kaisipan ng digmaan, salungatin iyon ng lalong malakas na kaisipan ng kapayapaan. Ang isang kaisipan ng pagkapoot ay dapat wasakin ng isang lalong makapangyarihang kaisipan ng pag-ibig. Ang mga kaisipan ng digmaan ay nagdudulot ng pagkawasak sa lahat ng pagkakasundo, kabutihan, katiwasayan, at kasiyahan.**

**“Ang mga kaisipan ng pag-ibig ay nakabubuo ng pagkakapatiran, kapayapaan, pagkakaibigan at kaligayahan.”[14]**

- At kung sa kabila ng bawat pagsisikap upang pigilan ang mga ito, ay nangingibabaw pa rin sa atin ang simbuyo ng mga damdamin, at pumapasok na tayo sa salungatan, ang ganitong mga pananalita ni Bahá’u’lláh ay tutulong sa atin upang makalampas sa mga sandali ng kahinaan:

**“Kung anumang hidwaan ang maganap sa inyo, masdan Ako na nakatayo sa harap ninyo, at kalimutan ang mga pagkukulang ng isa’t isa alang-alang sa Aking Pangalan at bilang isang tanda ng inyong pagmamahal sa Aking maliwanag at maringal na Kapakanan.”[15]**

- Ang espiritwal na disiplina ng hindi pagpansin sa mga kamalian ng iba, ng pagtutuon ng pansin sa kanilang kapuri-puring mga katangian, ng pag-iwas nang lubusan sa paninirang-puri, ay isang napakabisang paraan laban sa di-pagkakaisa. Dapat nating tandaan na kadalasan ay hindi natin nakikita ang mga pagkakamali ng mga taong minamahal natin at hindi tayo nahihirapang tingnan sila nang may isang paningin na nagtatakip ng kasalanan. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

**“Ang matang may kapintasan ay nakakikita ng mga kapintasan. Ang matang nagtatakip sa mga kamalian ay tumitingin sa Maylikha ng mga kaluluwa. Siya ang lumikha sa kanila, nagsasanay at nagtutustos sa kanila, nagkakaloob sa kanila ng kakayahan at buhay, paningin at pandinig; kung gayon, sila ang mga tanda ng Kaniyang karingalan. Kailangan mong mahalin ang lahat at maging mabait sa bawat tao, alagaan ang dukha, ipagsanggalang ang mahina, gamutin ang maysakit, turuan at bigyan ng edukasyon ang mangmang.”[16]**

Ipinapayo sa atin ni Bahá’u’lláh:

**“O Kasama ng Aking Trono! Huwag makinig sa masama, at huwag tumingin sa masama, huwag gawing aba ang iyong sarili, ni magbuntong-hininga o humagulhol. Huwag magsalita ng masama, nang hindi mo marinig na iyon ay sabihin sa iyo, at huwag palakihin ang mga kamalian ng iba, nang ang iyong sariling mga kamalian ay hindi lumitaw na malaki; at huwag hangarin ang pagkaaba ng sinuman, nang ang sarili mong kaabaan ay hindi mabunyag. Anupa’t pamuhayan ang mga araw ng iyong buhay, na kaunti pa kaysa sa isang panandaliang saglit, lakip ang iyong isipang walang bahid, ang iyong pusong walang dungis, ang iyong kaisipang wagas, at ang iyong kalikasang pinabanal, nang sa gayon, malaya at nasisiyahan, iyong maiwaksi ang may kamatayang kalagayang ito, at makapasok sa kahanga-hangang paraiso at manatili sa walang hanggang kaharian magpakailanman.”[17]**

At sinabi Niya sa atin:

**“O mga Dayuhan! Ang dila ay itinalaga Ko upang bumanggit sa Akin, huwag dungisan iyon ng masamang pagpaparatang. Kung ang apoy ng sarili ay manaig sa inyo, alalahanin ang inyong sariling kamalian at huwag ang kamalian ng Aking mga nilikha, yamang ang bawat isa sa inyo ay nakakikilala sa kaniyang sarili nang higit sa pagkakilala niya sa iba.”[18]**

- Ang pagkakaisa ay hindi lamang ang kawalan ng paglalaban at pagtatalo, at ang pagmamahal ay hindi lamang inihahayag sa pamamagitan ng salita. Maaari lamang nating sabihin na ang tunay na pagkakaisa ay umiiral sa atin kung ang pagmamahal natin sa isa't isa ay isinasalin sa paglilingkod sa pamayanan, at kung ang ating mga gawain ay pinamumunuan ng isang espiritu ng pagdadamayan at pagtutulungan sa isa't isa. Tinatawagan tayo ni 'Abdu'l-Bahá na:

  **"Huwag mamahinga, kahit isang sandali, at huwag maghanap ng kaginhawahan, nang kahit isang saglit; sa halip ay magsumikap nang buong puso at kaluluwa upang makapagbigay ka ng tapat na paglilingkod sa kahit isa sa mga kaibigan at magdulot ng kaligayahan at kagalakan sa kahit isang maningning na puso. Ito ang totoong biyaya, at tinatanglawan nito ang noo ni 'Abdu'l-Bahá. Maging aking katuwang at kasama sa bagay na ito."**[19]

  At Kaniyang sinabi:

  **"Ang sukdulang pangangailangan ng sangkatauhan ay ang pagtutulungan at pagtutugunan. Kapag higit na malakas ang mga bigkis ng magandang samahan at pagkakaisa sa mga tao, higit na lalakas ang kapangyarihan ng pagbubuo at pagtatagumpay sa lahat ng mga larangan ng gawain ng tao."**[20]

- Ang isang lubos na mahalagang susi sa matagumpay na pagkilos ng pamayanan ay ang tapat at mapagmahal na pagsasanggunian sa lahat ng mga bagay. Sa pamamagitan ng pagsasanggunian, ang iba't ibang mga paraan ng pagtingin natin sa isang paksa ay napagsasama-sama, at natutuklasan natin ang paraang dapat natin sundin sa ating sama-samang pagkilos. Sa pamamagitan ng pagsasanggunian, nagkakamit tayo ng pagkakaisa ng kaisipan, at yamang nagkakaisa ang ating mga kaisipan at pananaw, nakabubuo tayo ng mabisang mga plano para sa pagsulong ng ating mga pamayanan. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá tungkol sa mga nagsasanggunian:

  **"Ang pangunahing pangangailangan nilang nagsasanggunian nang sama-sama ay ang dalisay na layunin, maningning na espiritu, pagkawalay sa lahat liban sa Diyos, pagkahalina sa Kaniyang Banal na mga Halimuyak, pagpapakumbaba at kababaan sa Kaniyang mga minamahal, tiyaga at mahabang pagtitiis sa mga kahirapan at paglilingkod sa Kaniyang dakilang Bungad. Kung sila ay mapagpalang tulungan upang makamtan ang mga katangiang ito, ang tagumpay mula sa di-nakikitang Kaharian ni Bahá ay ipagkakaloob sa kanila."**[21]

- Ang pagkakaisa ng kaisipan ay hindi pa natutupad kung ito ay hindi isinasalin sa pagkakaisa ng pagkilos. Ang nagkakaisang pagkilos ay hindi nangangahulugang tayong lahat ay gumagawa ng iisang bagay lamang. Sa kabaligtaran, sa nagkakaisang pagkilos ang magkakaibang mga talino ng mga miyembro ng isang pamayanan ay napakikinabangan nang lubusan. Ang ating mga kapangyarihan ay dumarami, at kahit na maliit pa lamang ang ating mga bilang, nagagawa nating makamtan ang hindi kayang abutin ng marami sa malalaki at makapangyarihang mga kapisanan sa daigdig. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

  **"Sa tuwing ang mga kaluluwang banal, gamit ang mga kapangyarihan ng langit, ay magsisibangon taglay ang gayong mga katangian ng espiritu, at magmamartsa nang sabay-sabay, sa sunod-sunod na mga hanay, ang bawat isa sa mga**

**kaluluwang iyon ay magiging tulad ng isang libo, at ang dumadaluyong na mga alon ng makapangyarihang karagatang iyon ay magiging tulad ng mga batalyon ng Kalipunan sa kaitaasan.”[22]**

Matapos ang maingat na pagbabasa ng mga kaisipang ito at ang pagtatalakay sa bawat isa ng nilalaman nito sa inyong grupo, nanaisin ninyong tulungan ang isa’t isa sa pagsasanay na ilahad ang paksa tulad ng inyong ginawa sa naunang tatlo. Makatutulong sa inyong mga pagsisikap ang mga pagsasanay sa ibaba.

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Sa Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang ___________________________ at paglalaban, pagtututol, pagkakalayo at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos.

   b. Sa Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at ____________________ , pagtututol, pagkakalayo at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos.

   c. Sa Araw na ito, _______________________ ang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, pagtututol, pagkakalayo at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos.

   d. Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, pagtututol, pagkakalayo at ___________________ , sa mga minamahal ng Diyos.

   e. Sa Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, ______________________ , pagkakalayo at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos.

   f. Sa Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa Kapakanang ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, pagtututol, ________________________ at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos.

   g. Sa Araw na ito, walang anumang makapipinsala nang higit pa sa _____________ ito kundi ang pagtatalo at paglalaban, pagtututol, pagkakalayo at kawalang-malasakit sa mga minamahal ng Diyos.

2. Sa ikalawang sipi, sinasabi sa atin ni Abdu’l-Bahá na:

   a. Kailangang mamuhay tayo sa ganap na ___________________ .

   b. Kailangang huwag kailanman tayong ____________ sa _____________________ .

c. Kailangang mahalin natin ang lahat ng mga tao ______________________________ at hindi dahil sa kanilang mga sarili.

d. Tayo ay hindi kailanman __________________ o _____________________ kung mamahalin natin ang mga tao _________________________________ .

e. Ang sangkatauhan ay wala sa ___________________ .

f. Tayo ay laging __________________ kung tayo ay titingin ________________ ____________________________ .

g. Kung tayo ay titingin sa _______________ , ang mga tao ay _________________ natin at magiging _________________ sa kanila.

3. Sa ikatlong sipi, sinasabi sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá na:

a. Dapat itutok ng bawat isa sa atin ang lahat ng mga kaisipan ng ating puso sa ________________ at _________________ .

b. Kung gumuhit sa guni-guni ang kaisipan ng digmaan, dapat nating salungatin iyon ng _________________________ _____________________________________ .

c. Ang isang kaisipan ng pagkapoot ay dapat wasakin ng _______________________ ______________________________________________ .

d. Ang mga kaisipan ng digmaan ay nagdudulot ng pagkawasak sa _______________ , ________________ , _____________________ at ________________ .

e. Ang mga kaisipan ng pag-ibig ay ______________________ , ______________ , ______________________ , at ______________________ .

4. Ano ang dapat nating gawin kapag nakikita nating may mga di-pagkakasundo na lumilitaw sa pagitan natin at ng ibang mga tao sa pamayanan? __________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

5. Ilarawan ang espiritwal na disiplinang makatutulong sa inyo upang itaguyod ang pagkakaisa ng inyong pamayanan: __________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

6. Alin sa mga sumusunod ang nagtataguyod ng pagkakaisa?

______ Ang pagtingin sa kakulangan ng iba

______ Ang pagpapalampas ng mga kamalian ng iba

______ Ang pagsasabi sa isang kaibigan ng mga kakulangan ng isang tao

______ Ang pagpapalaki o pagbabago ng isang kuwento upang magmukhang masama ang isang tao

______ Ang pag-iisip ng kamalian ng iba

7. Bakit natin pinupulaan ang ilang mga tao kapag sila ay gumagawa ng kamalian, ngunit hindi ang iba kapag sila ay gumagawa ng gayunding bagay? ____________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

8. Maaari bang magkaroon ng pagkakaisa sa isang kalagayang ang mga tao ay naninirang-puri sa isa't isa? Bakit hindi? ____________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

9. Ang sadyang pagsasabi ng kasinungalingan tungkol sa sinuman ay malinaw na mali. Ngunit tama bang pintasan ang iba tungkol sa anumang bagay na talagang ginawa niya? ______________________________________________________________

______________________________________________________________________

10. Ano ang pagkakaiba ng tsismis, paninirang-puri, at pamimintas sa iba? ___________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

11. Ano ang nagiging bunga sa isang pamayanan ng tsismis, paninirang-puri, at patuloy na pamimintas? ________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

12. Paano natin maaalis ang ganitong mga ugali mula sa ating mga buhay? __________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

13. Ano ang mangyayari kung pinag-uusapan lamang natin ang mga tao na parang sila ay naroroon? ____________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

14. Kung tayo ay naninirang-puri sa harap ng mga bata, ano ang magiging epekto nito sa kanila? ______________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

15. Saan nagmumula ang pagkahilig sa tsismis at pakikilahok sa paninirang-puri? _____

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

16. Sinabi sa atin ni Bahá'u'lláh na: "Kung ang apoy ng sarili ay manaig sa inyo, ___________________________________________ at huwag ang _______________ ________________________, yamang ang bawat isa sa inyo ay nakakikilala ________________________ nang higit _________________________ ."

17. Ang pagmamahal ay hindi lamang inihahayag sa pamamagitan sa mga salita. Ano pa ang kinakailangan? ____________________________________________________

____________________________________________________________________

18. Kaugnay sa pagkakaisa at pag-ibig, tinatawagan tayo ni 'Abdu'l-Bahá na: "Huwag ___________ kahit isang sandali, at huwag ________________ ng ___________, nang kahit isang saglit; sa halip ay ________________ nang ______________________ ________ upang makapagbigay ka ng ___________________________ sa kahit isa sa

mga kaibigan at ____________________________________________ sa kahit isang maningning na puso."

19. At Kaniyang sinabi: "Ang sukdulang pangangailangan ng sangkatauhan ay ang _______________________ at ____________________ . Kapag higit na malakas ang mga bigkis ng ______________________ at _____________ sa mga tao, higit na lalakas ang kapangyarihan ng __________________ at ____________________ sa lahat ng mga larangan ng gawain ng tao."

20. Ano ang lubos na mahalagang susi sa matagumpay na pagkilos ng pamayanan? ___ ____________________________________________________________________

21. Sinabi ni 'Abdu'l-Bahá tungkol sa mga nagsasanggunian: "Ang pangunahing pangangailangan nilang nagsasanggunian nang sama-sama ay ang _______________ ______________ , ________________________________ , ____________________ ____________________________________ , _______________________________ _______________ , _________________________________________ sa Kaniyang mga minamahal, _______________________________________________ sa mga kahirapan at ________________ sa kaniyang dakilang Bungand. Kung sila ay mapagpalang tulungan upang makamtan ang mga katangiang ito, ang, _____________ mula sa di nakikitang Kaharian ni Bahá ay ____________________________ ."

22. Tungkol sa kapangyarihan ng nagkakaisang paggawa, sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá: "Sa tuwing ang mga kaluluwang banal, gamit ang ____________________________ , ay magsisibangon ___________________________________ , at magmamartsa _______________ , sa sunod-sunod na mga hanay, ang ________________ sa mga kaluluwang iyon ay magiging tulad ng _____________________ , at ang dumadaluyung na mga alon ng makapangyarihang karagatang iyon ay magiging tulad ng ___________________ ng ____________________________ ."

# BAHAGI 9

Sa kaniyang ika-apat na pagdalaw kina G. at Gng. Sanchez, si Alejandra ay napuspos ng kagalakan sa pagkakilala niya kay Beatrice, isa sa mga apong babae nina G. at Gng. Sanchez na maninirahan sa kanila habang pumapasok sa malapit na mataas na paaralan. Gustong-gusto ni Beatrice ang malaman ang tungkol sa paksa ng pagkakaisa at masiglang lumahok sa talakayan. Sa pagtatapos ng usapan, naglabas si Gng. Sanchez ng kape at mamon para sa lahat. Ito ay nagbigay ng pagkakataon kay Alejandra upang higit pang makilala si Beatrice, at nagkasundo silang magkita kinabukasan upang pag-usapan pa ang mga pagsisikap ng pagtatatag ng pamayanan sa kapitbahayan. "Maaaring interesado siyang pag-aralan ang

pangunahing serye ng mga kurso," inisip ni Alejandra sa sarili. "Maaari ko siyang tulungang pag-aralan ang ilang unang mga aklat nang tuloy-tuloy. Pagkatapos ay baka gustuhin niyang magsimula ng isang klase para sa mga bata o tumulong sa akin sa binubuong grupo ng mga junior youth sa kapitbahayan. Kung magkagayon, maaari niyang unti-unting akuin ang higit na responsibilidad para sa grupo habang sumusulong din siya hanggang sa Aklat 5, na iyon ang maghahanda sa kaniya upang maglingkod bilang isang animator." Si Alejandra ay nakadalo na sa ilang mga pagtitipon para sa mga kabataan na nakatuon sa ilang mga paksa ng talakayan at humantong iyon sa pakikilahok ng maraming kabataan sa proseso ng institute. Ipinasiya niyang sundin ang pagkakasunod-sunod ng mga paksang iyon sa pakikipag-usap niya kay Beatrice sa susunod na araw. Ganito nagbukas ang usapan:

> Nais nating lahat na makita ang daigdig na maging isang lalong mabuting lugar. Inaasam natin ang isang hinaharap kung kailan ang pandaigdigang kapayapaan ay naitatag na at ang pamilya ng sangkatauhan ay nabubuhay sa pagkakasundo. Ang gayong hinaharap ay hindi isang panaginip at maitatatag iyon habang higit at higit pa sa atin ang magsisikap na makatulong sa pagpapabuti ng daigdig. Sa kaibuturan ng ating mga puso ang bawat isa sa atin ay may pagnanais na maglingkod sa ating pamayanan. Ang ating kailangan ay mapaunlad ang ating kakayahang isagawa para sa kabutihan ng lahat ang mga gawain ng paglilingkod nang walang bahid ng sarili.
>
> Maaari nating isipin ang ating paglilingkod sa sangkatauhan sa paggunita ng isang landas ng paglilingkod kung saan magkakasama tayong tumatahak. Ang landas na ito ay bukas sa lahat. Ang bawat isa sa atin ay pumipili kung papasok tayo rito, at sumusulong tayo rito sa sarili nating tulin. Hindi natin tinatahak ang landas na ito nang nag-iisa; naglilingkod tayo nang kaagapay ang ating mga kaibigan, natututo nang magkakasama, at inaalalayan ang isa't isa. Ang bawat hakbang natin ay lumilikha ng kaligayahan at katiyakan, at ang bawat pagsisikap natin ay nagbubunga ng banal na mga pagpapatibay.

Nagustuhan ni Beatrice ang kaniyang narinig, at ang masiglang usapan ang naganap pagkatapos nitong maikling paglalahad. Bago magpatuloy, huminto muna tayo rito at pagnilayan ang likas na katangian ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng dalawang bagong magkaibigan. Nagpasiya si Alejandra na magkaroon ng makabuluhang usapan upang anyayahan si Beatrice na lumahok sa proseso ng institute. Bakit hindi sapat na sabihin lamang niya kay Beatrice na may serye ng mga kurso ang institute at anyayahan siyang sumali sa mga iyon?

## BAHAGI 10

Ang usapan sa pagitan nina Alejandra at Beatrice ay nagpatuloy nang dalawang oras. Nasa ibaba ang ilang karagdagang ideya na ibinahagi ni Alejandra sa kaniyang bagong kaibigan. Ating nauunawaan, mangyari pa, na hindi siya gumawa ng isang mahaba at walang patid na paglalahad. Ang malaking bahagi ng dalawang oras ay ginugol sa pagtatalakay sa mga ideyang binalangkas sa mga talatang ito:

> Bata pa tayo, mayroon tayong lakas, at mayroon tayong matinding sigasig. Ipinapalagay ng mga tao na wala tayong alalahanin. Ngunit sa kabaligtaran, nababahala tayo sa kalagayan ng sangkatauhan at nais nating makita ang tunay na pagbabago sa lipunan. At dapat din nating isipin ang sarili nating mga buhay—edukasyon, trabaho, mga kaibigan, pamilya. Bawat taon sa ating pagtanda, isinasabalikat natin ang mas maraming mga tungkulin; malaki ang inaasahan ng ating mga magulang mula sa atin. Minsan kapag iniisip ko ang lahat ng aking mga tungkulin, para na akong nagagapi. Pagkatapos ay naaalala ko ang isang sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í na isinaulo ko: "Ang buhay ng tao ay may oras ng tagsibol at pinagkalooban ng kamangha-manghang kaluwalhatian. Ang panahon ng kabataan ay natatangi sa lakas at sigla at namumukod bilang pinakamahalagang panahon sa buhay ng tao."
>
> Ang nais kong ibahagi sa iyo ay napagtanto ng maraming kabataan sa buong mundo sa mga pamayanang katulad ng sa atin, na ang kanilang mga lakas ay maaaring ibunsod ng dalawang layunin: upang akuin ang sarili nilang kaunlarang pangkaisipan at espiritwal at upang tumulong sa pagbabago ng lipunan. Itong dalawang aspeto ng ating layunin ay magkaugnay. Habang pinauunlad natin ang sarili nating mga kakayahan, mas mahusay nating mapaglilingkuran ang iba, at sa pakikipagtulungan natin sa isa't isa, umuunlad tayo bilang mga indibidwal at lumalakas ang mga katangiang taglay natin.
>
> Dito pumapasok ang ideya ng isang landas ng paglilingkod na nabanggit ko na. Ang pagtahak nito ay hindi isang bagay na idinaragdag lamang natin sa ating buhay; nagkakaloob ito ng kabuluhan sa lahat ng ating ginagawa. Ang paglilingkod sa pamayanan ay nakatutulong sa atin upang higit pang maunawaan ang layunin ng ating edukasyon, upang linawin ang ating mga kaisipan tungkol sa hinaharap, at upang linangin ang mga katangiang kinakailangan natin sa pagtulong sa mabuting kalagayan ng ating mga pamilya. Pinalalakas nito ang ating pagkakaibigan. Pinipigilan tayo nito sa pag-aaksaya ng ating mga lakas sa mga gawaing walang-saysay.
>
> Sa pag-iisip tungkol sa ating kaunlarang espiritwal at pangkaisipan, dapat nating mabatid ang maraming puwersang may impluwensya sa atin. Ang ilan sa mga ito, tulad ng mga puwersa ng kaalaman, ng katarungan, at ng pag-ibig, ay ibinubunsod tayo sa wastong patutunguhan, at dapat nating matutunang ihanay ang ating mga sarili sa mga iyon. Ang iba, tulad ng mga puwersa ng materyalismo at pagiging makasarili, ay nagbubunga ng kabaligtaran, at dapat nating labanan ang mga ito. Dapat tayong magsikap upang makamit ang kahusayan at magkaroon ng pananalig na ang ating mga pagsisikap ay pagpapalain ng banal na pagpapatibay.
>
> At sa pag-iisip sa ating mga itutulong sa pagbabago ng lipunan—ang pagbabago ng isang daigdig ng karahasan, karukhaan, at pagdurusa upang maging isang daigdig ng

kapayapaan, kasaganaan, at pagkakasundo—dapat nating isaalang-alang ang kapuwa materyal at espiritwal na pag-unlad. Ang materyal na pag-unlad para sa lahat ng tao ay hindi makakamtan kung hindi rin tayo magsasagawa ng espiritwal na pag-unlad. Makakamtan lamang ang pagpapabuti ng daigdig kapag magkasabay ang dalawang ito. May isa pa akong isinaulong sipi: "Ang materyal na kabihasnan at katulad ng lampara, samantalang ang espiritwal na kabihasnan ay ang liwanag sa lamparang iyon. Kapag ang materyal at espiritwal na kabihasnan ay napagkakaisa, sa gayon ay magkakaroon tayo ng liwanag at lampara, at ang kalalabasan ay magiging ganap."

Habang lumalakad tayo sa landas ng paglilingkod, natututo tayong gumawa kasama ang mga grupo ng mga indibidwal, lalo na ang mga bata at mga junior youth, na tinutulungan silang magtamo ng kaalaman, kasanayan, at mga katangiang espiritwal. Natututo rin tayong bigyang-pansin ang pagkakaisa ng ating mga pamayanan. Ang mga indibidwal, mga pamilya, at mga kapisanang nagnanais tumulong sa pag-unlad ng isang pamayanan ay kailangang magtulungan. Kailangan nilang bumuo ng isang pinagkakaisahang larawang-isip at layunin at isaisantabi ang mga kaparaanan ng pag-aaway.

Mahalaga, kung gayon, na bilang mga kabataan ay binubuo natin ang mga kaugalian ng nagkakasundong pakikipag-ugnayan sa iba. Kailangan nating maging magkakaibigan: inaalalayan ang isa't isa sa gawaing isinasagawa natin, tinatanggap ang mga tulong ng bawat isa, hinihikayat at sinusuportahan ang isa't isa, tumitingin sa kalakasan ng bawat isa, hinahanap at ibinibigay ang kapaki-pakinabang na payo sa isa't isa, at kumukuha ng kaligayahan sa mga tagumpay ng isa't isa. Sa pagtahak sa landas ng paglilingkod, dapat tayong kumilos, magnilay-nilay sa ating mga ginawa, magsanggunian at mag-aral nang sama-sama.

Sa nakaraang ilang dekada, ang pamayananang Bahá'í ay nagtagumpay sa pagtataguyod sa isang napakahalagang uri ng institusyon ng pagkatuto sa halos bawat bansa sa daigdig. Itong mga institute, na iyon ang tawag namin sa mga ito, ay naghahandog ng mga kursong nagpapalakas sa ating mga kakayahang maglingkod sa pamayanan. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kursong ito, nagtatamo tayo ng mga kabatirang espiritwal at mga kasanayang praktikal na kinakailangan upang sumulong sa landas ng paglilingkod nang magkakasama. Sa pagpapatuloy natin sa mga kursong ito, lumalaki ang ating kakayahang magsagawa ng higit na madetalyeng mga gawain ng paglilingkod. Habang ginagawa natin ito, inaalalayan tayo ng mga mas mahaba ang karanasan sa atin, at sa paglipas ng panahon, natural na inaalalayan naman natin ang mga kaibigang hindi pa gaanong mahaba ang karanasan. Mula sa simula, lahat tayo ay mga tagapagpaganap para sa pagbabago ng sarili at ng lipunan, sabik na inaako ang tungkulin para sa sarili nating pagkatuto at para sa paglilingkod sa pamayanan.

Ang kahulugan ng pagiging "isang tagapagpaganap" ay ang magtaglay ng kagustuhang kumilos nang nag-iisip, ang magpursige sa ating mga pagsisikap, at ang magtamo at gamitin ang kaalaman sa bawat hakbang. Ang isang tagapagpaganap ay hindi isang walang-pagkukusang tumatanggap lamang ng mga kapakinabangan kundi isang aktibong tumutulong sa pag-unlad. Upang maging isang tagapagpaganap kailangan nating matutunang gumamit ng pagkukusang malikhain at may disiplina. Ang mga kurso ng institute ay tumutulong sa atin upang mapahusay ang ating kakayahang maging mga tagapagpaganap sa proseso ng pagtatatag ng pamayanan.

Dapat tayong maglaan ng ilang sandali upang pagnilayan ang mga ideya sa mga talatang ito. Tulad ng nabanggit sa simula ng bahagi, hindi lamang ilalahad ni Alejandra ang mga ideya nang magkakasunod ngunit titiyakin niyang magkakaroon si Beatrice ng sapat na pagkakataong pag-isipan ang mga ito at makapagbahagi rin sa talakayan. Ang dapat ninyong isaalang-alang—pagkatapos ninyong magkaroon ng pagkakataong talakayin ang bawat talata sa inyong grupo at matutunan ninyong ilahad nang mahusay ang mga ideya—ay kung umabot na ba ang usapan sa yugtong maaari nang ibahagi ni Alejandra nang walang pangamba ang ilang mga salita tungkol sa mga kurso ng Ruhi Institute at sa pag-anyaya kay Beatrice na lumahok sa pag-aaral ng Aklat 1? Maaari ba ninyong isulat sa kasunod na puwang kung ano ang sasabihin ninyo kung kayo ang nasa kaniyang kalagayan? Paano ninyo ilalarawan ang Aklat 1 at 2 at ang mga gawain ng paglilingkod na hinihingi ng mga ito? Ang maikling pagtukoy sa mga gawain ng paglilingkod na nililinang sa kasunod na mga aklat—lalo na ang pagtuturo ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata at ang paggabay sa mga grupo ng mga junior youth bilang kanilang animator—ay tiyak na makatutulong kay Beatrice upang makabuo ng larawang-isip sa uri ng paglilingkod na kaniyang maibibigay sa hinaharap. Ang tutor ng inyong grupo ay makatutulong sa inyo sa pagsusulat ng ilang mga pangungusap tungkol dito sa dalawang gawain ng paglilingkod, na katulad ng maaaring idagdag ni Alejandra sa pag-anyaya kay Beatrice na mag-aral ng Aklat 1.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 11

Dalawang linggo ang lumipas bago muling dumalaw si Alejandra sa tahanan ng mga Sanchez. Sa panahong iyon nagawa ni Beatrice ang makilahok sa isang masinsinang kampanya at natapos ang pag-aaral ng unang dalawang yunit ng Aklat 1. Pinag-aaralan niya ngayon ang pangatlong yunit kasama ang limang magkakaibigan na nagkikita nang dalawang beses sa isang linggo sa kapitbahayan. Sa palagay ni Alejandra ay napapanahon na upang makipag-usap sa pamilyang Sanchez tungkol sa paksa ng dasal at tinanong niya si Beatrice kung nais niyang tumulong sa kaniya. Pinag-aralan na ninyo ang ikalawang yunit ng Aklat 1, kaya hindi na

kailangang gumawa pa ng buod dito ng nilalaman nito na tinalakay nina Alejandra at Beatrice sa pagbisita. Matapos ninyong muling suriin ang yunit, magagawa na ninyong balangkasin ang pangunahing mga punto na sisikapin ninyong ilahad sa isang talakayan ng paksang ito. Maaari ninyong isulat sa puwang ang inyong mga ideya.

## BAHAGI 12

Ang pagdalaw ni Alejandra sa pamilya Sanchez ay nagpatuloy sa ilang magkasunod na linggo, at nagkaroon sila ng pagkakataong talakayin ang maraming mga paksang natural na dumadaloy mula sa kanilang pag-uusap tungkol sa kahalagahan ng dasal—ang buhay ng kaluluwa, ang pag-unlad ng mga katangiang espiritwal, ang pagsunod sa mga batas at mga kautusan ng Diyos, at ang katatagan sa Kaniyang pag-ibig. Sa isa namang pagkakataon, napag-usapan din nila nang kaunti ang tungkol sa mga institusyon ng Pampangasiwaang Kaayusan, lalo na ang Local at National Spiritual Assembly. Hindi na natin pag-aaralan dito ang mga nilalaman ng bawat isa nitong kasunod na pagdalaw. Gayumpaman, madalas na lumilitaw ang dalawang katanungan sa mga kalahok ng serye ng mga usapang tulad ng naiisip natin. Ang una ay kaugnay ng katangian ng mga pagtitipong idinaraos sa pamayanan, at ang pangalawa ay tungkol sa pananalaping yaman. Susuriin natin ang paksa ng mga pagtitipon sa bahaging ito, nang tiyakan ang Nineteen Day Feast, at sa susunod ay tatalakayin natin ang paksa ng pananalapi.

Ang sumusunod na mga punto, kung gayon, ay maaaring maging batayan para sa isang pag-uusap sa paksa ng Nineteen Day Feast:

- Sa pamayanang Bahá'í , ang mga pagtitipon ay idinadaos para sa iba't ibang mga layunin—upang magdasal, upang mag-aral, upang ipagdiwang ang natatanging mga kaarawan, upang magsanggunian tungkol sa mga gawain ng pamayanan at sa paglilingkod sa lipunan, upang pag-usapan ang mga plano ng pagkilos. Ibinigay ni Bahá'u'lláh ang sumusunod na pangako:

  **"Saksi ang Aking buhay at ang Aking Kapakanan! Sa paligid ng alinmang tahanang pumasok ang mga kaibigan ng Diyos, at mula roon pumapailanglang ang kanilang pagsamo habang kanilang pinupuri at niluluwalhati ang Panginoon, ay mapalilibutan ng mga kaluluwa ng tunay na mga mananampalataya at ng lahat ng itinatanging mga anghel."[23]**

- Ang pakikinig sa mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon ng mga kaibigan ay nagdudulot ng kasiyahan sa mga puso at nagpapalakas ng mga bigkis ng pagkakaisa. Ipinapayo sa atin ni Bahá'u'lláh:

  **"Nararapat sa mga kaibigan, sa anumang lupain sila naroroon, na magsama-sama sa mga pagtitipon, at doon ay magsalita nang may karunungan at kahusayan, at basahin ang mga bersikulo ng Diyos; sapagkat ang mga Salita ng Diyos ang nagpaparikit sa apoy ng pag-ibig at nagpapalagablab nito."[24]**

  Isinulat ni 'Abdu'l-Bahá:

  **"Magsagawa ng mga pagpupulong at bigkasin at dalitin ang makalangit na mga Turo, nang sakaling ang bansang iyon ay matanglawan ng liwanag ng katotohanan at ang lupaing iyon ay maging paraisong kalugod-lugod mula sa mga**

**pagpapatibay ng Espiritu Santo, sapagkat ang panahong ito ay ang siglo ng Lubos na Maluwalhating Panginoon, at ang himig ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan ay umaabot sa mga tainga sa Silangan at Kanluran.”**[25]

- Sa lahat ng mga pagtitipong Bahá’í, ang Nineteen Day Feast ay nararapat bigyan ng bukod-tanging pansin. Ang kalendaryong Bahá’í ay binubuo ng 19 na buwan na may 19 na araw ang bawat buwan, at sa bawat lokalidad, ang mga Bahá’í ay nagsasama-sama sa bawat buwan para sa pagpupulong na ito ayon sa utos ni Bahá’u’lláh mismo:

**“Sa katunayan, iniatas sa inyo na maghandog ng isang kapistahan minsan sa isang buwan, kahiman tubig lamang ang ihahanda, sapagkat nilayon ng Diyos na sama-samang pagbigkisin ang mga puso, bagaman sa pamamagitan ng kapuwa makalupa at makalangit na mga paraan.”**[26]

- Ang Nineteen Day Feast ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang una ay ang bahaging pagsamba, kung saan inuusal ang mga dasal at binabasa ang mga sipi mula sa mga Banal na Kasulatan. Ang ikalawa ay ang pampangasiwaang bahagi, kung saan pinagsasanggunian ang mga gawain ng pamayanan. Ang ikatlong bahagi ay ang bahaging pakikisalamuha.

- Nasusulyapan natin ang kahalagahan ng bahaging pagsamba ng Nineteen Day Feast mula sa sumusunod na mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá:

**“O kayong tapat na mga lingkod ng Napakatandang Kagandahan! Sa bawat pag-inog at dispensasyon, ang kapistahan ay minabuti at minahal, at ang paghain ng isang hapag-kainan para sa mga mangingibig ng Diyos ay itinuturing na kapuri-puring gawain. Ito ay lalo nang totoo ngayon, sa dispensasyong ito na walang kahalintulad, sa pinakamasaganang kapanahunang ito, kung kailan ito ay lubusang pinupuri, sapagkat ito ay tunay na nabibilang sa gayong mga pagtitipong ginaganap upang sambahin at luwalhatiin ang Diyos. Dito ang banal na mga bersikulo, ang makalangit na mga tula at mga papuri ay dinadalit, at ang puso ay binibigyang-buhay, at tinatangay mula sa sarili nito**.”[27]

- Sa pampangasiwaang bahagi ng Feast, pinakikinggan ng mga kaibigang nagtitipon ang mga ulat hinggil sa mga gawain ng mga pamayanang Bahá’í sa malapit at malayo, nagsasanggunian tungkol sa mga gawain ng Pananampalataya sa kanilang sariling pamayanan at sa mga itinutulong nila sa mabuting kalagayan ng lipunan, nagiging bihasa sa patnubay na natatanggap mula sa Universal House of Justice, nagninilay-nilay sa pagsulong ng kanilang mga plano, at nagbibigay ng mga mungkahi sa mga institusyon ng Pananampalataya. Ang mga pagsasanggunian sa Nineteen Day Feast ay may sukdulang kahalagahan, sapagkat sa pamamaraang ito ang bawat indibidwal ay nagagawang makilahok sa mga gawain ng pandaigdigang pamayanang Bahá’í.

- Tungkol sa bahaging pakikisalamuha sa Feast, ito ay panahon para sa mabuting samahan at pag-estima sa panauhin. Maaaring magpatugtog ng musika, magbigay ng nagpapasiglang mga talumpati, at magtanghal ang mga bata. Sa maikling salita, ang maingat na piniling mga paghahayag ng kultura na kapuwa kagalang-galang at nagpapaligaya, ay maaaring gamitin upang pagyamanin ang bahaging ito ng Feast.

- Ang Nineteen Day Feast ay isang mahalagang katangian ng Pampangasiwaang Kaayusan ng Pananampalataya. Pinagsasama-sama nito ang pagsamba, pangangasiwa at mabuting samahan, bilang mga aspeto ng pamumuhay ng pamayanan. Ang lahat ng aspetong ito ay dapat bigyan ng pantay na diin sapagkat ang tagumpay ng Feast ay nakasalalay sa wastong paninimbang sa pagitan nitong tatlong bahagi. Sa isang mensaheng isinulat noong Agosto 1989, sinabi ng Universal House of Justice:

**"Ang Pandaigdigang Kaayusan ni Bahá'u'lláh ay sumasaklaw sa lahat ng bahagi ng lipunan ng tao; pinag-iisa nito ang espiritwal, pampangasiwaan at panlipunang mga proseso ng buhay; at pinadadaloy nito ang iba't ibang uri ng pananalita ng tao patungo sa pagtatatag ng bagong kabihasnan. Ang Nineteen Day Feast ay sumasaklaw sa lahat ng mga bahagi nito sa pinakasaligan ng lipunan. Isinasagawa sa nayon, sa bayan, sa lungsod, ito ay isang institusyon kung saan ang lahat ng mga tao ni Bahá ay kasapi. Ang layunin nito ay itaguyod ang pagkaka-isa, tiyakin ang pag-unlad at pagyamanin ang kaligayahan."[28]**

- Ang gayong napakahalagang okasyong tulad ng Nineteen Day Feast ay hindi maaaring isaayos nang madalian. Sa pamamagitan ng pagdarasal at pagninilay-nilay, kailangang magkaroon ng espiritwal na paghahanda ang bawat indibidwal para sa Feast, at sa mismong pagdiriwang ang bawat isa ay dapat lumahok nang buong puso at isipan, maging sa pagbabasa sa bahaging pagsamba o sa pakikinig man lamang sa mga siping binibigkas; maging sa pagbibigay ng mga ulat, sa pagtanggap ng patnubay, o sa paggawa ng mga mungkahi; maging sa pagganap bilang punong-abala o bilang isa sa nakikisalo sa kaniyang pag-estima nang maligaya at maningning. Sa sulat ding ito tungkol sa Nineteen Day Feast, sinabi ng Universal House of Justice na:

**"Kabilang sa mahahalagang bahagi ng paghahanda para sa Feast ay ang wastong pagpili ng mga babasahin, ang maagang pagpili ng mga mahusay bumasa, at ang isang diwa ng kagandahang-kilos, kapuwa sa pagbibigay at sa pagtanggap ng programa ng pagsamba. Ang pagbibigay-pansin sa kapiligirang kung saan gaganapin ang Feast, maging sa loob o sa labas man ng bahay, ay nagdudulot ng malaking impluwensiya sa karanasan. Ang kalinisan, ang pag-aayos ng lugar sa praktikal at magandang paraan—ang lahat ay may mahalagang bahagi. Ang pagsisimula sa wastong oras ay bahagi rin ng mabuting paghahanda.**

**"Sa napakalaking antas, ang tagumpay ng Feast ay nakasalalay sa uri ng paghahanda at sa pakikilahok ng indibidwal. Ibinibigay ng minamahal na Master ang sumusunod na payo: 'Bigyan ninyo ng mabigat na kahalagahan ang mga pagtitipon ng Ikalabinsiyam na Araw, nang sa ganoon sa mga okasyong ito ay maibaling ng mga mahal ng Diyos at ng mga kawaksing babae ng Maawain ang kanilang mga mukha tungo sa Kaharian, dalitin ang mga pakikipagniig, magsumamo sa tulong ng Diyos, masayang mahalin ang isa't isa, at umunlad sa kadalisayan at kabanalan, at sa takot sa Diyos, at sa paglaban sa kapusukan at sa sarili. Sa gayon ay maihihiwalay nila ang kanilang mga sarili sa makalupang daigdig na ito, at mailulubog ang kanilang mga sarili sa mga pag-aalab ng espiritu.'"[29]**

Tulad ng dati, dapat ninyong basahin nang mabuti at ilang ulit ang mga kaisipang inilahad at talakayin ang mga ito sa inyong grupo upang matutunan ninyong sabihin ang mga

ito nang mahusay. Ang sumusunod na mga pagsasanay ay makatutulong sa inyo upang magtamo ng higit pang pag-unawa sa kahalagahan ng Nineteen Day Feast:

1. Ano ang tiniyak sa atin ni Bahá'u'lláh na magiging katangian ng bawat tahanan kung saan nagtitipon tayo upang purihin at luwalhatiin ang Panginoon? _______________
______________________________________________________________________________

2. Sa pangalawang sipi, sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na tuwing magsasama-sama tayo sa mga pagtitipon, tayo ay dapat magsalita nang may ______________ at __________________ , at basahin ang ______________________________ ; sapagkat ang mga Salita ng Diyos ang ___________________________________________________ at _________________________ ito.

3. Sa pangatlong sipi, ipinapayo sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá na magsagawa ng mga pagpupulong at bigkasin at dalitin ang makalangit na mga turo, upang

   – ang bansa kung saan tayo ay naninirahan ay ________________________________ .

   – ang lupain kung saan tayo ay nananahan ay maging __________________________ ________________________________________________________ .

4. Ilan ang buwan sa kalendaryong Bahá’í? _____________________________________

5. Ilan ang araw sa bawat buwan? ______________________________________________

6. Ano ang natatanging pagtitipon na idinaraos ng mga Bahá’í sa bawat buwan? ______
______________________________________________________________________________

7. Ano ang tatlong bahagi ng Nineteen Day Feast? _______________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

8. Ang mga bahagi ba ng Nineteen Day Feast ay isinasagawa sa anumang pagkakasunod-sunod? ___________________________________________________________________

9. Ano ang layunin ng bahaging pagsamba ng Feast? ______________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

10. Ano ang layunin ng pampangasiwaang bahagi ng Feast? ______________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

11. Ano ang layunin ng bahagi ng pakikisalamuha ng Feast? _____________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

12. Alin sa sumusunod na mga paksa ang angkop na talakayin sa pampangasiwaang bahagi ng Feast?

_____ Ang pananalaping mga pangangailangan ng mga gawain ng pamayanan

_____ Ang mga puntos sa pambansang koponan sa football

_____ Paano lulutasin ang hidwaan sa pagitan ng dalawang kasapi ng pamayanan

_____ Ang pag-unlad ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata sa pamayanan

_____ Ang kahulugan ng sipi mula sa mga Kasulatan na pinag-aralan ng isa sa mga kasapi ng pamayanan noong simula ng linggo

_____ Ang kasiglahan ng programa para sa mga junior youth sa pamayanan

_____ Ang pagbubukas ng lokas na mga trabaho para sa mga kabataan

_____ Ang suportang maibibigay ng pamayanan sa mga grupo ng mga junior youth para sa kanilang mga proyekto ng paglilingkod na naging masyado nang madetalye

_____ Ang pagdalaw sa mga magulang ng mga bata at mga junior youth na kasama sa programang pang-edukasyon na isinusulong ng institute

_____ Ang pagpapalakas sa katangiang manalangin ng pamayanan

_____ Ang talatakdaan ng mga palabas sa telebisyon

_____ Ang malalalim na pag-unawang natamo tungkol sa pagkakandili sa isang masaya at disiplinadong kapaligiran sa mga study circle

_____ Ang pagdiriwang ng darating na Banal na Araw

_____ Ang mga pagkukusa ng pagkilos panlipunan na nagmumula sa proseso ng pagtatatag ng pamayanan

13. Talakayin ang sumusunod na tanong sa inyong grupo: Bakit lubos na mahalaga ang paninimbang sa tatlongn bahagi ng Feast?

14. Ngayon ay talakayin ang dalawang tanong sa ibaba.

a. Paano ka maghahanda para sa Feast kung ikaw ang punong-abala rito?

b. Paano ka maghahanda para sa Feast kung ikaw ay makikilahok lamang dito?

# BAHAGI 13

Ang pangalawang paksang madalas lumitaw sa mga usapan tungkol sa Pananampalataya ay kung paano tinutugunan ng pamayanang Bahá'í ang pangangailangan nito sa pananalapi. Narito ang ilang mga punto na maaaring makatulong sa inyo upang tumugon sa gayong mga katanungan.

- Ang instrumentong ginagamit ng pamayanang Bahá'í upang pangalagaan ang materyal na mga pangangailagan nito ay ang Pondong Bahá'í. Ang nangangasiwa rito ay ang mga institusyon ng Pananampalataya sa magkakaibang antas: lokal, pambansa, pang-kontinente at pandaigdig. Naniniwala ang mga Bahá'í na dapat sila mismo ang babalikat sa mga gastos kaugnay ng mga pagsisikap na itaguyod ang kanilang Pananampalataya, at samakatwid ang Pondo ay tumatanggap lamang ng mga ambag mula sa mga miyembro ng pamayanan.

- Ang pagbibigay sa Pondo ay isang boluntaryong gawain. Ito ay isang lihim, sa diwa na ang bagay na ito ay nasa pagitan ng indibidwal at ng mga institusyon ng Pananampalataya; ang mga pangalan ng mga nag-ambag at ang halagang ibinigay ay hindi ipinamamalita. Walang pamimilit ang ipinapataw sa mga miyembro ng pamayanan upang magbigay ng kontribusyon. Ang mga institusyon ay nagpapahayag sa pamayanan ng pangkalahatang mga panawagan, ipinapaalala sa kanila ang kahalagahan ng Pondo, at ibinabahagi ang mga pangangailangan nito. Kadalasan ay nagtatakda ang isang pamayanan ng halagang lilikumin nito. Ngunit hindi kailanman nagtatakda ng halaga para sa indibidwal, at ang ambag ay hindi hinihingi. Ipinauubaya sa bawat indibidwal ang pagpapasiya, ayon sa kaniyang pag-unawa sa mga alituntuning nauugnay rito, kung magkano ang ibabahagi niya.

- Ang kabihasnang sinisikap nating itatag ay isang magiging masagana kapuwa sa materyal at espiritwal. Ang kayamanan ay katanggap-tanggap lamang kung ang ilang mga pamantayan ay naaabot. Kailangang makamit natin ito sa pamamagitan ng matapat na trabaho. Dapat nating gugulin ito para sa ikabubuti ng sangkatauhan. At ang buong pamayanan ay dapat na maginhawa; hindi katanggap-tanggap na ang ilan ay labis na mayaman habang ang nakararami ay salat sa pangunahing mga pangangailangan ng buhay. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh:

**"Ang pinakamabuti sa mga tao ay yaong kumikita ng isang ikabubuhay sa pamamagitan ng kanilang gawain at gumugugol sa kanilang sarili at sa kanilang kaanak alang-alang sa pag-ibig sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig."**[30]

**". . . dapat kayong magbigay ng mabuti at kahanga-hangang mga bunga, nang kayo sa inyong mga sarili at ang mga iba ay makinabang sa mga iyon. Anupa't**

**tungkulin ng bawat isa sa inyo na mag-abala sa mga gawaing kamay at magkaroon ng mga propesyon, sapagkat sa mga iyan nakasalig ang lihim ng kayamanan, O mga taong nakauunawa!"[31]**

At ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Ang kayamanan ay lubos na kapuri-puri, kung ang buong populasyon ay mayaman. Subalit kung iilan lamang ang mayroong labis-labis na yaman habang ang lahat ng iba ay naghihirap, at walang bunga o pakinabang ang naidaragdag mula sa kayamanang iyon, kung gayon ito ay sagabal lamang sa may-ari nito."[32]**

- Upang maitayo ang isang lipunang malaya sa kawalan ng katarungan at karukhaan, lahat tayo ay dapat maging bukas-palad at mapagbigay. Kahit na ang ating pananalaping yaman ay napakaliit lamang, dapat pa rin tayong mag-ambag para sa pag-unlad ng sangkatauhan, sapagkat ang tunay na kasaganaan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pagbibigay. Ang pagiging bukas-palad ay katangian ng kaluluwa ng tao; wala itong kinalaman sa ating materyal na kalagayan. Sa Natatagong mga Salita, sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Ang magbigay at maging bukas-palad ay mga katangian Ko; makabubuti sa kaniya na palamutihan niya ang sarili ng Aking mga kapurihan."[33]**

- Dapat nating alalahanin na ang tunay na pinagmumulan ng anumang kayamanan natin ay ang Diyos, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya. Ibinibigay Niya sa atin ang ating ikabubuhay; tinutulutan Niyang umunlad tayo. At kapag nag-aambag tayo sa Pondo, ginugugol natin para sa Kaniyang Kapakanan ang isang bahagi ng anumang ibinigay Niya sa atin. Para sa mga Bahá'í, samakatwid, ang pagbibigay sa Pondo ay hindi lamang kaugnay ng pagiging bukas-palad; ito rin ay isang espiritwal na biyaya at isang napakalaking pananagutan ng indibidwal. Sinabi ng Guardian sa atin na:

**"Dapat tayong maging tulad ng bukal o batis na patuloy na pinadadaloy ang lahat ng nilalaman nito at patuloy na napupuno mula sa isang di-nakikitang pinagmumulan. Ang patuloy na pagbibigay para sa ikabubuti ng ating mga kapwa, nang hindi nahahadlangan ng takot sa kahirapan at umaasa sa di-nagmamaliw na biyaya ng Pinagmumulan ng lahat ng kayamanan at lahat ng kabutihan—ito ang lihim ng wastong pamumuhay."[34]**

Magkakaroon kayo ng pagkakataong limiin ang ilan sa mga kaisipan dito nang mas malalim sa isang susunod na kurso sa seryeng ito, na sumusuri sa paksa ng mga materyal na yaman. Sa ngayon, kayo ay hinihikayat, katulad ng dati, na talakayin ang bawat punto ng nilalaman ng bahaging ito at isagawa ang sumusunod na pagsasanay upang matutunang ilahad ang mga ideya nang natural at mahusay:

1. Batay sa mga sipi, punuan ang mga puwang sa mga pangungusap sa ibaba.

   a. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na dapat tayong kumikita ng ____________________ sa pamamagitan ng ating gawain at gumugugol sa ____________________________ ____________________________ .

b. Dapat tayong magbigay ng ______________ at _________________ mga bunga, nang tayo sa ating mga sarili at ang mga iba ay ______________________________ .

c. Ang bawat isa sa atin ay dapat na ______________ sa ____________ at magkaroon ng _________________ , sapagkat sa mga iyan nakasalig ang __________________ ng _______________ .

d. Ipinaliwanag ni ‘Abdu’l-Bahá na ang kayamanan ay ________________________ , kung ang ___________________________ ay mayaman.

e. Kung _____________ ang mayroong labis-labis na ________________ habang ang _______________ ay _____________________ , at walang ____________ o _______________ ang naidaragdag mula sa ____________ iyon, kung gayon ito ay _______________ lamang sa _______________ nito.

f. Sinasabi ni Bahá’u’lláh, na “ang _____________ at maging _______________ ay mga katangian Ko, makabubuti sa kaniya na ________________ niya ang kaniyang sarili ng Aking _____________ .”

g. At hinihimok tayo ng Guardian na maging tulad ng _______________ o _____________ na patuloy na _________________________ ang lahat ng nilalaman nito at patuloy na _____________________________________________________ .

h. Ang patuloy na _______________________ para sa ____________ ng ating mga kapwa, nang ____________________ ng ________________________ at umaasa sa _____________________________________________________________________ _______________________— ito ang lihim ng wastong pamumuhay.

2. Isulat ang pagkakasunod-sunod ng mga kaisipan sa paglalahad sa itaas:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

## BAHAGI 14

Upang makakuha ng malalim na pag-unawa sa mga uri ng usapang maaaring maganap sa isang nayon o kapitbahayan kung saan maraming nagaganap na mga gawain, sinundan natin ang mga pagsisikap ni Alejandra, isang kabataang nag-aaral sa unibersidad. Sa loob ng serye ng mga pagdalaw, na nagtagal nang ilang linggo, tinalakay niya kina G. at Gng. Sanchez ang ilang mga paksa na inaasahan niyang makatutulong sa pagpapalalim ng kanilang kaalaman sa Pananampalataya at palalakasin ang kanilang pagtatalaga sa mga katuruang kanilang tinanggap. Sa kalaunan, ang pagdating sa eksena ni Beatrice, ang apong babae ng mga Sanchez, ay nagbigay-daan upang masuri natin ang isa pang uri ng usapan, na ito ay sa pagitan ng dalawang kabataan, na kapwa sabik na malaman kung paano nila mapaglilingkuran ang kanilang mga pamayanan. Sa pagpapatuloy ng salaysay at sa pagsasagawa ng mga pagsasanay, nakita nating bukod pa sa lumalaking kaalaman sa nauugnay na mga paksa, kinakailangan ang ilang mga katangiang espiritwal, mga saloobin, at mga kasanayan upang maipagpatuloy ang mga pag-uusap na isinasaalang-alang natin dito.

Dito at sa susunod na bahagi ng yunit na ito ay susuriin natin ang mga paksa na iba ang uri—yaon ay, ang mga ito ang karaniwang ginagamit sa mga talakayan sa panahon ng pagdalaw sa mga pamilyang may mga kabataang nakikilahok sa mga programang pang-edukasyon na itinataguyod ng institute. Tulad ng nabanggit na, ang pagtuturo ng mga klase para sa mga bata at ang paggabay sa isang grupo ng mga junior youth bilang animator ay mga gawain ng paglilingkod na tinatalakay sa kasunod na mga kurso, sa Aklat 3 at 5, ayon sa pagkakabanggit. Maaaring kayo ay bihasa na o hindi pa sa kaugnay na dalawang programa, batay sa kung kayo mismo ay nakilahok na sa mga iyon nang kayo ay nasa murang gulang pa lamang.

Tingnan muna natin ang nilalaman ng madalas na nagiging batayan ng isang nagpapatuloy na usapan sa mga pamilya ng mga junior youth. Ating isipin na lumipas na ang ilang panahon mula ng ating iwan ang ating kuwento at si Beatrice ay nag-aaral na ngayon ng Aklat 2. Tinanong ni Alejandra ang kaniyang kaibigan kung nais niyang samahan siya sa pagdalaw niya sa mga pamilya ng ilang mga junior youth na bubuo ng isang grupo sa tulong ni Alejandra. Masaya niyang tinanggap ang paanyayang ito.

Ipinaliwanag ni Alejandra kay Beatrice kung ano ang naiisip niya. “Sisimulan natin ang bawat pagdalaw,” sinabi niya, “sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga magulang ng programa na gustong salihan ng kanilang mga anak na lalaki o babae at sa pamamagitan ng

pagbanggit na ito ay bahagi ng proseso ng pagtatatag ng pamayanan na isinusulong sa kapitbahayan. Pagkatapos ay susuriin natin nang kasama sila ang ilan sa mga konsepto at ideya na pinakabuod ng programa. Ito ang magiging una sa isang serye ng pagdalaw, at sa pagsulong ng mga pag-uusap sa paglipas ng panahon, umaasa tayong ang pamilya ay hindi lamang aktibong susuporta sa grupo sa iba't ibang mga paraan kundi magiging tagapagtaguyod ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth sa pamayanan."

Si Alejandra at Beatrice ay nagpatuloy sa pagtalakay ng ilang mga puntong pinaplano nilang ilahad sa bawat pamilya. Nagpasiya silang isulat ang lahat ng mga ideya na sa palagay nila ay mahalaga, sa pagkabatid na ilan lamang ang matatalakay nila sa unang pagdalaw at kailangang talakayin ang natitira sa mga kasunod na pag-uusap. Narito ang mga puntong binaybay nila tungkol sa mga natatagong kakayahan ng mga junior youth:

- Sa buhay ng isang indibidwal, ang tatlong taon sa pagitan ng edad na 12 at 15 ay isang napakaselang panahon—isang yugto ng pagbabago mula sa pagkabata tungo sa pagiging ganap na kabataan.

- Madalas nating tinutukoy ang mga batang saklaw ng edad na ito bilang "junior youth". Hindi na sila mga musmos ngunit hindi pa sila humahantong sa pagiging ganap na kabataan.

- Sa kasawiang-palad may isang mali subalit malawakang lumalaganap na paglalarawan sa junior youth bilang mapusok, mapanghimagsik, makasarili at madaling masadlak sa patuloy na krisis. Subalit iba ang pagtingin natin sa kanila. Totoo, sa maikling panahong ito sa buhay, dumaraan tayong lahat sa mabilis na mga pagbabago—sa katawan, sa mga damdamin, at sa isipan. At totoo rin, na bunga nito, maaari tayong magpakita ng ilang paghihimagsik. Ngunit sa katotohanan, ito ay isang panahon ng napakalaking natatagong kakayahan at hitik sa pangako.

- Hindi pa nagtatagal nang tayo mismo ay mga junior youth din at naaalala pa natin kung paano tayo naapektuhan ng mga pagbabagong ito. Kung minsan tayo ay malakas ang loob at kung minsan ay takot. Kung minsan tayo ay masyadong palakaibigan at sa ibang mga oras ay masyadong mahiyain. Madalas nating sinasabing gusto lang nating maiwan nang mag-isa, samantalang umaasa tayong makatanggap ng pansin. Nais nating maunawaan kung anong mga bagay na mahusay tayo at kung anong mga talento at kakayahan ang mayroon tayo. At napakahalaga sa atin kung paano tayo nakikita ng ibang tao at kung ano ang naiisip nila sa ating mga ideya.

- Mahalagang mapagtanto na ang ganitong uri ng pag-uugali ay pansamantala lamang. Sa buhay ng isang tao ito ang mga taon kung kailan ang tanging mga kapangyarihan ng isipan ay mabilis na umuunlad. Nagsisimula tayong maghanap ng mga sagot sa pangunahing mga katanungan ng buhay. Ating sinusuri kung ano ang nangyayari sa ating kapaligiran at nag-aalinlangan tayo sa maraming bagay na itinuro sa atin. At hindi na tayo handa tulad ng dati na sumunod na lamang sa kung anumang sinasabi sa atin ng mga matatanda, lalo na kapag nakikita natin ang mga salungatan sa pagitan ng kanilang mga salita at mga kilos.

- Upang matulungan itong mga taong bata pa sa paggamit ng kanilang umuusbong na mga kapangyarihan sa paraang kapaki-pakinabang, kinakailangang iwasan ang

pagturing sa kanila bilang mga bata. Narito ang paglalarawan ni 'Abdu'l-Bahá sa panahong ito:

**"Paglipas ng isang panahon ay pumapasok siya sa yugto ng pagiging kabataan, kung saan ang kaniyang dating mga kalagayan at mga pangangailangan ay napapalitan ng bagong mga pangangailangang naaangkop sa pagsulong sa kaniyang antas. Ang kaniyang mga kakayahan sa pagmamasid ay pinalalawak at pinalalalim; ang kaniyang mga kakayahan sa talino ay sinasanay at ginigising; ang mga hangganan at ang kapaligiran ng pagkabata ay hindi na pumipigil sa kaniyang mga lakas at mga tagumpay."**[35]

- Ito ang sinasabi ng Universal House of Justice, ang lupong namamahala ng Pananampalatayang Bahá'í, tungkol sa pamamaraan na ating ginagamit sa pakikipagtulungan sa mga junior youth:

**"Habang ang pandaigdig na mga kalakaran ay naglalarawan sa grupo ng edad na ito bilang punong-puno ng problema, naliligaw sa mga silakbo ng magugulong pagbabago ng katawan at ng mga damdamin, hindi madaling talaban ng mga damdamin, at abala lamang sa sarili, ang pamayanang Bahá'í—sa pananalitang ginagamit nito at sa mga paraang ginagawa nito—ay walang alinlangang nagtutungo sa kasalungat na direksiyon, na sa halip ay nakikita sa mga junior youth ang walang-bahid ng pagka-makasariling pagtatalaga sa kabutihan ng iba, ng matalas na diwa ng pagkamakatarungan, ng kasabikang matuto tungkol sa sanlibutan at ng hangaring makatulong sa paglikha ng higit na mabuting daigdig."**[36]

Kasunod nito ay ibinaling nina Alejandra at Beatrice ang kanilang pansin sa mismong programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas at sinikap nilang kilalanin ang ilan sa mga katangian nito:

- Ang mga nasa pagitan ng mga edad 12 at 15 ay sabik na mapasama sa isang grupo ng mga magkakaibigan, kung saan maibabahagi nila ang kanilang mga saloobin, makagagawa sila ng mga proyekto, makasasali sila sa mga palaro, at iba pa. Sa kadahilanang ito, ang programa ay binuo sang-ayon sa konsepto ng isang "grupo ng mga junior youth". Ang bawat grupo ay ginagabayan ng isang "animator", na madalas ay isang mas matandang kabataan, na bilang isang tunay na kaibigan ng mga miyembro, ay tinutulungan silang paunlarin ang kanilang mga kakayahan.

- Ang grupo ay nagpupulong nang regular. Sa kanilang mga pagpupulong, natututo ang mga junior youth na saliksikin ang mga konsepto at ipahayag ang mga ideya nang walang takot sa pagpula o pangungutya. Hinihimok silang makinig, magsalita, magnilay-nilay, sumuri, gumawa ng mga pasiya, at kumilos ayon sa mga iyon.

- Nabubuhay tayo sa isang panahon kung kailan napakaraming mga negatibong puwersa ang nagkakaroon ng epekto sa pag-iisip at pag-uugali ng mga junior youth. Tinutulungan sila ng mga animator upang labanan mga pwersang ito—hindi lamang upang mapangalagaan ang kanilang mga sarili mula sa pagkabulok ng moralidad sa lipunan kundi upang gumawa para sa pagpapabuti ng daigdig.

- Naglalayon ang programang pangalagaan ang mga kapangyarihang likas sa kaluluwa ng tao, mga kapangyarihang nagsisimulang ipakita ang mga sarili nito sa maagang yugto ng pagbibinata o pagdadalaga sa higit at higit pang mataas na antas. Lubos na mahalaga ang mga kapangyarihan ng pag-iisip at paglalahad. Kailangang paunlarin ng mga kabataan ang wikang kapuwa kinakailangan upang maipahayag ang malalim na mga ideya tungkol sa daigdig at upang maisawika kung anong pagbabago ang nais nilang makita rito.

- Ang mga junior youth ay sabik na magnilay-nilay sa kahulugan ng mga konseptong pangunahin ang kahalagahan sa isang buhay na may layunin. Ang kaligayahan, pag-asa, at kahusayan ay ilan sa mga halimbawa. Nakapanghihinayang na kinagawian ng mga taong pag-usapan ang mga ideyang ito sa mababaw na paraan. Ang pagtatamo ng malalim na pag-unawa sa gayong mga konsepto, tinitiyak kung paano isinasagawa ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay, ay makatutulong sa mga batang isipan sa pagbubuo ng isang mahusay na estrukturang moral at sa paglaban sa mga negatibong puwersa ng lipunan.

- Ang pag-unawa sa mga konsepto ay kinakailangan para sa pag-unlad ng kaisipan. Ang mga junior youth ay maaaring mahirapan sa paaralan dahil inaasahang matututunan nila ang maraming impormasyon sa iba't ibang mga paksa, nang hindi tumatanggap ng sapat na tulong upang maunawaan ang mga konseptong pinagbabatayan ng mga ito. Ang programa ay gumaganyak sa kanila upang mag-isip nang malalim tungkol sa mga ideya—sa moral, matematika, pang-agham, at iba pa—at ito ay palaging nagpapabuti sa kahusayan ng kanilang pag-aaral.

- Ang junior youth ay nagtataglay ng malaking pagnanasang maintindihan ang mga bagay-bagay. Nais nilang maunawaan ang mga dahilan sa mga pangyayaring nagaganap sa paligid nila. Upang magtagumpay sa layuning ito, dapat silang makakita hindi lamang sa pamamagitan ng kanilang pisikal na mga mata bagkus sa pamamagitan din ng mata ng espiritu. Ang isang mahalagang layunin ng programa, kung gayon, ay ang pagpapahusay sa espiritwal ng pang-unawa: ang kakayahang makilala ang mga puwersang espiritwal at tukuyin ang mga simulaing espiritwal sa mga sitwasyong nakakaharap.

- Nakakamit ng programa ang iba't ibang mga layunin nito—ang pagpapaunlad sa moralidad, ang espiritwal na pang-unawa, at ang mga kakayahan sa pananalita—sa tulong ng isang serye ng mga teksto. Ang mga teksto ay binubuo ng simpleng mga kuwento tungkol sa buhay ng mga kabataan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Bukod sa pag-aaral ng mga tekstong ito nang magkakasama, sa pagtatalakay ng mga nilalaman nito, at sa pagbubuo ng kaugnay na mga pagsasanay, ang mga junior youth ay lumalahok din sa mga palaro at natututo tungkol sa mga sining at mga likhang kamay.

- Sa tulong ng mga animator, ang mga grupo ay bumubuo at nagsasagawa ng serye ng mga proyekto ng paglilingkod, na isang pangunahing bahagi ng programa. Sa pamamagitan ng ganitong mga proyekto, natututo ang mga junior youth na mag-isip tungkol sa pamayanan at sa mga pangangailangan nito, magsanggunian, at makipagtulungan sa kanilang mga sarili at sa mga iba pa sa pamayanan.

- Ang mga paksang tinatalakay ng mga teksto ay magkakaiba; ang bawat isa ay nakatuon sa isang temang mahalaga sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth.

Halimbawa, sa unang teksto tinatalakay ang paksa ng "pagpapatibay"—na pinapatibay ng Diyos ang mga pagsisikap na ginagawa natin para sa marangal na mga layunin. Ang isa pang teksto ay tungkol sa "pag-asa"—na dapat tayo tumingin nang may pag-asa sa hinaharap kahit sa pinakamahirap na mga sandali. Ang isa pa ay sumusuri sa konsepto ng "kahusayan". Ang "kaligayahan" ay ang tema sa isang kuwento, habang ang "kapangyarihan ng salita" ay ang paksang pinagninilayan sa isa pa. Kabilang sa mga tekstong patungkol sa mga konseptong pang-matematika, sinisiyasat ng isa ang mga gawi ng isang maayos na kaisipan. Sa larangan ng agham, may isang tekstong nakatuon sa pag-aalaga sa sariling kalusugan—pisikal, pangkaisipan at espiritwal. At may isang dosena o higit pa na pinag-aaralan ng mga junior youth sa loob ng tatlong taon.

Plano nina Alejandra at Beatrice na magdala ng ilang mga teksto, kung sakaling nais itong sulyapan ng mga magulang. Kung hindi pa kayo bihasa sa mga teksto, maaaring makatulong sa inyo ang maglaan ng kaunting oras upang basahin ang pinakamaraming mga kwento hangga't maaari—magbibigay-daan ito upang magawa ninyong makasunod nang mahusay sa magkakaibang mga usapang namumukadkad sa pamayanan. Samantala, hinihimok kayong talakayin nang lubos sa inyong grupo ang mga ideyang inihain dito, na tinatalakay nang mas malalim sa Aklat 5. Pagkatapos ninyong pag-aralan ang aklat na iyon, kung ipinasiya ninyong maglingkod bilang animator ng isang grupo ng junior youth, masistema kayong dadalaw sa mga pamilya ng mga miyembro nito at tatalakayin kasama nila ang ganitong mga ideya at ang marami pang mga katulad nito. Ngunit kahit ngayon pa lamang, tulad ni Beatrice, ay maaaring nais na ninyong sumama sa isang may karanasan sa ilang pagdalaw sa mga pamilya ng mga junior youth sa inyong pamayanan.

## BAHAGI 15

Sa sumunod na araw dinalaw nina Alejandra at Beatrice ang mga tahanan ng tatlong mga junior youth na sasali sa bagong grupong binubuo sa kapitbahayan. Masaya si Beatrice nang makita ang masigasig na pakikipag-usap ng mga magulang tungkol sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas. Sa pagtatapos na hapon, nakatitiyak na siyang nais niyang tumulong kay Alejandra sa grupo ng mga junior youth at matutunang maglingkod bilang isang animator ng isang bagong grupo, sana sa loob ng isang taon. Napagtanto niya, mangyari pa, na kailangan pa niyang tapusin ang pag-aaral ng ilan pang mga aklat ng institute. Ngunit buo ang loob niyang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa gayunding nagpapatuloy na tulin na naghatid sa kaniya hanggang dito.

Sa gayon, sa patuloy na tulong at paghihikayat mula kay Alejandra, si Beatrice ay sumusulong sa landas ng paglilingkod. Ipagpatuloy nating muli ang kaniyang kuwento, kung gayon, makalipas ang ilang buwan, na malapit na niyang matapos ang Aklat 3. Ang tutor ng kaniyang study circle ay humiling kay Maribel, na isang guro sa klase ng mga bata, na anyayahan si Beatrice at ang kaniyang mga kapwa kalahok na sumama sa kaniya, nang halinhinan, sa pagdalaw sa mga magulang ng mga bata sa isang bagong nabuo na klase para sa unang Grado. Sa pakiwari ni Beatrice ay marami siyang natutunan mula sa kaniyang pag-aaral ng Aklat 3. At alam niya mula kay Alejandra, na binanggit ito nang ilang beses, na ang malalalim na mga pag-unawang nakuha niya mula sa aklat ay magpapahusay sa kaniyang kakayahang maglingkod bilang isang animator.

Nang magkasama na sila, sinabi ni Maribel kay Beatrice na dadalawin nila ang ina ni Emma. "Siya ay isang kaaya-ayang batang babae na nais matuto," ang pagbabahagi ni Maribel. "Nadalaw ko na ang kaniyang mga magulang nang isang beses at ipinaliwanag sa kanila ang likas na katangian ng isang Bahá'í na klase para sa mga bata. Masaya silang pinayagan si Emma na lumahok. Nagsabi ang kaniyang ina na gusto niyang marinig ang higit pa tungkol sa klase, at nangako akong babalik at magsasalita nang kaunti tungkol sa mga ideya sa edukasyon na pinagbabatayan ng mga araling itinuturo natin. Nagsulat pa nga ako ng ilang mga tala para sa aking sarili. Kung gusto mo, maaari nating basahin ito nang magkasama at pag-usapan ang tungkol sa mga ito." Sumang-ayon naman si Beatrice. Narito ang mga tala na kanilang tinatalakay:

- Una, sasabihin ko kay Gng. Martinez na napakasaya akong makasama si Emma sa klase at babanggit ng ilan sa kaniyang magagandang mga katangian.

- Tila mas mahusay na simulan ang talakayan sa pamamagitan ng pagbabasa kasama niya ng sipi na ito mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

**"Ituring ang tao na tulad ng isang minahang masagana sa mga hiyas na di-mataya ang halaga. Ang edukasyon lamang ang makapagpapalitaw sa mga kayamanan nito, at gagawing makinabang dito ang sangkatauhan."**[37]

- Pagkatapos ay ibabahagi ko ang ilang mga saloobin tungkol sa impluwensiya nito sa akin bilang isang guro. Sasabihin kong umaapaw ang aking puso sa kaligayahan sa tuwing nakikita ko ang mga bata sa klase at itinuturing silang mga minahang masagana sa mga hiyas na di-mataya ang halaga. Ang bawat isa sa kanila ay may kakayahang ipakita ang makalangit na mga katangian. Ang bawat isa sa kanila ay may mga talento na maaaring tuklasin at paunlarin. Ang bawat isa sa kanila ay maaaring lumaki upang maging isang mahalagang miyembro ng lipunan at tumulong sa pagpapabuti ng daigdig.

- Susunod, marahil ay dapat akong magbigay ng ilang mga halimbawa ng mga hiyas na dapat sikaping ihayag ng edukasyon sa bawat bata. Maaari kong banggitin ang ilan sa mga kapangyihan ng isipan, tulad ng pagtuklas sa mga batas ng kalikasan, ng pagbuo ng mga obra-maestra sa mga sining, at ng paghayag ng marangal na mga saloobin. Ipapaliwanag kong maaaring simulang paunlarin ng mga bata ang mga kapangyarihang ito kapag nakatatanggap sila ng wastong edukasyon. Ngunit upang mangyari ito, kailangan nilang magtamo ng ilang mga katangian sa murang edad. Halimbawa, kailangan nilang matutong magtuon ng pansin, magpunyagi nang masinsinan kapag kinakailangan, at tutukan ang kanilang ginagawa. Dapat silang lumaki bilang mga indibidwal na nagmamalasakit sa mabuting kalagayan ng mga iba at nagnanais maglingkod sa pamayanan. Iyon ang dahilan kung bakit mahalagang asikasuhin ang pagpapaunlad ng kanilang pagkatao sa isang murang edad.

- Magiging magandang yugto ito, kung gayon, upang hilingin kay Gng. Martinez na ibahagi sa atin ang ilang mga ideya tungkol sa uri ng tao na nais niyang lumaki ang kaniyang anak. Ano ang ilan sa mga katangian ng ugali na sa palagay niya ay mahalaga para kay Emma?

- Kabilang sa mga katangiang babanggitin niya, tiyak na ang ilan ay nasa kategorya ng mga katangiang espiritwal, at iyon ang aking isusunod na paksa. Sasabihin kong may

ilang mga katangiang dapat taglayin ng isang indibidwal na napakahalaga sa buhay ng tao. Ang mga ito ay bahagi ng kaluluwa ng tao. Pinauunlad natin ang mga ito habang nililinis natin ang salamin ng ating puso upang makita rito ang mga katangian ng Diyos. Ang mga ito ay tinutukoy natin bilang mga katangiang espiritwal, at ang mga araling itinuturo natin sa ating klase para sa Unang Grado ay nakatuon halos sa mga katangiang ito.

- Sa palagay ko ay magpapatuloy lamang ako at babaybayin ang ilang mga katangiang espiritwal na tinatalakay sa mga aralin ng Unang Grado sa Aklat 3 at ibabahagi ko sa kaniya ang kaukulang mga sipi. Ipaliliwanag ko na isasaulo ni Emma ang mga siping ito at maaari niyang hilingin sa kaniyang anak na bigkasin ang mga ito sa kaniya, at gayundin ang mga dalanging matututunan niya:

  – Pag-ibig:

    **"O kaibigan! Sa halamanan ng iyong puso ay huwag magtanim ng anuman liban sa rosas ng pag-ibig . . ."**[38]

  – Katarungan:

    **"Tahakin ninyo ang landas ng katarungan."**[39]

  – Pagkamakatotohanan:

    **"Ang pagkamakatotohanan ay batayan ng lahat ng katangian ng tao."**[40]

  – Ligaya:

    **"O Anak ng Tao! Magsaya sa kagalakan ng iyong puso, nang maging karapat-dapat ka sa pakikipagkita sa Akin at sa pagsalamin ng Aking kagandahan."**[41]

Nagpasiya sina Maribel at Beatrice na ang mga ideyang ito ay sapat na sa isang pagdalaw. Kayo ay malapit nang magpatuloy sa sarili ninyong pag-aaral sa Aklat 3 at magkakaroon kayo ng pagkakataong pagnilay-nilayan ang ilang mga simulain na nagbibigay ng hugis sa anim na taong programa ng Ruhi Institute para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Kung bago maganap iyon ay magkaroon kayo ng pagkakataong dumalaw sa ilang mga magulang habang kasama ang guro ng klase para sa mga bata, ang mga ideyang inilahad dito ay makatutulong sa inyo, at dapat ninyong talakayin ngayon ang bawat punto nito sa inyong grupo.

## BAHAGI 16

Nabasa na natin noong una ang sumusunod na mga salita ni 'Abdu'l-Bahá: "Kapag higit na malakas ang mga bigkis ng magandang samahan at pagkakaisa sa mga tao, higit na lalakas ang kapangyarihan ng pagbubuo at pagtatagumpay sa lahat ng mga larangan ng gawain ng tao." Sinasabi sa atin ng Universal House of Justice na sa pagdalaw sa mga tahanan at sa pag-anyaya sa ating tahanan, tayo ay "lumilikha ng mga bigkis ng espiritwal na ugnayang nagpapayabong sa damdamin ng pagiging iisang pamayanan." Hindi natin dapat maliitin, kung gayon, ang epekto ng kaugaliang ito sa kultura ng ating lumalaking pamayanan.

Sa nakaraang mga bahagi tiningnan natin ang ilang magkakaibang uri ng usapang maaaring maganap sa mga pagdalaw natin sa mga tahanan ng isa't isa. Lahat tayo, habang tinatahak natin ang landas ng paglilingkod, ay makikilahok sa isang lumalawak na usapan sa ating nayon, bayan, o kapitbahayan tungkol sa paglalapat ng mga turo ni Bahá'u'lláh sa ating buhay bilang indibidwal at sa sama-sama nating pamumuhay. Kung minsan ito ay magaganap sa isang serye ng pormal na mga pagdalaw na isinaayos upang magawa ng lumalaking mga bilang ang mapalalim ang kanilang kaalaman sa mga katuruang ito. Sa maraming iba pang mga pagkakataon, ang mga programang pang-edukasyon ng institute, ang mga layunin at nilalaman nito, ay magiging paksa ng talakayan. Ang mga paanyaya upang makilahok sa proseso ng pagtatatag ng pamayanan ay ibabahagi sa higit at higit pang mga kapitbahay at kaibigan. Sa pagtingin ninyo sa hinaharap, kung gayon, at sa landas ng paglilingkod na nasa harapan ninyo, dapat kayong gumawa ng bawat pagsisikap na matutunang mabuti ang nilalaman ng yunit na ito, magtamo ng karanasan sa pakikipag-usap sa bawat paksa, at siyempre magpatuloy sa pagpapalalim ng sarili ninyong kaalaman sa mga turo ni Bahá'u'lláh. Sa gayon ay mapapasa-inyo ang walang katapusang kaligayahan ng pagbabahagi ng Salita ng Diyos sa mga iba.

## REFERENCES


1. Bahá'u'lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2003, 2012 printing), Arabic no. 4, p. 4.

2. Bahá'u'lláh, in *Bahá'í Prayers: A Selection of Prayers Revealed by Bahá'u'lláh, the Báb, and 'Abdu'l-Bahá* [Mga Dalanging Bahá'í: Katipunan ng mga Piling Dalanging Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at si 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2002, 2017 printing), p. 4.

3. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), IV, par. 1, p. 5.

4. Ibid., V, par. 2, pp. 6–7.

5. 'Abdu'l-Bahá, in *Bahá'í Prayers* [Mga Dalanging Bahá'í], p. 81.

6. Ibid., p. 111.

7. Ibid.

8. From a talk given on 16 August 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* [Ang Pamamahayag ng Kapayapaang Pandaigdig: Mga Talumpati ni 'Abdu'l-Bahá sa Kaniyang Pagdalaw sa Estados Unidos at Canada noong 1912] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 23, p. 364.

9. 'Abdu'l-Bahá, in *Bahá'í Prayers* [Mga Dalanging Bahá'í], p. 130.

10. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* , XLV, par. 1, pp. 111–12.

11. 'Abdu'l-Bahá, cited by Shoghi Effendi, *The World Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1991, 2012 printing), p. 139.

12. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], V, par. 5, p. 8.

13. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 5 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pamamahayag ng Kapayapaang Pandaigdig], par. 4, p. 128.

14. From a talk given on 21 October 1911, published in *Paris Talks: Addresses Given by 'Abdu'l-Bahá in 1911* [Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong 1911] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006, 2016 printing), no. 6.7–8, p. 22.

15. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXLVI, par. 1, p. 357.

16. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 5 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pamamahayag ng Kapayapaang Pandaigdig], par. 4, p. 128.

17. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Persian no. 44, p. 37.

18. Ibid., Persian no. 66, p. 45.

19. From a Tablet of ‘Abdu’l-Bahá. (authorized English translation)

20. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 25 September 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pamamahayag ng Kapayapaang Pandaigdig], par. 2, pp. 478–79.

21. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 43.1, p. 125.

22. Ibid., no. 207.3, p. 360.

23. Bahá’u’lláh, in *Bahá’í Meetings: Extracts from the Writings of Bahá’u’lláh, ‘Abdu’l-Bahá, and Shoghi Effendi* [Mga Bahá’í na Pagpupulong: Mga Halaw mula sa mga Kasulatan nina Bahá’u’lláh, ‘Abdu’l-Bahá, at Shoghi Effendi], compiled by Research Department of the Universal House of Justice (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1976, 1980 printing), p. 3.

24. Ibid.

25. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* [Mga Tableta ni Abdul-Baha Abbas] (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1916, 1930 printing), vol. 3, p. 631. (authorized English translation)

26. Bahá’u’lláh, in *The Kitáb-i-Aqdas: The Most Holy Book* [Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1993, 2013 printing), par. 57, p. 41.

27. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá], no. 48.1, p. 130.

28. From a letter dated 27 August 1989, published in *Messages from the Universal House of Justice, 1986–2001: The Fourth Epoch of the Formative Age* [Mga Mensahe ng Universal House of Justice, 1986-2001: Ang Ika-apat na Epoko ng Panahon ng Paghuhubog] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2010), no. 69.2, pp. 132–33.

29. Ibid., no. 69.9–10, p. 135.

30. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Persian no. 82, p. 51.

31. Ibid., Persian no. 80, p. 51.

32. ‘Abdu’l-Bahá, *The Secret of Divine Civilization* [Ang Lihim ng Kabihasnang Banal] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2007, 2016 printing), par. 46, p. 33.

33. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Persian no. 49, p. 39.

34. Shoghi Effendi, cited in *Bahá'í News*, no. 13 (September 1926), p. 1.

35. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 17 November 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pamamahayag ng Kapayapaang Pandaigdig], par. 3, p. 617.

36. From a message dated 21 April 2010, published in *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* [Balangkas ng Pagkilos: Piniling mga Mensahe ng Universal House of Justice at Karagdagang mga Sanaysay, 2006-2016] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), no. 14.16, p. 82.

37. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXII, par. 1, p. 294.

38. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Persian no. 3, p. 23.

39. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXVIII, par. 1, p. 283.

40. 'Abdu'l-Bahá, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* [Ang Pagsapit ng Katarungang Banal] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2018 printing), par. 40, p. 39.

41. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Arabic no. 36, p. 12.